Paglapit Kay Kristo



ELLEN G. WHITE

New Covenant Publications International Ltd. Tagalog

Karapatang-ari©2020. Mga Pandaigdigang Publikasyonng ng Bagong Pakikipagtipan

Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilipat sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan kung ano pa man nang walang express nakasulat na pahintulot mula sa may-akda, tingnan mga termino ng paggamit para sa mga detalye. Mangyaring sumangguni sa lahat ng may kinalaman katanungan sa publisher.

Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilipat sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, electronic o mekanikal, kabilang ang photocopying, pag-record, o sa pamamagitan ng isang impormasyon sa imbakan at pagbawi ng system - maliban sa pamamagitan ng isang reviewer na maaaring quote maikling mga sipi sa isang pagsusuri upang maging naka-print sa isang magazine o pahayagan - nang walang pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat mula sa publisher.

ISBN: 359-2-85933-609-1

ISBN: 359-2-85933-609-1

Cataloguing sa publikasyon Data

Pag-edit at Disenyo: Mga Pandaigdigang Publikasyonng ng Bagong Pakikipagtipan

Inilimbag sa United Kingdom.

Unang Pag-Print 26 Mayo 2020

Inilathala ni: Mga Pandaigdigang Publikasyonng ng Bagong Pakikipagtipan

New Covenant Publications International Ltd.,

Kemp House, 160 City Road, London, EC1V 2NX

Bisitahin ang website: www.newcovenant.co.uk

Si Jesus ay naupo bilang isang panauhing pandangal sa hapag ng mga maniningil ng buwis, na sa pamamagitan ng Kaniyang pagbibigay-loob at mabuting pakikisama ay ipinakita Niyang kinikilala Niya ang dangal ng sangkatauhan; at hinangad naman ng mga tao na maging karapat-dapat sa Kaniyang pagtitiwala. Sa uhaw nilang mga puso ay tumimo ang Kaniyang mga salita na taglay ang pinagpala't nagbibigay-buhay na kapangyarihan. Mga bagong damdamin ay nagising, at ang pag-asa sa pagkakaroon ng isang bagong buhay ay nabuksan sa mga itinatakwil na ito ng lipunan.

Ipinaliwanag ni Jesus na may kapangyarihan ang maling turo na sirain ang pagpapahalaga at pagnanasa ng tao sa katotohanan. “Walang taong nakainom ng alak na laon,” wika Niya, “ay iibig sa alak na bago: sapagka't sasabihin niya, Mabuti ang laon.” Ang lahat ng katoto-hanang ibinigay sa sanlibutan sa pamamagitan ng mga patriarka at mga propeta ay nagliwanag na may bagong kagandahan nang iyon ay salitain ni Kristo. Nguni't ang mga eskriba at mga Pariseo ay walang pagnanasa sa mahalagang alak na bago. Hanggang hindi nila iniiwan ang dating mga sali't saling sabi, mga kinaugalian, at mga gawain, ay hindi nila matatanggap sa isip o sa puso ang mga turo ni Kristo. Nangunyapit sila sa mga patay na porma o mga seremonya, at nagsitalikod sa nabubuhay na katotohanan at kapangyarihan ng Diyos.

New Covenant Publications

International Ltd.

Mga Libro ng Repormasyon, Nagbago ang Isip

New Covenant Publications International Ltd.,
Kemp House, 160 City Road, London, EC1V 2NX

Email: newcovenantpublicationsintl@gmail.com

Ang pahinang ito ay sadyang iniwan na blangko.

Pagpapasalamat

Ang aklat na ito ay nakatuon sa Diyos.

Paunang Salita

Ang Bagong Tipan ng Pandaigdigang Paglalathala ay nag dudugtong sa mga mambabasa na may banal na plano na magbuklod sa langit at lupa at nagpapatibay sa panghabang-buhay na batas ng pag ibig. Ang sagisag ng Arko ng tipan ay kumakatawan sa pagpapalagayang-loob sa pagitan ni Panginoong Hesukristo at ng kanyang mga tao at ang sentralidad ng Batas ng Diyos. Sa nakasulat, “Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Diyos, at sila'y magiging aking bayan." (Jeremias 31:31-33; Hebreo 8:8-10). Sa katunayan, ang bagong tipan ay nagpapatotoo sa isang katubusan, na nanganak ng walang humpay na pagaaway at tinatakan ng dugo.

Sa hindi mabilang ng mga siglo, marami ang natiis ang mga nakakaligalig na pagdurusa at hindi maintindihan na pang-aapi, na kinakalkula upang mabura ang katotohanan. Lalo na sa Madilim na panahon, ang liwanag ay sobrang naging nakakapaso at kinubli ng tradisyon ng mga tao ang sikat na kamangmangan, dahil ang mga naninirahan sa mundo ay kinamuhian ang karunungan at ginulo ang tipan. Ang pagkawasak ng pagka kasundo dahil sa paglaganap ng kasamaan ay siyang pumukaw sa hindi mapigilang paglaganap ng pagkabulok at kasamaan, kaya maraming buhay ang isinakripisyo na hindi nabigyan ng katarungan, pagtanggi na sumuko para sa kalayaan ng konsensiya. Gayunpaman, ang nawalang karunungan ay muling binuhay, partikular sa panahon ng Repormasyon.

Ang panahon ng Repormasyon noong ika 16 na siglo ang siyang nagpakita ng katotohanan, pangunahing pagbabago at naging bunga ng kaguluhan, na sumalamin sa Kontra Reposmasyon. Gayunpaman, sa kabuuan nito, may isang nakadiskubre na hindi maipagkakaila na importansya ng natatanging rebolusyon sa pananaw ng mga Repormador at ibang matatapang na tagabunsod. Sa kanilang paliwanag, ang isa ay kayang intindihin ang mapaminsalang digmaan, sa kadahilanan na pinagbabatayan sa hindi pang karaniwang labanan at pakikialam.

Ang aming salawikain: “Mga Libro ng Repormasyon, Nagbago ang Isip.” ay pinasisigla ang natatanging kategorya ng literatura, binubuo sa isang kritikal na panahon at ang ng epekto nito. Sumasalamin din ito sa pagpipilit ng personal na repormasyon, muling pagsilang at pagbabagong-anyo. At ang Gutenberg na naghihikayat sa paglilimbag, na kaisa ng ahensya ng pagsasalin, ay ipinakalat ang mga alituntunin ng binagong pananampalataya, ang iba ay limang daan na ang nakararaan, ang mga makabagong tagahikayat at nasa linya na midya ay nakikipag-komunikasyon sa bawat wika ng katotohanan sa mga huling oras na ito.

Talaan ng mga Nilalaman

Kabanata 1—Ang pag-ibig ng diyos sa tao 6
Kabanata 2—Kailangan natin si kristo 11
Kabanata 3—Pagsisisi 15
Kabanata 4—Pagpapahayag ng kasalanan 26
Kabanata 5—Pagtatalaga 30
Kabanata 6—Pananampalataya at pagtanggap 34
Kabanata 7—Pagsubok sa pagkaalagad 39
Kabanata 8—Paglaki hanggang kay kristo 46
Kabanata 9—Paggawa at buhay 53
Kabanata 10—Ang pakakilala sa diyos 58
Kabanata 11—Tanging karapatan ng pagdalangin 63
Kabanata 12—Dapat gawin sa pag-aalinlangan 72
Kabanata 13—Nagagalak sa panginoon 78

Kabanata I—Ang Pag-ibig ng Diyos sa Tao

Ang Kalikasan at ang banal na pahayag ay kapuwa nagpapatotoo sa pag-ibig ng Diyos. Ang Ama nating nasa langit ang siyang bukal ng buhay, ng karunungan, at ng kaligayahan. Masdan ninyo ang kahangahanga at maiinam na bagay ng kalikasan. Isip-isipin ninyo ang kataka-takang pagkakaangkop ng mga iyan sa mga pangangailangan at katuwaan, hindi lamang ng tao, kundi ng lahat ng nilalang na may buhay. Ang sinag ng araw at ang ulan, na nagpapagalak at nagpapaginhawa sa lupa, ang mga burol, dagat at kapatagan, ay pawang nagsasalita sa atin ng pag-ibig ng Lumalang. Ang Diyos ang nagbibigay ng mga kailangan ng lahat Niyang nilalang sa araw-araw. Narito ang maiinam na pangungusap ng mang-aawit: {PK 9.1}

"Ang mga mata ng lahat ay nangaghihintay sa Iyo;

At Iyong ibinibigay sa kanila ang kanilang pagkain sa ukol na panahon.

Iyong binubuksan ang Iyong kamay;

at sinasapatan Mo ang nasa ng bawa't bagay na may buhay."

Awit 145:15,16. {PK 9.2}

Ginawa ng Diyos ang tao na sakdal sa kabanalan at kasayahan; at ang magandang lupa, pagkapanggaling sa kamay ng Lumalang, ay walang bakas ng kasiraan o anino man ng sumpa. Ang pagsalansang sa kautusan ng Diyos—sa kautusan ng pag-ibig—ay siyang nagdala ng hinagpis at kamatayan. Gayon man, sa gitna ng kahirapang ibinunga ng kasalanan, ay inihahayag pa rin ang pag-ibig ng Diyos. Nasusulat na sinumpa ng Diyos ang lupa sa kapakanan ng Lao. Genesis 2:17. Ang tinik at ang da wag—mga kahirapan at mga pagsubok na siyang sanhi ng pagsusumakit at pag-aalaala sa buhay—ay itinakda sa kanyang ikabubuti, na pinaka isang bahagi ng pagsasanay na kailangan sa panukala ng Diyos, upang maiyangat siya mula sa kasiraan at pagkaaba na ginawa ng kasalanan. Nabulid man ang sanlibutan sa pagkakasala, ay hindi naman panay na kalungkutan at kahirapan ang lahat dito. Sa kalikasan na rin ay may mga pabalita ng pag-asa at aliw na buhat sa Diyos. Sa mga dawag ay may mga bulaklak, at ang mga tinik ay nangatatakpan ng mga rosas. {PK 9.3}

Ang diyos ay pag-ibig

Sa bawa't bulaklak na namumukadkad, at sa bawa't talbus ng damong sumisibol ay nasusulat: "Ang Diyos ay Pag-ibig" 1 Juan 4:8. Ang mga ibong kaibig-ibig na nagpapasaya sa himpapawid ng kanilang awit; ang may magagandang kulay na bulaklak na nagpapabango sa simoy; ang matataas na punong-kahoy sa gubat pati ng kanilang luntiang mga dahon—lahat ng iyan ay nagpapatoo ng pagmamahal at pagkakalinga ng Ama nating Diyos at sa Kanyang pagnanais na paligayahin ang Kanyang mga anak. {PK 10.1}

Inihahayag ang likas ng Diyos ng Kanyang salita. Siya na rin ang nagpahayag ng Kanyang hindi masukat na pag-ibig at habag. Noong idalangin ni Moises: "Ipakita Mo sa akin ang

Iyong kaluwalhatian," ay tumugon ang Panginoon: "Aking papangyayarihin ang Aking buong kabutihan sa harap mo." Exodo 33:18, 19. Ito ang Kanyang kaluwalhatian. Ang Panginoon ay nagdaan sa harapan ni Moises, at nagpahayag: "Ang Panginoon, ang Panginoong Diyos na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; na gumagamit ng kaawaan sa libu-libo, na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalansang." Exodo 34:6, 7. Siya'y "banayad sa pagkagalit at sagana sa kagandahang-loob," sapagka't "Siya'y nalulugod sa kahabagan." Jonas 4:2; Mikas 7:18. {PK 10.2}

Tayo'y natatali sa kanya

Itinali ng Diyos ang ating mga puso sa Kanya sa pamamagitan ng di-mabilang na mga tanda ng Kanyang pag-ibig sa langit at sa lupa. Sa pamamagitan ng mga bagay ng kalikasan, at ng pinakamataos at pinakamasarap na pagmamahalan dito sa lupa na maaaring sumilid sa puso ng mga tao ay sinikap Niyang pakilala sa atin. Subali't ang mga ito'y di-ganap na naglalarawan ng Kanyang pag-ibig. Bagaman naibigay na ang lahat ng katunayang ito, ay binulag ng kaaway ng kabutihan ang mga pag-iisip ng mga tao, na anupa't kinatakutan nila ang Diyos; ipinalagay na Siya'y mabagsik at hindi nagpapatawad. Hinila ni Satanas ang mga tao sa paniniwala na ang pangunang likas ng Diyos ay kabagsikan,—isang matigas na hukom, marahas at mahigpit na maniningil. Inilarawan niya ang Manglalalang na isang Diyos na laging nanunubok ng mga kamalian at pagkukulang ng mga tao, upang lapatan Niya sila ng mga hatol. Kaya nga, upang maalis ang maitim na sapot na ito, sa pamamagitan ng pagpapakita sa sanlibutan ng hindi matingkalang pagibig ng Diyos, ay naparito si Jesus upang tumahan sa gitna ng mga tao. {PK 11.1}

Bumaba ang Anak ng Diyos mula sa langit upang ipakilala ang Ama. "Walang taong nakakita kailan man sa Diyos; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala." Juan 1:18. "Sino may hindi nakakilala sa Ama, kundi ang Anak, at yaong ibiging pagpahayagan ng Anak." Mateo 11:27. Nang hilingin ng isa sa mga alagad na: "Ipakita Mo sa amin ang Ama, ay tumugon si Jesus: "Malaon nang panahong ako'y inyong nakakasama, at hindi mo Ako nakikilala, Felipe? ang nakakita sa Akin ay nakakita sa Ama, bakit sinasabi mo: Ipakita Mo sa amin ang Ama?" Juan 14:8, 9. {PK 12.1}

Ang pakay ni jesus

Nang ilarawan ni Jesus ang Kanyang pakay sa pagparito sa lupa, ay sinabi Niya: "Ako'y pinahiran Niya [ng Ama] upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha; Ako'y sinugo Niya upang pagalingin ang wasak na puso, at ipangaral sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi." Lukas 4:18, talatang Griego. Ito ang Kanyang gawain. Siya'y naglibot na gumagawa ng mabuti, at pinagagaling ang lahat ng pinahihirapan ni Satanas. May mga nayong hindi nagkaroon sa isa mang bahay ng daing ng maysakit; sapagka't nagdaan Siya roon at pinagaling Niya ang lahat ng may karamdaman. Ang Kanyang ginawa ay nagpatunay na Siya'y pinahiran ng langis ng Diyos. Ang pag-ibig, habag, at pakikiramay ay nangahayag sa lahat Niyang ginawa; ang Kanyang

puso ay may awang nakikiramay sa mga anak ng mga tao. Ibinihis Niya ang katutubo ng tao, upang madama Niya ang mga pangangailangan ng sangkatauhan. Ang pinakadukha at pinakamababa ay hindi nangilag na lumapit sa Kanya. Pati ng maliliit na bata ay naganyak na lumapit sa Kanya. Ibig nila ang sumampa sa Kanyang mga tuhod, at tumitig sa Kanyang mapag-isip na mukha, na nagliliwanag sa pag-ibig. {PK 12.2}

Nagsalita si jesus na may pag-ibig

Hindi pinigil ni Jesus kahi't isang salita ng katotohanan, bagkus lagi Niyang binibigkas ito sa pag-ibig. Gumamit Siya ng pinakamalaking katalinuhan, pagkukuro, at mahabaging pagaasikaso, sa Kanyang pakikisama sa mga tao. Kailan man ay hindi Siya nagwalang-pakundangan; hindi Siya nagsalita ng anumang mabigat na pangungusap; hindi Niya sinaktan, nang hindi kailangan ang damdamin ng mararamdaming kaluluwa. Hindi Niya pinagwikaan ang kahinaan ng tao. Sinalita Niya ang katotohanan, nguni't laging nabibilot ng pag-ibig. Hinamak Niya ang pagpapaimbabaw, kawalan ng pananampalataya, at kasamaan; datapuwa't may luha ang Kanyang tinig sa pagbigkas Niya ng matatalas na pagsansala. Tinangisan Niya ang Jerusalem, ang bayan Niyang minamahal, na ayaw tumanggap sa Kanya, na siyang Daan, Katotohanan at Buhay. Kanilang tinanggihan Siya na Tagapagligtas, datapuwa't pinagpakitaan Niya sila ng malumanay na kaawaan. Sa Kanyang kabuhayan ay tinatanggihan ang sarili, at inaalaala ang mga iba. Bawa't kaluluwa'y mahalaga sa Kanyang paningin. Bagaman laging sumasa Kanya ang banal na karangalan, ay yumukod Siyang may malumanay na pag-ibig sa bawa't kaanib ng sambahayan ng Diyos. Nakita Niya na ang lahat ng tao ay mga kaluluwang waglit, at gawain Niya ang sila'y iligtas. {PK 13.1}

Iyan ang likas ni Kristo alinsunod sa inihayag ng Kanyang kabuhayan. Iyan ang likas ng Diyos. Mula sa puso ng Ama ay bumukal ang mga daloy ng banal na pagmamahal, na nahayag kay Kristo, at umagos sa mga anak ng mga tao. Si Jesus, ang mahabaging Tagapagligtas, ay Diyos na "nahayag sa laman." 1 Timoteo 3:16. {PK 15.1}

Naparito siya upang tayo'y matubos

Upang tayo'y matubos ay nabuhay, nagbata at namatay si Kristo. Siya'y naging isang "Tao sa kapanglawan," upang makabahagi tayo ng walang-hanggang katuwaan. Pinahintulutan ng Diyos na ang Kanyang sinisintang Anak, puspos ng biyaya at katotohanan, buhat sa isang sanlibutang hindi mailarawan ang kaluwalhatian, ay pumarito sa isang sanlibutang dinungisan ng kasalanan, at pinadilim ng kamatayan at ng sumpa. Pinahintulutan Niyang iwan ang sinapupunan ng Kanyang pag-ibig, ang pagsamba ng mga anghel, upang magbata ng kahihiyan, tuya, paghamak, poot, at kamatayan. "Ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya; at sa pamamagitn ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo." Isaias 53:5. Masdan ninyo Siya sa ilang, sa Getsemane, sa krus! Pinasan ng walang dungis na Anak ng Diyos ang bigat ng kasalanan. Siyang nakasama ng Ama ay nakaramdam sa Kanyang kaluluwa ng kakila-kilabot na pagkakahiwalay ng Diyos at ng tao, dahil sa gawa ng kasalanan. Ito ang naging dahil kung kaya namutawi sa Kanyang mga labi ang kalungkut-lungkol na

panambitan: “Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?” Mateo 27:46. Ang bigat ng kasalanan, ang pagkadama sa nakapangingilabot na kalakihan nito, at ang paghihiwalay na ginawa sa tao at sa Diyos—ito ang nagwindang sa puso ng Anak ng Diyos. {PK 15.2}

Iniibig din tayong ama

Datapuwa’t hindi ginawa ang dakilang haing ito upang lumikha sa puso ng Ama ng isang pag-ibig sa tao, hindi upang papagnasain Siyang magligtas. Hinding-hindi! “Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak.” Juan 3:16. Iniibig tayo ng Ama, hindi dahil sa malaking pampalubag-loob, kundi itinaan Niya ang pampalubag-loob dahil sa iniibig Niya tayo. Si Kristo ang naging tagapamagitan upang maibuhos ng Ama ang Kanyang di matingkalang pag-ibig sa isang nasawing sanlibutan. “Na kay Kristo ang Diyos na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin.” 2 Corinto 5:19. Nagbata ang Diyos na kasama ng Kaniyang Anak. Sa paghihirap sa Getsemane, sa pagkamatay sa Kalbariyo, ang puso ng Walang-hanggang Pag-ibig ay siyang nagbayad ng halaga ng ating katubusan. {PK 16.1}

Iniibig ng ama ang anak

Sinabi ni Jesus: “Dahil dito’y sinisinta Ako ng Ama, sapagka’t ibinibigay Ko ang Aking buhay, upang kunin Kong muli.” Juan 10:17. Sa maliwanag na sabi ay, “Gayon na lamang ang pagsinta sa inyo ng Aking Ama, na anupa’t iniibig Ako ng lalong higit dahil sa ibinigay Ko ang Aking buhay upang kayo’y matubos. Sa Aking pagiging Kahalili at pagiging Ako ninyo, sa pamamagitan ng pagbibigay Ko ng Aking buhay, sa Aking pagako sa inyong mga pagkakautang at sa inyong mga pagsalansang, ay naging mahal Ako sa Aking Ama; sapagka’t sa pamamagitan ng Aking pag-aalay, ang Diyos ay nagiging matuwid at taga aring-ganap ng mga sumasampalataya kay Jesus.” {PK 16.2}

Wala kundi ang Anak ng Diyos lamang ang makatutubos sa atin; sapagka’t Siya lamang na nagmula sa sinapupunan ng Ama ang siyang sa Ama’y makapagpapahayag. Siya lamang na nakakaalam ng taas at lalim ng pag-ibig ng Diyos ang siyang makapagpapakilala nito. Wala, maliban sa walang-hanggang paghahaing ginawa ni Kristo patungkol sa nagkasalang sanlibutan, ang makapagpapahayag ng pag-ibig ng Ama sa nawaglit na mga tao. {PK 17.1}

Ipinagkaloob ng ama ang kanyang anak

“Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay ang Kanyang bugtong na Anak.” Siya’y ibinigay ng Ama, hindi lamang upang mabuhay sa gitna ng mga tao, magpasan ng kanilang mga kasalanan, at mamatay na pinaka haing patungkol sa kanila; Siya’y ibinigay sa sangkatauhang nagkasala. Makikiisa si Kristo sa mga pangangailangan at mga kapakanan ng sangkatauhan. Siya na kasama-sama ng Diyos ay nakiugnay sa mga anak ng mga tao, sa pamamagitan ng mga panaling hindi malalagot kailan man. Hindi ikinahiya ni Jesus na “sila’y tawaging mga kapatid.” Heb. 2:11. Siya ang ating Hain, ang ating Pintakasi, ang ating Kapatid, na taglay ang ating anyong-tao sa harapan ng luklukan ng Ama, at sa buong

panahong walang katapusan ay magiging kaisa ng taong Kanyang tinubos—ang Anak ng tao. At ang lahat ng ito ay upang maiahon ang tao mula sa kasiraan at kaabaang likha ng kasalanan, upang mabakas sa kanya [sa tao] ang pag-ibig ng Diyos, at makabahagi sa ligaya ng kabanalan. {PK 17.2}

Ang halagang ibinayad sa pagtubos sa atin, ang hindi matingkalang paghahain ng ating Ama na nasa langit sa pagbibigay ng Kanyang Anak upang mamatay para sa atin, ay nararapat magdulot sa atin ng mararangal na pagkakilala sa maaaring abutin natin sa pamamagitan ni Kristo. Nang makita ng kinasihang apostol na si Juan, ang taas, lalim, at luwang ng pagibig ng Ama sa napapahamak na sangkatauhan, ay sumamba siyang lubos at gumalang; at palibhasa'y hindi siya makakita ng agpang na pangungusap upang ipahayag ang kadakilaan at kagandahan ng pag-ibig na ito, ay tinawagan niya ang sanlibutan upang ito'y masdan. "Masdan ninyo kung gaanong pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y mangatawag na mga anak ng Diyos." 1 Juan 3:1. Kaylaki ng pagpapahalaga nito sa tao! Sa pamamagitan ng pagsuway, ang mga anak ng mga tao ay naging mga alipin ni Satanas. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa tumutubos na alay ni Kristo ang mga anak ni Adan ay mangyayaring maging mga anak ng Diyos. Sa pagkakatawang-tao, ay itinaas ni Kristo ang katauhan. Ang nagkasalang mga tao ay napalagay sa lugar na maaari silang maging karapat-dapat sa pangalang "mga anak ng Diyos," sa pamamagitan ng pakikiugnay kay Kristo. {PK 18.1}

Mahalagang pag-ibig

Ang ganitong pag-ibig ay walang kapantay. Mga anak ng Hari ng langit! Mahalagang pangako! Isipang dapat bulaybulayin ng taimtim! Walang kahambing na pag-ibig ng Diyos sa isang sanlibutang hindi umibig sa Kanya! Ang isipang ito ay may kapangyarihang bumihag sa kaluluwa, at umakay sa pag-iisip upang pasakop sa kalooban ng Diyos. Habang lalo't lalo nating pinag-aaralan ang banal na likas, sa liwanag ng krus, ay lalo't lalo nating makikita ang kahabagan, pag-ibig, at pagpapatawad, na nakakalagum ng pagpapantay-pantay at katuwiran, at higit at higit naman nating naliliwanagan ang di mabilang na mga katunayan ng isang pag-ibig na walang-hanggan, at isang matimyas na pagmamahal na malaki ang kalamangan sa nananabik na pakikiramay ng isang ina sa kanyang anak na suwail. {PK 18.2}

Kabanata 2—Kailangan Natin si Kristo

Sa Pasimula ay binigyan ang tao ng marangal na mga kapangyarihan at timbang na pag-iisip. Sakdal siya sa pagkatao at kaayon ng Diyos. Ang kanyang mga iniisip ay malinis, ang kanyang mga layunin ay banal. Datapuwa't dahil sa pagsuway ay nabaligtad ang kanyang mga kapangyarihan, at kasakiman ang humalili sa pag-ibig. Malaki ang inihina ng kanyang pagkatao dahil sa kanyang pagsalansang, na anupa't sa sarili niyang lakas ay hindi niya mapaglabanan ang kapangyarihan ng diyablo. Siya'y nabihag ni Satanas at mananatili sanang gayon magpakailan man, kung hindi namagitan ang Diyos. Layunin ng manunukso na baligtarin ang panukala ng Diyos sa pagkalalang sa tao, at punuin ang lupa ng kadalamhatian at kasiraan. At itinuturo niya na ang lahat ng kasamaang ito ay bunga ng pagkalalang ng Diyos sa tao. {PK 21.1}

Noong hindi pa nagkakasala ang tao, ay maligaya siyang nakikipag-usap sa Kanya na "kinatataguan ng lahat ng kayamanan, ng karunungan at ng kaalaman." Colosas 2:3. Datapuwa't nang siya'y magkasala na, ay hindi na siya nakasumpong ng ligaya sa kabanalan, at sinikap niyang magkubli mula sa harapan ng Diyos. Ganiyan pa hanggang ngayon ang kalagayan ng pusong hindi nababago. Hindi kaayon ng Diyos at hindi nakakasumpong ng kaligayahan sa pakikipagsanggunian sa Kanya. Ang makasalanan ay hindi sasaya sa harapan ng Diyos; iilag siya upang huwag makasama ng mga banal na anghel. Kung pahihintulutan siyang pumasok sa langit, ang langit ay walang maidudulot na kaligayahan sa kanya. Ang diwa ng di-sakim na pagibig na roo'y naghahari—na ang bawa't puso ay tumutugon sa puso ng Walang-hanggang Pag-ibig—ay walang masasagid na tumutugong kuwerdas sa kanyang kaluluwa. Ang pag-iisip, ang interes, at ang mga layunin niya, ay magiging ibang-iba sa diwa ng mga tumatahan doong walang kasalanan. Siya'y magiging isang tinig na sisira sa matamis na himig ng sangkalangitan. Sa ganang kanya, ang langit ay magiging isang pook na pahirapan; iibigin niyang makubli mula sa Kanya na siyang liwanag doon, at panggitna ng kagalakan. Hindi ang makaharing pasiya ng Diyos ang naghihiwalay sa mga makasalanan sa langit; sila'y nangapalabas dahil din sa hindi nila pagkakaangkop doon. Sa kanila ay magiging isang apoy na namumugnaw ang kaluwalhatian ng Diyos. Mamasarapin pa nila ang kapahamakan mangakubli lamang sila sa mukha Niya na namatay upang sila'y matubos. {PK 21.2}

Hindi natin maililigtas ang sarili

Kung sa ating mga sarili lamang ay hindi tayo makakaahon sa balon ng kasalanang kinalulubugan natin. Masama ang ating mga puso, at hindi natin mababago. "Sinong makakakuha ng malinis na bagay sa marumi? Wala." Job 14:4. "Ang kaisipan ng laman ay pakikipag-away laban sa Diyos,: sapagka't hindi napasasaklaw sa kautusan ng Diyos, at sa katotohanan man ay hindi nga mangyari." Roma 8:7 Ang pinag-aralan, ang kabihasnan, ang niloloob, at ang pagsisikap ng tao ay may kanya-kanyang kinauukulan, datapuwa't sa pagahon sa kasalanan ay walang lakas ang lahat ng iyan. Mangyayaring magbunga ang mga iyan ng wastong kaugalian na pakitang tao, datapuwa't hindi mababago ang puso; hindi malilinis ang

mga bukal ng buhay. Kailangan munang magkaroon ng isang kapangyarihang gumagawa sa kalooban, isang bagong kabuhayang buhat sa itaas, bago maalis ang tao sa kasalanan at mailipat sa kabanalan. Ang kapangyarihang iyan ay si Kristo. Biyaya Niya lamang ang makabubuhay sa mga patay na sangkap ng kaluluwa, at makahahalina sa Diyos, sa kabanalan. {PK 22.1}

Kailangan ang pagbabago

Anang Tagapagligtas: "Maliban na ang tao ay ipanganak mula sa itaas," malibang siya'y tumanggap ng bagong puso, mga bagong naisin, adhika, at layunin, na naghahatid sa isang bagong kabuhayan, "ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." Juan 3:3. Ang paniniwala, na ang kailangan lamang ay ang paunlarin ang kabutihang katutubong nasa tao, ay parayang nakapapahamak. "Ang taong ukol sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos; sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kanya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu." 2 Corinto 2:14."Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa inyo: Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli." Juan 3:7. Tungkol kay Kristo ay ganito ang nasusulat: "Nasa Kanya ang buhay, at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao," ang tanging "pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." Juan 1:4; Gawa 4:12. {PK 23.1}

Hindi sapat ang unawain lamang ang kagandahangloob ng Diyos, at malasin ang paglingap at pag-ibigmagulang ng Kanyang likas. Hindi sapat ang makilala ang karunungan at katarungan ng Kanyang kautusan, ni makitang ito'y natutungtong sa walang-hanggang simulain ng pag-ibig. Nakita ni apostol Pablo ang lahat ng ito, nang ipahayag niyang: "Sumasang-ayon ako na mabuti ang kautusan." "Ang kautusan ay banal, at ang utos, ay banal, at matuwid, at mabuti." Datapuwa'tdahilsapait ng kanyangkapighatian, ay dinugtunganniya ng wikang: "Ako'ysalaman, naipinagbilisailalim ng kasalanan." Roma 7:16, 12, 14. Kinasabikanniyangmaabot ang kadalisayan, at ang katuwiran, nahindiniyamaabut-abotsasariliniyanglakas, at dahildito'ysumigawsiya: "Abangtaoako! sino ang magliligtassa akin sakatawannitongkamatayan?" Roma 7:24. Iyan ang sigawna, mulasalahat ng lupain at salahat ng kapanahunan, ay namulassamgapusongnabibigatan. Iisalamang ang tugonsakalahatan: "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29. {PK 24.1}

Ang karanasannijacob

Maramingsagisag ang ginamit ng Espiritu ng Diyosupangilarawan ang katotohanangito, at upangipaliwanagsamgakaluluwangnangananabiknamaibsan ng pinapasangkasalanan. Noongsi Jakob ay lumayassatahanan ng kanyangama, pagkataposnamagkasalasiyasapagdaya kay Esau, ay nanglumosiyasapagka'tnakilalaniya ang nagawaniyangkasalanan. Nang siya'y nag-iisa at lalaboy-laboynamalayosalahatniyangminamahal, ang isipangbukodnagumigiitsakanyangkalooban ay ang pangambangsiya ay inihiwalay ng kanyangkasalanansaDiyos, at tinanggihannasiya ng langit. Sa kalumbayan ay

humigasiyasalupa, nasapalibotniya ang mgaburol, at saitaas ay ang langitnamaliwanagsaningning ng mgabituin. Nang siya'ynatutulog, ay isangkataka-takangliwanag ang tumamasakanyangpaningin; at narito, buhatsapalanas ng lupangkanyangkinahihigan, ay mahabanghagdan ang mandi'ynakasandigsa pinto ng langit, at doo'ymanhik-manaog ang mgaanghel ng Diyos, samantalangmulasakaluwalhatiansaitaas, ay narinigniya ang tinig ng Diyosnanaghahatidsakanya ng kaaliwan at pag-asa. Sa ganito'ynahayag kay Jakob yaongkinakailangan at pinananabikan ng kanyangkaluluwa—isangTagapagligtas. Taglay ang tuwa at pasasalamat ay natanawniyangnahayag ang isangparaan, namakapagsasaulisakanya, naisangmakasalanan, sapakikipag-usapsaDiyos. Ang mahiwaganghagdan ng kanyangpanaginip ay kumakatawan kay Jesus, nasiyang tanging tagapamagitansapakikipag-usap ng Diyossatao. {PK 24.2}

Si kristo ang hagdan

Ito rin ang sagisagnatinukoyniKristosaKanyangpakikipag-usap kay Natanael, nangsabihinNiyang: "Makikitaninyongbukas ang langit, at ang mgaanghel ng Diyosnanagmamanhik-manaogsaulunan ng Anak ng tao." Juan 1:51. Sa pagtaliwakas, ay inihiwalay ng tao ang kanyangsarilisaDiyos; naputol ang pagkakaugnay ng lupa at ng langit. Sa malaking look nanakapagitan ay di maaaringmagkaroon ng pagkakaugnay. Datapuwa'tsapamamagitanniKristo ang lupa ay

mulingnaparugtongsalangit. TaglayniKristo ang sarilingkasakdalan, Kanyangnilagyan ng tulay ang look naginawa ng kasalanan, upangmaaringmakipagtalastasansatao ang mgaanghelnatagapangasiwa, lniuugnayniKristo ang taongnagkasala, mahina'twalang kaya, saBukal ng walang-hanggangkapangyarihan. {PK 26.1}

Datapuwa'twalangkabuluhan ang mgapagkasulongnapinapangarap ng mga Lao, at walangmararating ang lahat ng pagsisikapnamaangat ang sangkatauhan, kung pababayaannila ang tanging bukal ng pag-asa at tulongnaitinaansasangkatauhangnagkasala. "Ang bawa'lmabutingkaloob, at ang bawa'tsakdalnakaloob ay pawangbuhat" saDiyos. Santiago 1:17. HiwalaysaKanya ay walangtunaynamagalingnalikas. At ang tanging daan ng paglapitsaDiyos ay siKristo. Ang sabiNiya: "Ako ang Daan, at ang Katotohanan, at ang Buhay: sino may hindimakalalapitsaAma, kundisapamamagitan Ko." Juan 14:6. {PK 26.1}

Ang buonglangit ay umiibigsaatin

Ang puso ng Diyos ay nananabiksaKanyangmgaanakditosalupataglay ang isangpag-ibignamalakas kay sakamatayan. Sa pagbibigay ng KanyangAnak, ay iginawadnaNiyasaatin ang buonglangitsaisangkaloob. Ang kabuhayan, kamatayan, at pamamagitan ng Tagapagligtas, ang pangangasiwa ng mgaanghel, ang pamamanhik ng Espiritu ng Diyos, ang Amanagumagawa ng higitsalahat at sapamamagitan ng lahat, ang walanglikatnapagbabanty ng sangkalangitangmgaanghel—ang lahat ng ito ay magkakasamasaikatutubos ng tao. {PK 26.2}

Oh! dili-dilihinnganatin ang kagila-gilalasnapagpapakasakitnaginawadahilsaatin! Pahalagahannganatin ang paggawa at ang lakasnainiuubos ng Langitupangmabawi ang nawawala, at maiuwisabahay ng Ama. Wala ng ibanglalongmalakasnahangarin, at wala ng ibanglalongmakapangyarihangkasangkapannamagagamit; ang napakalakingmgakagantihansapaggawa ng mabuti, ang kaluguransakalangitan, ang pakikisama ng mgaanghel, ang pakikipag-usap at pagibig ng Diyos at ng KanyangAnak, ang pagkabunyi at paglaki ng lahatnatingkapangyarihansabuongpanahongwalangkatapusan—hindibagamgapampasigla ang mgaiyanupangsaati'y mag-udyoknaibigay ang maibigingpaglilingkod ng atingmgapusosaLumalang at Tumubossaatin? {PK 27.1}

Isang babalangukolsaatin

At, sakabilangdako, ang mgakahatulan ng Diyosnaipinahayaglabansakasalanan, ang hindimaiiwasangpaghihiganti, ang pagbaba ng atingpagkatao, at ang hulingpagkawasak ay mgainihahayagsasalita ng Diyosupangbabalaantayosapaglilingkod kay Satanas. {PK 27.2}

Hindi baganatinpahahalagahan ang kahabagan ng Diyos? Ano pang higitsarito ang magagawaNiya? lagaynganatin ang atingmgasarilisatumpaknapakikiugnaysaKanyanaumibigsaatin ng kahanga-hangangpag-ibig. Tanggapinnatin ang paraanginilaansaatinupangmangatuladtayosaKanyangwangis, at masaulisapakikisama ng mgaanghelnatagapangasiwa, sapakikiisa at pakikipag-usapsaAma at saAnak. {PK 27.3}

Kabanata 3—Pagsisisi

Paanongmagigingmatuwid ang taosaDiyos? Paanong magagawang matuwid ang makasalanan? Sa pamamagitan lamang ni Kristo maaring makaayon tayo ng Diyos, at ng kabanalan; nguni't papaano tayo lalapit kay Kristo? Marami ang nangagtatanong ng gaya rin nang isinigaw ng maraming tao noong kaarawan ng Pentekostes, nang sila'y masumbatan sa kanilang mga kasalanan: "Anong gagawin namin;" Gawa 2:37. Ang unang salita sa isinagot ni Pedro ay: "Mangagsisi kayo." Gawa 2:38. Sa ibang pagkakataon, hindi pa naluluwatan pagkaraan nito, ay ganito ang kanyang sinabi: "Mangagsisi kayo, at mangagbalik-loob, upang mangapawi ang inyong mga kasalanan." Gawa 3:19. {PK 29.1}

Saklaw din ng pagsisisi ang pagkalungkot dahil sa kasalanan, at pagtalikod dito. Hindi natin tatalikdan ang pagkakasala, malibang nakikita natin ang pagkamakasalanan nito; hanggang hindi natin iyan tinatalikdang buong puso, ay hindi tayo magkakaroon ng tunay na pagbabago sa ating kabuhayan. {PK 29.2}

Marami ang hindi nakauunawa ng tunay na likas ng pagsisisi. Marami ang nangalulungkot na sila'y nagkasala, at gumagawa rin sila ng pagbabago sa labas, sapagka't nangangamba silang ipaghihirap nila ang paggawa ng kamalian. Datapuwa't ito'y hindi pagsisisi, ayon sa pakilala ng Biblia. Ikinahahapis nila ang paghihirap at hindi ang pagkakasala. Ganyan ang paghihirap ni Esau, nang makita niyang nawala na sa kanya ang karapatan ng pagkapanganay, na hindi na niya makukuha pa magpakailan man. Sa pagkatakot ni Balaam sa anghel na may bunot na tabak na humahadlang sa kanyang paglakad ay kinilala niya ang kanyang pagkakasala, baka mapahamak ang kanyang buhay; datapuwa't walang wagas na pagsisisi dahil sa pagkakasala, walang pagbabago ng adhika, at walang pagkasuklam sa kasamaan. Nang maipagkanulo na ni Judas Escariote ang kanyang Panginoon, ay sumigaw siya ng ganito: "Nagkasala ako sa aking pagkakanulo sa dugong walang kasalanan." Mateo 27:4. {PK 29.3}

Ang pagsisisi ni judas

Napilitan lamang ang kanyang kaluluwang salarin, na ipagtapat ang kanyang kasalanan, dahil sa pagkatalos niya ng nakatatakot na hatol at pagkakita niya sa nakahihilakbot na kaparusahan. Ang mga ibubunga niyaon ay siyang sa kanya'y pumuno ng pangingilabot, datapuwa't sa kanyang kaluluwa ay wala niyaong malalim at makadurog-pusong paghihimutok, dahil sa naipagkanulo niya ang walang dungis na Anak ng Diyos, at naitakwil niya ang Banal ng Israel. Nang si Paraon ay naghihirap sa ilalim ng mga hatol ng Diyos ay kinilala niya ang kanyang kasalanan upang makaiwas siya sa iba pang kaparusahan, datapuwa't muling hinamon niya ang Langit kapagkarakang mapatigil ang mga salot. Nangahapis silang lahat sa mga ibinunga ng kasalanan, datapuwa't hindi ikinalungkot ang talagang pagkakasala. {PK 30.1}

Datapuwa't pagka ang puso ay napahihinuhod sa kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos, ay mabubuhay ang budhi, at mababanaagan ng makasalanan, ang lalim at kabanalan ng banal na

kautusan ng Diyos, na siyang pinagtitibayan ng Kanyang pamahalaan sa langit at sa lupa. Ang "Ilaw na lumiliwanag sa bawa't tao na pumaparito sa sanlibutan" (Juan 1:9), ay tumatanglaw sa mga lihim na silid ng kalooban, at ang mga nakukubling bagay ng kadiliman ay nahahayag. Nasusumbatan ang puso at pag-iisip. Nababatid ng makasalanan ang Katuwiran ni Heoba, at nangingilabot siyang humarap sa Sumasaliksik ng mga puso, na taglay niya ang kasalanan at karumihan. Nakikita niya ang pag-ibig ng Diyos, ang kagandahan ng kabanalan, at ang ligaya sa kalinisan; kinasasabikan niyang maging malinis at maisauli sa pakikiisa sa langit. {PK 30.2}

Ang pagsisisi ni david

Ang panalangin ni David pagkatapos na siya'y magkasala, ay nagpapakilala ng uri ng tunay na kalungkutan dahil sa pagkakasala. Ang kanyang pagsisisi ay tapat at taimtim. Hindi nadungisan ng anumang pagsisikap na pangatuwiranan ang kanyang pagkakasala; ang panalangin niya ay hindi udyok ng pagnanasang makaiwas sa nabibiting kahatulan. Nakita ni David ang laki ng kanyang pagsalansang; nakita niya ang karumihan ng kaniyang kaluluwa; kinasusuklaman niya ang kanyang kasalanan. Hindi lamang kapatawaran ang kanyang hiningi sa dalangin, kundi kalinisan din naman ng puso. Kinasabikan niya ang kaligayahan ng kabanalan—ang pagkasauli sa pakikiisa at pakikipagusap sa Diyos. Ito ang pangungusap ng kanyang kaluluwa: {PK 31.1}

"Mapalad siyang pinatawad ng pagsalansang,

na tinakpan ang kasalanan.

Mapalad ang tao na hindi paratangan

ng kasamaan ng Panginoon.

At walang pagdaraya ang diwa niya."

Awit 32:1, 2. {PK 31.2}

Ang panalangin ni david

"Maawa Ka sa akin, Oh Diyos,

ayon sa Iyong kagandahang-loob:

Ayon sa karamihan ng Iyong malumanay

na kaawaan ay pinapawi Mo ang aking mga pagsalansang.

Hugasan Mo akong lubos sa aking kasamaan,

at linisin Mo ako sa aking kasalanan.

Sapagka't kinikilala ko ang aking mga pagsalansang:

at ang aking kasalanan ay laging nasa harap ko.

Laban sa Iyo, sa Iyo lamang ako nagkasala,

at nakagawa ng kasamaan sa Iyong paningin:

upang Ikaw ay ariing ganap pag nagsasalita Ka.

At maging malinis pag humahatol Ka.

Narito, ako'y inanyuan sa kasamaan;

at sa kasalanan ay ipinaglihi ako ng aking ina.

Narito, Ikaw ay nagnanasa ng katotohanan sa mga loob na sangkap:

at sa kubling bahagi ay Iyong ipakikilala sa akin ang karunungan.

Linisin Mo ako ng hisopo, at ako'ymagigingmalinis:

hugasan Mo ako, at ako'ymagiginglalongmabutikaysaniyebe.

Pagparinggan Mo ako ng kagalakan at kasayahan;

upang ang mga buto na Iyong binali ay mangagalak.

Ikubli Mo ang Iyong mukha sa aking mga kasalanan,

at pawiin Mo ang aking lahat na mga kasamaan.

Likhaan Mo ako ng isang malinis na puso,

Oh Diyos; at magbago Ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko.

Huwag Mo akong paalisin sa Iyong harapan:

at huwagMongbawiin ang IyongSantong Espiritu sa akin.

Ibalik Mo sa akin ang kagalakan ng Iyong pagliligtas:

at alalayanako ng kusangespiritu.

Kung magkagayo'yitituro ko

samgamananalansang ang Iyongmgalakad;

at ang mga makasalanan ay mangahihikayat sa Iyo.

Iligtas Mo ako sa salang pagbububo ng dugo,

Oh Diyos, Ikaw na Diyos ng aking kaligtasan;

at ang aking dila ay aawit ng malakas

tungkol sa Iyong katuwiran.”

Awit 51:1-14. {PK 32.1}

Ang ganitong pagsisisi ay hindi kaya ng sarili nating kapangyarihan; ito’y natatamo sa pamamagitan lamang ni Kristo, na umakyat sa kaitaasan, at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao. {PK 33.1}

Bakit marami ang nagkakamali

Sa bahaging ito’y marami ang nagkakamali, at dahil dito’y hindi nila tinatamo ang tulong na ibig ni Kristong ibigay sa kanila. Inaakala nilang hindi sila malalapit kay Kristo kundi muna sila mangagsisi, at ang pagsisisi ang nagbibigay daan upang sila’y mapatawad sa kanilang mga kasalanan. To too nga na ang pagsisisi ay una kay sa pagpapatawad ng mga kasalanan; sapagka’t bagbag at nagsisising puso lamang ang makararamdam na kailangan ang isang Tagapagligtas. Datapuwa’t dapat bagang hintayin ng makasalanang siya’y makapagsisi muna bago siya lumapit kay Jesus? Gagawin baga ang pagsisisi na isang hadlang sa makasalanan sa paglapit sa Tagapagligtas? {PK 33.2}

Hindi itinuturo ng Biblia na dapat munang magsisi ang makasalanan, bago niya matanggap ang paanyaya ni Kristo: “Magsiparito sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.” Mateo 11:28. Kabutihang nagmumula kay Kristo ang umaakay sa tunay na pagsisisi. Ang bagay na ito ay ipinaliwanag ni Pedro sa kanyang pahayag sa mga Israelita, nang kanyang sabihin: “Siya’y pinadakila ng Diyos ng Kanyang kanang kamay upang maging Prinsipe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan.” Gawa 5:31. Hindi tayo makapagsisisi kung di gisingin ng Espiritu ni Kristo ang ating budhi, gaya rin naman ng tunay na hindi tayo mapatatawad kung wala si Kristo. {PK 33.3}

Si Kristo ang pinagbubuhatan ng bawa’t matuwid na hangarin. Siya lamang ang makapagtatanim sa puso ng poot sa kasalanan. Bawa’t pagkaibig sa katotohanan at kadalisayan, bawa’t pagkakilala sa ating sariling pagkamakasalanan, ay katibayang kinikilos ng Kanyang Espiritu ang ating puso. {PK 34.1}

Ang pag-asa ng makasalanan

Ani Jesus: “Ako, kung Ako’y mataas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin Ko sa Akin din.” Juan 12:32. Sa makasalanan ay dapat ipakilala si Kristo, na siya ang Tagapagligtas na namatay dahil sa mga kasalanan ng sanlibutan; at habang tinitingnan natin ang Kordero ng Diyos sa krus ng Kalbariyo, ay unti-unti namang nalaladlad sa ating mga pag-iisip ang hiwaga ng pagtubos, at inaakay tayo sa pagsisisi ng kabutihan ng Diyos. Sa pagkamatay ni Kristo dahil sa mga makasalanan, ay nagpakita Siya ng isang pag-ibig na hindi malirip; at sa pagtingin ng makasalanan sa pag-ibig na iyan, ay lumalambot ang kanyang puso, nakikilos ang kanyang pag-iisip, at nauudyukan ang kanyang kaluluwa na magsisi. {PK 34.2}

Tunay ngang maminsan-minsan ay ikinahihiya ng mga tao ang kanilang mga masasamang gawa, at dahil dito'y iniiwan na nila ang ilan sa masasama nilang kaugalian, bago nila maalamang sila'y napapalapit kay Kristo. Datapuwa't kailan man at nagsisikap silang magbagong buhay sa udyok ng isang tapat na pagnanasang gumawa ng matuwid, ay kapangyarihan ni Kristo ang sa kanila'y umaakit. Isang impluensiyang hindi nila nahahalata ang gumagawa sa kalooban, at nabubuhay ang budhi, at bumubuti ang kabuhayang hayag. At sa pag-akit sa kanila ni Kristo upang tumingin sa Kanyang krus, at masdan Siyang inulos ng kanilang mga kasalanan, ay sumisilid sa kanilang budhi ang utos. Ang katampalasanan ng kanilang pamumuhay, ang kasalanang nag-ugal sa kaluluwa, ay nahahayag sa kanila. Nakikilala nila ang katuwiran ni Kristo, at napapasigaw sila, "Ano nga ba ang kasalanan, at ito'y nangailangan ng ganitong paghahain upang matubos ang nagkasala? Ang buong pag-ibig, ang buong paghihirap, at ang buong pagpapakadustang ito kaya ay kinakailangan upang huwag tayong mangapahamak, kundi mangakaroon ng buhay na walang-hanggan?" {PK 34.3}

Huwag tumutol

Maaaring tumutol ang makasalanan sa pag-ibig na ito, maaari siyang tumutol na lumapit kay Kristo; datapuwa't pag hindi siya nagmatigas ay walang salang makakabig siya kay Jesus; ang pagkakilala niya sa panukala ng pagliligtas ay siyang sa kanya'y aakay sa paanan ng krus upang magsisi sa kanyang mga kasalanan, na nagdulot ng mga kahirapang binata ng minamahal na anak ng Diyos. {PK 35.1}

Ang banal na kaisipang gumagawa sa mga bagay ng katalagahan ay siya ring nagsasalita sa mga puso ng mga tao, at lumilikha ng napakalaking paghahangad na matamo ang hindi pa nila kinakamtan. Ang mga bagay ng sanlibutan ay hindi makapapawi ng kanilang pananabik. Pinamamanhikan sila ng Espiritu ng Diyos, na hanapin yaong mga bagay na tanging makapagbibigay ng kapayapaan at kapahingahan—ang biyaya ni Kristo, na ligaya ng kabanalan. Sa pamamagitan ng mga impluensiyang nakikita at hindi nakikita, ay walang likat na gumagawa ang ating Tagapagligtas upang ilayo ang pag-iisip ng mga tao sa mga hindi nakasisiyang kaligayahan ng pagkakasala, at ilipat sa mga pagpapalang hindi kumukupas kailan man, na nagiging kanila sa pangalan Niya. Sa lahat ng mga kaluluwang ito na walang kabuluhang naghahanap ng maiinom sa mga sirang sisidlan ng sanlibutang ito, ay ganito ang pabalitang ipinadala ng Diyos: "Ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuhang walang bayad ng tubig ng buhay." Apokalipsis 22:17. {PK 35.2}

Hingin ang tulong ng diyos

Kayong may pusong nauuhaw sa bagay na lalong mabuti kay sa maibibigay ng sanlibutang ito ay kilalanin ninyo na ang kauhawang ito ay siyang tinig ng Diyos na nagsasalita sa inyong kaluluwa. Hingin ninyo sa Kanyang bigyan kayo ng pagsisisi, at ipakita sa inyo si Kristo sa hindi matingkalang pag-ibig, at sa sakdal na kadalisayan Niya. Sa kabuhayan ng Tagapagligtas ang mga simulain ng kautusan ng Diyos—ang pag-ibig sa Diyos at sa tao—ay

ganap na nahayag ang kagandahang-loob at mapagbigay na pag-ibig na siyang buhay ng Kanyang kaluluwa. Sa pagtingin natin sa Tagapagligtas, at pagtama sa atin ng liwanag na nagbubuhat sa Kanya, ay nakikita natin ang kasamaan ng ating mga puso. {PK 36.1}

Huwag purihin ang sarili

Maaaring, tulad ni Nikodemo, ay tinapik-tapik natin ang ating sarili, na sinasabi nating matuwid ang ating kabuhayan at wasto ang ating asal, at inaakala nating hindi na kailangang papagpakumbabain pa ang ating mga puso sa harapan ng Diyos, gaya ng marapat gawin ng karaniwang makasalanan; datapuwa't pagka sumisilay sa loob ng ating puso ang liwanag na nagmumula kay Kristo, ay makikita natin kung gaano karumi nga tayo; mapagkikilala natin ang kasakiman ng ating layunin, at ang pakikialit natin sa Diyos, na dumungis sa bawa't kilos natin. Kung magkagayo'y makikilala nating katulad nga lamang ng maruruming basahan ang ating sariling katuwiran, at ang dugo lamang ni Kristo ang makahuhugas sa dungis ng ating mga kasalanan, at makababago ng ating mga puso upang mawangis sa Kanya. {PK 37.1}

Kung makita ng makasalanan ang sarili

Ang isang sinag ng kaluwalhatian ng Diyos, at ang isang kislap ng kadalisayan ni Kristo, na lumagos sa kaluluwa, ay mahapding naglalantad ng bawa't patak ng karumihan, at nagbibilad ng kapintasan at buktot na likas ng tao. Pinalilitaw ang mga walang kabanalang pita, ang kataksilan ng puso, at ang karumihan ng mga labi. Ang pagtataksil ng makasalanan na niwawalang kabuluhan ang kautusan ng Diyos, ay ganap niyang nakikilala at ang diwa niya ay nahirapan, at nasasaktan ng masaliksik na impluensiya ng Espiritu ng Diyos. Kinasusuklaman niya ang kanyang sarili, samantalang tinitingnan niya ang dalisay at walang dungis na likas ni Kristo. {PK 37.2}

Nang matanaw ni propeta Daniel ang kaluwalhatiang bumibilot sa sugong taga-langit na inutusan sa kanya, nanghina siya dahil sa nakilala niya ang kanyang kahinaan at kakulangan. Nang isalaysay niya ang nagawa sa kanya ng kahanga-hangang tanawin, ay ganito ang kanyang sinabi: "Nawalan ako ng lakas; sapagka't ang aking kagandahan ay umuwi sa kasiraan at walang nanatiling lakas sa akin." Daniel 10:8. Ang kaluluwang nakilos ng ganiyan ay mapopoot sa kanyang kasakiman, masusuklam sa kanyang pagkamakasarili at sa pamamagitan ng katuwiran ni Kristo, ay magsisikap na magtamo ng malinis na pusong kaayon ng kautusan ng Diyos at ng likas ni Kristo. {PK 38.1}

Karanasan ni pablo

Sinasabi ni Pablo, na "tungkol sa kabanalan na nasa kautusan"—kung ang pag-uusapan ay ang mga gawang nahahayag lamang—siya ay "walang kapintasan" (Filipos 3:6); datapuwa't nang matanaw niya ang likas na ukol sa espiritu ng kautusan, ay nakita niyang siya'y isang makasalanan. Kung hahatulan ng ayon sa titik ng kautusan, gaya ng ginagawang paggamil dito ng mga tao sa hayag na kabuhayan siya ay hindi nagkasala; datapuwa't nang tingnan niya ang mga kalaliman ng banal na iniaatas ng kautusang ito, at nang makila niya

ang kanyang sarili gaya ng pagkakita sa kanya ng Diyos, siya'y tumungong nagpapakumbaba, at nagpahayag ng kanyang kasalanan. Ganito ang kanyang sinasabi: "Nang isang panahon, ako'y nabubuhay na walang kautusan: datapuwa't nang dumating ang utos ay muling nabuhay ang kasalanan, at ako'y namatay." Roma 7:9. Nang makita niya ang likas na ukol sa espiritu ng kautusan, ay lumitaw ang kasalanan ayon sa tunay na kasuklam-suklam na kalagayan, at nawala ang kanyang pagmamapuri. {PK 38.2}

May iba't-ibang timbang ang kasalanan

Hindi ipinalalagay ng Diyos na magkakasimbigat ang lahat ng kasalanan; sa Kanyang palagay, na gaya ng sa tao, ay may iba't-ibang timbang ang kasalanan, nguni't maging gaano man kaliit ang kamaliang ito at ang kamalian iyon sa pan ingin ng mga tao, ay walang kasalanang maliit sa paningin ng Diyos. Ang hatol ng tao ay may kinikilingan at hindi ganap; subali't ibinibilang ng Diyos ang lahat ng bagay ayon sa tunay nilang kalagayan. Hinahamak ng tao ang manglalasing, at pinagsasabihan na ang kasalanan niya ang sa kanya'y maglalabas sa langit; samantalang ang kapalaluan, kasakiman, at pag-iimbot ay madalas na pinababayaang hindi sinasaway. Datapuwa't iyan ang mga kasalanang labang-laban sa Diyos; sapagka't mga kaaway ng kanyang likas na magandang loob, ng pagibig na di mapag-imbot, na siyang malayang pinaiiral sa sandaigdigang hindi nagkasala. Siyang nahuhulog sa nakahihiyang kasalanan ay maaaring makaramdam ng kahihiyan at karalitaan at ng pagkukulang niya sa biyaya ni Kristo; subali't ang kapalaluan ay hindi nakakaramdam ng anumang pangangailangan, kaya't ipininid nito ang kanyang puso upang huwag makapasok si Kristo, at ang walang katumbas na mga pagpapalang ipinarito Niya upang ibigay. {PK 39.1}

Vaong kaawa-awang maniningil ng buwis na dumalangin, "Diyos, Ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan" (Lukas 18:13), ay nagpalagay na ang kanyang sarili ay napakasamang tao, at gayon din ang palagay sa kanyang pangangailangan, at pasan ang kanyang kasalanan at kahihiyan ay humarap siya sa Diyos, at humingi ng awa. Bukas ang kanyang puso upang magawa ng Espiritu ng Diyos ang mabiyayang gawa, at mapalaya siya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Yaong palalo at mapag-aring matuwid na panalangin ng Pariseo ay nagpakilalang napipinid ang kanyang puso laban sa impluensiya ng Banal na Espiritu. Dahil sa kalayuan niya sa Diyos, ay hindi niya nakilala ang kanyang karumihan, na katuwas ng wagas na kabanalan ng Diyos. Wala siyang naramdamang anumang pangangailangan, at wala siyang tinanggap na anuman. {PK 41.1}

Huwag maghintay na bumuti ang sarili bago magsisi

Kung makita ninyo ang inyong pagkamakasalanan, huwag ninyong hintayin pang bumuti ang inyong sarili. Kayrami ng nag-aakalang hindi pa sila mababuti para makalapit kay Kristo! Inaasahan ba ninninyo ang bumuti sa pamamagitan ng sariling mga pagsisikap? "Makapagbabago baga ang Etiope ng kanyang balat, o ang leopardo ng kanyang batik? kung magkagayo'y mangakagagawa naman kayo ng mabuti, na mga bihasang gumawa ng

masama?" Jeremias 13: 23. Sa Diyos lamang naroroon ang tulong para sa atin. Huwag na nating hintayin pa ang lalong malakas na pag-akit, ang lalong mabuting pagkakataon, o ang lalong banal na pagkahinahon. Wala tayong magagawa sa ganang ating sarili. Dapat tayong lumapit kay Kristo sa talaga nating kalagayan. {PK 41.2}

Datapuwa't huwag dayain ng sinuman ang kanyang sarili sa pag-aakalang dahil sa malaki ang pag-ibig at habag ng Diyos, ay ililigtas na Niya pati ang nangagsitakwil sa Kanyang biyaya. Ang napakalabis na kasamaan ng kasalanan ay nasusukat sa liwanag lamang ng krus. Kapag iginigiit ng mga tao, na ang Diyos ay lubhang napakabuti na anupa't hindi Niya babayaang mapahamak ang makasalanan, tumingin sana sila sa Kalbariyo. Sapagka't liban doon ay wala ng paraan pang magagawa upang mailigtas ang tao, sa dahilang kung walang ganilong hain, ay hindi makaiiwas ang sangkatauhan sa nakapagpapahamak na kapangyarihan ng kasalanan, at hindi rin maibabalik sa lipunan ng mga banal na nilalang—hindi mangyayaring sila'y muling tumanggap ng buhay na ukol sa espiritu—dahil nga dito, kung kaya pinasan ni Kristo ang kasalanan ng masuwayin, at nagbatang kahalili ng makasalanan. Ang pag-ibig, pagbabata, at pagkamatay ng Anak ng Diyos, ay pawang nagpapatotoo ng kakila-kilabot na kalakihan ng kasalanan, at nagpapahayag na walang paraan upang malayuan ang kapangyarihan nito, at walang pag-asa sa lalong malinis na kabuhayan, kundi sa pamamagitan nga lamang ng pagpapakupkop ng kaluluwa kay Kristo. {PK 42.1}

Walang kabuluhang dahilan

Maminsan-minsan ay nagdadahilan ang mga ayaw magsisi sa pagsasabi ng ganito, tungkol sa mga taong nagbabansag na Kristiyano: "Ako man ay kasimbuti nila. Sila'y hindi hihigit sa akin kung sa pagpipigil, sa kahinahunan, o sa pagkamaingat sa kabuhayan. Sila'y maibigin sa kalayawan at mga mapagmalabis na gaya ko rin." Sa gayo'y ang mga pagkukulang ng mga iba ay ginagawa nilang dahilan sa hindi nila pagganap ng kanilang tungkulin. Subali't ang mga kasalanan at mga kapintasan ng mga iba ay hindi nagbibigay-laya sa kanino man; sapagka't hindi tayo binigyan ng Panginoon ng isang nagkakamali at makataong huwaran. Ang walang dungis na Anak ng Diyos ang ibinigay na huwaran natin, at ang mga tumututol dahil sa mga maling gawa ng mga taong nagbabansag na Kristiyano, ay siyang mga dapat magpakita ng lalong mabubuting kabuhayan at mararangal na halimbawa. Kung malaki ang kanilang pagkakilala tungkol sa kung ano ang dapat asahan sa isang Kristiyano, hindi baga lalong mabigat ang kanilang kasalanan? Naaalaman nila ang matuwid, datapuwa't ayaw nilang gawin. {PK 42.2}

Mag-ingat sa pagpapaliban

Mag-ingat kayo sa pagpapaliban. Huwag ninyong ipagpaibang araw ang pagwawaksi ng inyong mga kasalanan, at paglilinis ng inyong puso, sa pamamagitan ni Jesus. Dito nagkakamali ang libu-libo, pagkakamaling ikinawawaglit nila magpakailan man. Hindi ko na pag-uukulan dito ang kaiklian at di-kapanatagan ng buhay; subali't may isang kakila-kilabot na kapanganiban—isang kapanganibang hindi ganap na nauunawa—sa pagpapaliban ng

pagpapasakop sa mga panawagan ng Banal na Espiritu ng Diyos, at pagpili sa kabuhayang makasalanan; sapagka't iyan nga ang kinauuwian ng ganiyang pagpapaliban. Ang kasalanan gaano mang liit sa ating palagay, ay maaari lamang pagpasasaan sa ikapapahamak magpakailan man. Ang hindi natin dinadaig ang dadaig sa atin, at siyang sa atin ay magpapahamak. {PK 43.1}

Walang maliit na kasalanan

Pinapaniwala ni Adan at ni Eva ang kanilang sarili, na sa napakaliit na bagay lamang na gaya ng pagkain ng bungang ipinagbawal ay hindi daraling ang gayong mga kakila-kilabot na kapahamakang ipinahayag ng Diyos. Datapuwa't ang maliit na bagay na iyon ay paglabag sa hindi mababago at banal na kautusan ng Diyos, at iyon ang naghiwalay sa tao sa Diyos, at nagbukas ng malalaking pinto ng kamatayan at di mabilang na kahirapan sa ating sanlibutan. Sa bawa't panahon ay umiilanglang mula sa ating sanlibutan ang isang patuloy na daing ng kadalamhatian at ang buong nilalang ay dumadaing at nagdaramdam sa sakit na bunga ng pagsuway ng tao. Ang langit man ay nakaramdam ng mga nagawa ng paghihimagsik ng tao sa Diyos. Ang Kalbariyo ay tumatayong pinaka-alaala ng napakalaking paghahaing kinailangan upang malunasan ang bunga ng pagkasalansang sa kautusan ng Diyos. Huwag nga nating ipalagay na isang maliit na bagay lamang ang kasalanan. {PK 44.1}

Ang kasalanan ay may pagtauli

Bawa't gawang pagsalansang, bawa't pagwawalang bahala o pagtanggi sa biyaya ni Kristo, ay may pagtauli sa inyong sarili; pinatitigas ang inyong puso, ipinanganganyaya ang inyong kalooban, pinapamamanhid ang inyong pagkakilala, at hindi lamang pinipigil kayo sa hangad na pakupkop, kundi pinapanghihina rin naman kayo upang hindi ninyo magawa ang pakupkop sa malumanay na pamamanhik ng Banal na Espiritu ng Diyos. {PK 44.2}

Mapanganib na gawain

Pinatatahimik ng marami ang kanilang budhing dimapalagay sa pag-aakalang mababago nila ang sariling hilig na masama, kailan ma't kanilang ibigin, inaakala nilang mangyayaring mapaglaruan na muna ang ipinag-aanyayang awa, at sa dakong huli, kung makilos ang puso'y saka magsisisi. Inaakala nilang pagkatapos na mapighati ang Espiritu ng biyaya, pagkatapos na maipanig ang kanilang kapangyarihan kay Satanas, ay mababago pa nila ang kanilang daan pagdating ng isang sandali ng mapanganib na kagipitan. Datapuwa't iyan ay hindi napakadaling gawin. Ang naranasan at ang natutuhan sa buong buhay, ay siyang ganap na humuhugis ng likas, na anupa't iilan na lamang ang magnanasa pang tumanggap ng wangis ni Jesus. {PK 45.1}

Nakahihilakbot na babala

Kahi'l isang masamang likas, o isang makasalanang hangad, pagka palaging kinikimkim sa puso, ay siyang nagpapawalang-anuman sa kapangyarihan ng ebanghelyo. Bawa't kasalanang ulit at ulit na ginagawa ay nagpapatabang ng loob ng tao sa Diyos. Ang taong

nagpapakita ng katigasan ng loob gaya ng isang walang pananampalataya, o nagpapakilala ng makunat na pagwawalang bahala sa banal na katotohanan, ay nag-aani lamang ng bunga ng kanyang inihasik. Sa buong Biblia ay wala ng lalong nakahihilakbot na babalang laban sa pakikipaglaro sa kasamaan, kay sa mga pangungusap ng pantas, na ang makasalanan ay "matatalian ng mga panali ng kanyang kasalanan." Kawikaan 5:22. {PK 45.2}

Gamitin ang kalooban

Si Kristo'y nahahandang magpalaya sa atin mula sa kasalanan, nguni't hindi Niya pinipilit ang ating kalooban. Kung sa pamimihasa sa pagsalansang ay nahihilig na pati ang ating kalooban sa paggawa ng kasamaan, at hindi na natin ninanasang lumaya, kung ayaw na nating tanggapin ang Kanyang biyaya, ano pa ang magagawa Niya? Tayo na rin ang nagpahamak sa ating sarili dahil sa matigas nating pagtanggi sa Kanyang pag-ibig. "Narito, ngayon ang panahong ukol; narito, ngayon ang araw ng pagliligtas." 2 Corinto 6:2. "Ngayon kung marinig ninyo ang Kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso." Hebreo 3:7, 8. {PK 46.1}

Binabasa ng diyos ang ating puso

"Ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni't ang Panginoon ay tumitingin sa puso" (1 Samuel 16:7), sa puso ng taong kinapapalooban ng nagpapangagaw na tuwa at lungkot, pusong lagalag at naliligaw na pinamamahayan ng napakaraming karumihan at pagdaraya. Alam ng Diyos ang mga nasa, adhika at layunin ng pusong ito. Dumulog nga kayo sa Kanya, kahi't na marumi ang inyong kaluluwa. Gaya ng mang-aawit ay buksan ninyo ang mga pitak ng inyong puso sa matang hindi mapagkukublihan ng anumang bagay, at inyong sabihin: "Siyasatin Mo ako, Oh Diyos, at alamin Mo ang aking puso; subukin Mo ako at alamin Mo ang aking mga pag-iisip; at tingnan Mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin at patnubayan Mo ako sa daang walang-hanggan." Awit 139:23,24. {PK 46.2}

Marami ang tumatanggap ng relihion sa isipan, na isang anyo ng kabanalan, samantala'y ang puso ay hindi nalilinis. Ganito ang inyong idalangin: "Likhaan Mo ako ng isang malinis na puso, Oh Diyos: at magbago Ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko." Awit 51:10. Tapat na pakitunguhan ninyo ang inyong sariling kaluluwa. Kayo'y maging masigasig at mapilit gaya ng inyong gagawin kung nabibingit sa panganib ang inyong buhay. Ilo'y isang bagay na dapat pasiyahan ng inyong kaluluwa at ng Diyos, mabigyang pasiya magpakailan man. Ang ipinalalagay na pag-asa, at hindi hihigit sa palagay lamang, ay siyang magpapahamak sa inyo. {PK 47.1}

Kailangan ang pagdalangin

Pag-aralan ninyo ang salita ng Diyos na may pananalangin. Sa pamamagitan ng kautusan ng Diyos at ng kabuhayan ni Kristo ay inihaharap sa inyo ng salitang iyan ang mga dakilang simulain ng kabanalan, na kung wala ng mga iyan "sinuman ay di makakikita sa Panginoon." Hebreo 12:14. Ipinakikilala nito [ng salita ng Diyos] ng maliwanag ang kasalanan sa

nagkasala, malinaw na itinuturo ang daan ng kaligtasan. Pakinggan nga ninyong tulad sa tinig ng Diyos na nagsasalita sa inyong kaluluwa. {PK 47.2}

Pagkakita ninyo sa laki ng inyong kasalanan, pagkakita ninyo sa tunay ninyong kalagayan, ay huwag kayong mawalang-pag-asa. Mga makasalanan ang pinarituhan ni Kristo upang iligtas. Hindi natin pinakikipagkasundo ang Diyos sa atin, kundi—Oh kagila-gilalas na pag-ibig!—"Ang Diyos kay Kristo ay pinakipag kasundo ang sanlibutan sa Kanya rin." 2 Corinto 5:19. Sa pamamagitan ng Kanyang malumanay na pag-ibig ay sinusuyo Niya ang mga puso ng namamali Niyang mga anak. Dito sa lupa ay walang pagtitiis ng magulang sa mga pagkukulang at mga pagkakamali ng Kanyang mga anak, na matutulad sa pagtitiis ng Diyos sa mga taong pinagsisikapan Niyang iligtas. Wala sinumang makatutulad sa Kanyang banayad na panunuyo sa mananalansang. Walang labi ng tao na pinamutawihan kailan man ng mga maibiging pagsuyo sa naliligaw ng higit sa Kanya. Ang lahat Niyang pangako at ang lahat Niyang babala, ay mga pahayag lamang ng kanyang di-mabigkas na pag-ibig. {PK 47.3}

Kung nanglulupaypay

Pagka sa inyo'y lumapit si Satanas upang sabihing kayo'y napakasamang makasalanan, tumingala kayo sa inyong Manunubos, at sabihin ninyo ang mga kagalingan Niya. Ang pagtingin sa Kanyang liwanag ang tutulong sa inyo. Kilalanin ninyo ang inyong kasalanan, nguni't sabihin ninyo sa kaaway na: "Si Kristo Jesus ay naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan" (1 Timoteo 1:15), at upang kayo'y mailigtas ng Kanyang walang kapantay na pag-ibig. Tinanong ni Jesus si Simon tungkol sa dalawang may utang. Ang una ay may utang sa kanyang panginoon na maliit na halaga, at ang ikalawa ay malaking halaga; datapuwa't kapuwa niya pinatawad, at ngayo'y itinanong ni Kristo kay Simon kung sino sa dalawang may utang ang iibig ng malaki sa kanyang panginoon. Sumagot si Simon: "Yaong pinatawad niya ng lalong malaki." Lukas 7:43. Tayong lahat naman ay totoong makasalanan nguni't namatay si Kristo upang tayo'y mapatawad. Ang mga karapatan ng Kanyang sakripisiyo ay sapat nang iharap sa Ama patungkol sa atin. Ang mga pinatawad Niya ng malaki ay siyang iibig sa Kanya ng malaki at magiging pinakamalapit sa Kanyang luklukan upang magpuri sa Kanya, dahil sa malaki Niyang pag-ibig at walang katumbas na pagpapakasakit. Kung kailan ganap nating nauunawa ang pag-ibig ng Diyos ay saka naman natin malinaw na napagkikilala ang kasamaan ng kasalanan. Pagka nakikita natin ang haba ng tanikalang ilinalawit para sa atin, pagka nauunawa natin ang hindi matutumbasang pagpapakasakit na ginawa ni Kristo patungkol sa atin, pinalalambot ang ating puso ng pagkahabag at pagsisisi. {PK 48.1}

Kabanata 4—Pagpapahayag ng Kasalanan

"Siyang nagtatakip ng kanyang mga pagsalansang ay hindi giginhawa: nguni't ang nagpapahayag at nag-iiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan." Kawikaan 28:13. {PK 51.1}

Ang mga kondisyon upang matanggap ang awa ng Diyos ay magaan at naaayon sa matuwid. Hindi tayo pinagagawa ng Panginoon ng mabibigat na bagay upang tamuhin natin ang kapatawaran ng kasalanan. Hindi na kinakailangang magpakapagod tayong maglakbay sa malayo o gumawa ng malaking penitensiya, upang maipagtagubilin ang ating mga kaluluwa sa Diyos ng langit o matubos kaya ang ating pagsalansang; kundi siyang nagpapahayag at nag-iiwan ng kanyang kasalanan ay magtatamo ng awa. {PK 51.2}

Anang apostol: "Mangagpahayagan nga kayo sa isa'l isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling." Santiago 5:16. Ipagtapat ninyo sa Diyos ang inyong mga kasalanan, na siya lamang ang makapagpapatawad, at pagkatapos ay ang inyong mga kamalian sa isa't isa. Kung kayo'y nakagawa ng ikinatisod ng inyong kaibigan o kapitbahay, ay dapat ninyong kilalanin ang inyong kamalian, at tungkulin naman niyang kayo'y patawarin. At pagkatapos ay humingi kayo sa Diyos ng kapatawaran, sapagka't ang kapatid na inyong sinugatan ay ari ng Diyos, at sa pagsugat ninyo sa kanya ay nagkasala kayo sa Lumalang at Tumubos sa kanya. Ang ganyang kalagayan ay napapaharap sa tanging tunay na Tagapamagitan, na siya nating Dakilang Saserdote, na "Tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayon may walang kasalanan," at "nahahabag sa ating mga kahinaan" (Hebreo 4:15), at makalilinis ng bawa't dungis ng katampalasanan. {PK 51.3}

Ang unang kondisyon sa pagpapatawad

Ang mga hindi nagpapakababa sa harapan ng Diyos sa pagkilala sa kanilang kasalanan, ay hindi pa nakatutupad sa unang kondisyon upang sila'y matanggap. Pagka hindi natin naranasan yaong pagsisising hindi natin pagsisisihan, at hindi tayo nagpahayag ng ating mga kasalanan, na taglay ang tunay na pagpapakababa at pagkabagbag ng kalooban at nasusuklam sa kasamaan natin, ay hindi pa tunay na hinihingi natin ang kapatawaran ng ating kasalanan; at pagka hindi pa natin hinihingi ay hindi pa natin natatagpuan ang kapayapaang buhat sa Diyos. Ang tanging kadahilanan, kung kaya hindi natin tinamo ang kapatawaran sa ating nagawang mga kasalanan ng nakaraan ay dahil sa ayaw nating papagpakumbabain ang ating mga puso ni ganapin ang mga kondisyong itinatadhana ng salita ng katotohanan. Tungkol sa bagay na ito ay malinaw ang itinuturo. Ang pagpapahayag ng kasalanan, maging sa hayag o sa lihim man, ay dapat na maging taos-puso, at sabihin ng malaya. Ito'y hindi dapat ipilit sa nagkasala. Hindi dapat gawin sa isang pabiro at walang ingat na paraan, o ipilit man kaya roon sa mga hindi nakababatid ng kamuhi-muhing likas ng kasalanan. Ang pagpapahayag na siyang pagbubuhos ng buong linalaman ng puso, ay umaabot sa Diyos na walang-hanggan ang kaawaan. Ganito ang sabi ng mang-aawit: "Ang Panginoon ay malapit sa kanila na may bagbag na puso, at inililigtas ang mga may pagsisising diwa." Awit 34:18. {PK 52.1}

Ang tunay na pagpapahayag ng kasalanan ay palaging tapat at tiyak, na inaaming isa-isa ang mga kasalanan. Maaaring ang mga kasalanang iyan ay may uring sa Diyos lamang dapat sabihin; maaari namang iyan ay mga kasalanang dapat ipahayag sa bawa't taong pinagkasalanan; o kaya'y may kinalaman sa madla, at sa gayon ay kailangang ipahayag sa harap ng marami. Datapuwa't ang lahat ng pagpapahayag ay dapat maging malinaw at tiyak, na inaamin ang bawa't kasalanang nagawa. {PK 53.1}

Nang kaarawan ni samuel

Nang mga kaarawan ni Samuel, ay lumayo sa Diyos ang angkan ni Israel. Nangagbata sila ng mga ibinunga ng kanilang kasalanan; sapagka't nawala ang kanilang pananampalataya sa Diyos, nawala ang kanilang pagkakilala sa Kanyang kapangyarihan at karunungang magpuno sa bansa, nawala ang kanilang pagtitiwala sa Kanyang kakayahang ipagtanggol at ipakitang matuwid ang Kanyang gawain. Tinalikdan nila ang dakilang Hari ng santinakpan, at hinangad na sila'y paghariang gaya ng mga kalapit-bansa. Bago sila nagkaroon ng kapayapaan, ay ganito muna ang tiyak nilang ipinahayag: "Aming idinagdag sa lahat ng aming mga kasalanan ang kasamaang ilo, na humingi kami para sa amin ng isang hari." 1 Samuel 12:19. Ang kasalanang kinikilala nila ay dapat nilang ipahayag. Ang di nila pagkilala sa utang na loob ang siyang nagpahirap sa kanilang mga kaluluwa, at naghiwalay sa kanila sa Diyos. {PK 53.2}

Ang pagpapahayag ay dapat makasama ng pagsisisi at pagbabago

Ang pagpapahayag ng kasalanan ay hindi tatanggapin ng Diyos kung walang wagas na pagsisisi at pagbabago. Kinakailangang magkaroon ng maliwanag na mga pagbabago sa kabuhayan; ang lahat ng bagay na kapoot-poot sa Diyos ay kailangang iwaksi. Iyan ang ibubunga ng tunay na pagkalungkot dahil sa kasalanan. Ang kinakailangan nating gawin ay malinaw na ipinakikilala sa ganitong mga pangungusap sa atin: "Mangaghugas kayo, mangaglinis kayo; alisin ninyo ang kasamaan ng inyong mga gawa sa harap ng aking mga mata; mangaglikat kayo ng paggawa ng kasamaan; mangatuto kayong magsigawa ng mabuti; inyong hanapin ang kahatulan, inyong saklolohan ang napipighati, inyong hatulan ang ulila, ipagsanggalang ninyo ang babaeng bao." Isaias 1:16,17. "Kung isauli ng masama ang sangla, ibigay uli ang kinuha sa pagnanakaw, lumakad sa palatuntunan ng buhay, na di gumagawa ng kasamaan; siya'y walang pagsalang mababuhay, siya'y hindi mamamatay." Ezekiel 33:15. Nang salitain ni apostol Pablo ang tungkol sa nagagawa ng pagsisisi, ay ganito ang sinabi niya: "Ito rin ang inyong ikinalulumbay ayon sa Diyos, gaanong sikap na pag-iingat ang sa inyo'y ginawa, oo't gaanong pagtatanggol ng inyong sarili, oo't gaanong pagkagalit, oo't gaanong katakutan, oo't gaanong pananabik, oo't gaanong pagmamalasakit, oo't gaanong paghihiganti! Sa lahat ay napakita kayong dalisay sa mga bagay na ito." 2 Corinto 7:11. {PK 54.1}

Pagka nabulag na ng kasalanan ang pagkakilala ng tao sa magaling at sa masama, ay hindi na nakikita ng nagkasala ang mga kapintasan ng kanyang likas, o nakikilala man niya ang laki

ng nagawa niyang kasamaan; at malibang siya'y pahinuhod sa sumusumbat na kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ay mananatili siya sa malabong pagkabatid sa kanyang kasalanan. Ang kanyang pagpapahayag ng kasalanan ay hindi tapat at hindi taos sa kanyang puso. Sa tuwi niyang aaminin ang kanyang kasalanan ay may iminamatuwid kung bakit siya nakagawa ng gayon, at kanyang sinasabing kung hindi lamang sa gayon o ganitong mga pangyayari, sana'y hindi niya nagawa ang gayo't ganito, na dahil dito'y sinaway siya. {PK 55.1}

Maling uri ng pagpapahayag

Nang makain na ni Adan at ni Eva ang bunga ng kahoy na ipinagbawal ay napuno sila ng hiya at takot. Ang una nilang naisip ay kung paano nila mapangangatuwiranan ang kanilang kasalanan upang sila'y makaiwas sa nakahihilakbot na hatol na kamatayan. Nang sila'y tanungin ng Panginoon tungkol sa kanilang pagkakasala, ay tumugon si Adan, na ipinaratang niya sa Diyos ang isang bahagi ng kasalanan at sa kanyang kasama ang isang bahagi, na sinabi: "Ang babaeng ibinigay Mong aking kasamahin, ay siyang nagbigay sa akin ng bunga ng punong-kahoy, at aking kinain." Ang sisi ay ibinabaw naman ng babae sa ahas, na sinabi: "Dinaya ako ng ahas, at ako'y kumain." Genesis 3:12, 13. Bakit Mo ginawa ang ahas? Bakit Mo pinahintulutan siyang makaparito sa Eden? Ito ang mga katanungang nakapaloob sa kanyang mga ikinatuwiran sa kanyang pagkakasala sa gayo'y binubuhatan ang Diyos na may kasalanan sa pagkapahamak na nangyari sa kanila. Ang diwa ng pag-aaring-ganap sa sarili ay nanggaling sa ama ng mga kasinungalingan, at inihayag naman ng lahat ng lalaki at babaeng anak ni Adan. Ang ganitong mga pagpapahayag ng kasalanan ay hindi udyok ng Banal na Espirilu, at hindi magiging kalugud-lugod sa Diyos. Ang tunay na pagsisisi ay siyang aakay sa tao na kanyang pasanin ang sariling kasalanan, at kilalanin ito ng walang daya o pagpapaimbabaw. Tulad niyaong kaawa-awang maniningil ng buwis, na hindi man lamang makatingin sa langit, sisigaw siya ng wikang: "Diyos, Ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan," at lahat ng kumikilala ng kanilang mga kasalanan ay aariing matuwid; sapagka't ihaharap ni Jesus ang Kanyang dugo patungkol sa taong nagsisisi. {PK 55.2}

Halimbawa ng tunay na pagsisisi

Ang mga halimbawang natatala sa salita ng Diyos tungkol sa tunay na pagsisisi at pagpapakababa ay nag papakilala ng isang diwa ng pagpapahayag ng kasalanan, na hubad sa pagdadahilan sa pagkakasala, o pagsisikap na ariing ganap ang sarili. Hindi sinikap ni Pablo na ipagtanggol ang kanyang sarili; iginuhit niya ng napakaitim ang kanyang kasalanan, na hindi man lamang niya sinikap na ariing maliit ang kanyang pagkakasala. Ang wika niya: "Kinulong ko sa mga bilangguan ang marami sa mga banal, pagkatanggap ko ng kapamahalaan sa mga pangulong saserdote, at nang sila'y ipinapapatay, ay ibinibigay ko ang aking pagsangayon laban sa kanila. At madalas sa pagpaparusa ko sa kanila sa lahat ng sinagoga, ay pinipilit ko silang magsipamusong; at sa totoong pagkagalit ko sa kanila, ay sila'y pinag-uusig ko hanggang sa mga bayan ng ibang lupain." Gawa 26:10, 11. {PK 56.1}

Hindi siya nag-atubiling magsabi na: “Si Kristo ay naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan; na ako ang una sa kanila.” 1 Timoteo 1:15. {PK 57.1}

Ang nagpapakumbaba at bagbag na puso, na pinapangayupapa ng tapat na pagsisisi, ay magpapahalaga sa pag-ibig ng Diyos at sa pagpapakasakit ni Kristo sa Kalbariyo; at kung paano na ang isang anak ay nagpapahayag ng kanyang kasalanan sa magiliwin niyang ama, gayon din ang gagawin ng lahat ng tunay na nagsisisi sa harap ng Diyos. At nasusulat: “Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo’y patatawarin sa ating mga kasalanan at tayo’y lilinisin sa lahat ng kalikuan.” 1 Juan 1:9. {PK 57.2}

Kabanata 5—Pagtatalaga

Ang pangako ng Diyos ay: “Inyong hahana-pin Ako, at masusumpungan Ako, pagka inyong sisiyasatin Ako ng inyong buong puso.” Jeremias 29:13. {PK 59.1}

Ang buong puso ay kailangang ipakupkop sa Diyos, kung dili ay hindi mangyayari sa atin ang pagbabago na sa pamamagitan niyao’y masasauli tayo sa Kanyang wangis. Sa katutubo ay mga hiwalay tayo sa Diyos. Inilalarawan ng Banal na Espiritu ang ating kalagayan sa ganitong mga pangungusap: “Mga patay dahil sa inyong mga pagsalansang at mga kasalanan;” “ang buong ulo ay masakit, at ang buong puso ay nanglulupaypay;” “walang kagalingan.” Huling-huli tayo ng mga pakana ni Satanas; “na bumihag ... ayon sa kanyang kalooban.” Efeso 2:1; Isaias 1:5,6; 2 Timoteo 2:26. Ninanais ng Diyos na tayo’y pagalingin, at tayo’y palayain. Subali’t dahil sa ito’y nangangailangan ng isang ganap na pagbabago, pagbabago ng ating buong pagkatao, ay nararapat na lubos nating ipakupkop sa Kanya ang ating mga sarili. {PK 59.2}

Ang pakikibaka sa sarili ay siyang pinakamalaki sa lahat ng pakikipaglaban. Ang pagpapakupkop ng sarili, na isinusuko ang lahat sa kalooban ng Diyos, ay nangangailangan ng isang pakikipagpunyagi; nguni’t dapat sumuko sa Diyos ang kaluluwa bago ito magkaroon ng kabanalan. {PK 59.3}

Ang pamahalaan ng Diyos ay hindi gaya ng ipinakilala ni Satanas, na nasasalig sa isang bulag na pagsunod at walang katuwirang pamamahala. Ito’y tumatawag sa pag-iisip at sa budhi. “Magsiparito kayo ngayon, at tayo’y magkatuwiranan” (Isaias 1:18), ang paanyaya ng Diyos sa mga taong nilikha Niya. Hindi pinipilit ng Diyos ang kalooban ng Kanyang mga nilalang. Hindi Niya matatanggap ang isang pagsambang hindi bukal sa puso at hindi iniisip. Ang hamak na pagpapakupkop na pilit lamang ay siyang pipigil sa lahat ng tunay na paglusog ng pag-iisip o ng likas; gagawin niyan ang tao na isang makina. Hindi ganyang ang adhika ng Maykapal. Ninanais Niyang ang tao, na siyang pinaka mabuting bunga ng Kanyang kapangyarihang paglalang, ay makaabot sa tugatog ng pagkasulong. Iniharap Niya sa atin ang taas ng pagpapala na ninanais Niyang maabot natin sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Inaanyayahan Niya tayong ibigay natin sa Kanya ang ating mga sarili, upang magawa Niya sa atin ang Kanyang kalooban. Tayo ang pinapamimili Niya kung ibig nating lumaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan, at magtamo ng maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos. {PK 59.4}

Iwan ang lahat ng kasamaan

Sa pagbibigay natin ng ating mga sarili sa Diyos ay kinakailangang iwan natin ang lahat ng bagay na sa atin ay maghihiwalay sa Kanya. Kaya’t ang sabi ng Tagapagligtas: “Sino man sa inyo na hindi tumanggi sa lahat niyang tinatangkilik, ay di maaaring maging alagad Ko.” Lukas 14:33. Ano mang bagay na maglalayo ng puso sa Diyos ay dapat na talikdan. Salapi ang diyusdiyusan ng marami. Ang pag-ibig sa salapi, ang paghahangad na yumaman, ay siyang gintong tanikala na nakatali sa kanila kay Satanas. Ang kabantugan at karangalang

makasanlibutan ay sinasamba naman ng mga iba. Ang katamaran at pagpapabaya ang dinidiyos naman ng mga iba. Datapuwa't ang mga tanikalang ito ng pagkaalipin ay dapat patirin. Di maaaring tayo'y maging kalahati sa Panginoon at kalahati sa sanlibutan. {PK 60.1}

Kailangan ang lubusang pagpapasakop

Kung hindi lubusang tayo'y sa Diyos ay hindi Niya tayo mga anak. May mga taong nagbabansag na sila'y naglilingkod sa Diyos, samantalang nangagtitiwala sa kanilang sariling mga pagsisikap upang matupad ang Kanyang kautusan, magkaroon ng isang matuwid na likas, at magtamo ng kaligtasan. Ang kanilang puso ay hindi nakikilos ng anumang malalim na pagkadama sa pag-ibig ni Kristo, gayon ma'y sinisikap nilang maganap ang mga tungkulin ng buhay-Kristiyano na para bagang iniuutos sa kanila ng Diyos upang kamtin nila ang langit. Ang kanyang relihiyon ay walang anumang halaga. Kung si Kristo ang tumatahan sa puso ay mapupuno ang kaluluwa ng Kanyang pag-ibig at ng katuwaan na makipag-usap sa Kanya, na anupa't ito'y hindi na hihiwalay sa Kanya; at sa pagbubulaybulay tungkol kay Jesus, ay malilimutan ng tao ang sarili. Pag-ibig kay Kristo ang magbubunsod sa bawa't kilos. Yaong nakadarama ng umaakit na pagibig ng Diyos ay hindi nagtatanong kung gaano kaliit ang iiwan upang matugunan ang mga kahilingan ng Diyos; hindi nila hinihingi ang pinakamababang pamantayan, kundi minimithi nila ang ganap na pagayon sa kalooban ng sa kanila'y tumubos. Taglay ang maalab na hangad ay ipinasasakop nila ang lahat, at ipinakikita nila ang isang pag-ibig na katumbas ng halaga ng bagay na kanilang hinahanap. Ang pagpapanggap na Kristiyano na hubad sa taimtim na pag-ibig, ay bukang-bibig lamang, isang tuyong kapormalan, at mabigat na gawain. {PK 61.1}

Sagutin ang mga tanong na ito

Ipinalalagay ba ninyo na napakalaking pagsasakripisiyo ang ipakupkop ninyo kay Kristo ang lahat ng bagay? Itanong ninyo ito sa inyong sarili: "Ano ang ibinigay ni Kristo dahil sa akin?" Lahat ay ibinigay ng Anak ng Diyos—ang buhay at pag-ibig at pagbabata—sa ating ikatutubos. Maaatim ba nating ikait ang ating mga puso sa Kanya, tayong mga hindi karapat-dapat sa ganyang napakalaking pag-ibig. Sa tuwi-tuwina ay tumatanggap tayo ng mga pagpapala ng Kanyang biyaya, at dahil dito'y hindi natin ganap na nakikilala ang lalim ng kamangmangan at kadustaang pinaghanguan sa atin. Matitingnan baga natin Siyang inulos ng ating mga kasalanan, at gayon man ay hamakin pa ang buo Niyang pag-ibig at paghahandog ng Kanyang sarili? Sa harap ng walang kapantay na pagpapakababa ng Panginoon ng kaluwalhatian, ay magbubulungbulungan baga tayo, sapagka't sa pamamagitan lamang ng pakikilaban at pagpapakumbaba maaaring makapasok tayo sa buhay? {PK 62.1}

Ang katanungan ng maraming mapagmataas na puso ay ito: "Bakit pa ba kailangang magpenitensiya ako at mangayupapa bago ko kamtin ang pangakong ako'y tatanggapin ng Diyos?" Itinuturo ko sa inyo si Kristo. Siya'y walang kasalanan, at, higit pa sa rito'y Siya ang Pangulo ng sangkalangitan; datapuwa't inari Siyang salarin dahil sa sangkatauhan. Siya'y

“ibinilang na kasama ng mga mananalansang, ... dinala Niya ang kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalansang.” Isaias 53:12. {PK 62.2}

Nguni’t ano ang ibinibigay natin, kung ipagkaloob natin ang lahat?—Isang pusong dinumhan ng kasalanan, upang dalisayin ni Jesus, upang linisin ng Kanyang dugo, at iligtas ng Kanyang walang kahambing na pag-ibig. At gayon may inaakala ng mga tao na mahirap talikdan ang lahat! Ikinahihiya kong ito’y mapakinggan, ikinahihiya kong ito’y isulat. {PK 63.1}

Ang ating ikabubuti

Hindi hinihingi ng Diyos na ating iwaksi ang ano mang bagay na ikabubuti natin kung ating tangkilikin. Sa lahat ng Kanyang ginagawa ay inaalaala Niya ang ikabubuti ng Kanyang mga anak. Makilala nawa ng lahat ng hindi pa tumatanggap kay Kristo na mayroon Siyang iniaalay sa kanila na lalong mabuti kay sa sinisikap nilang matamo para sa kanilang mga sarili. Napakalaking kasiraan at kapahamakan ang ginagawa ng tao sa kanyang sariling kaluluwa, kung ang kanyang iniisip at ginagawa ay kalaban ng kalooban ng Diyos. Walang tunay na katuwaang matatagpuan sa landas na ipinagbabawal Niya na nakakaalam kung ano ang pinakamabuti at nagpapanukala ng ikabubuti ng Kanyang mga kinapal. Ang landas ng pagsalansang ay siyang landas ng kahirapan at pagkapahamak. {PK 63.2}

Kamalian ang akalaing nalulugod ang Diyos na makitang naghihirap ang Kanyang mga anak. Ang buong sankalangitan ay nagnanais na lumigaya ang tao. Hindi ipinipinid ng ating Amang nasa langit ang mga daan ng katuwaan sa alin mang nilalang Niya. Ang hinihingi sa atin ng Diyos ay talikdan natin yaong mga gawang pagmamalabis na magdudulot sa atin ng hirap at pagkabigo, at magpipinid ng pinto ng kaligayahan at ng kalangitan. Tinatanggap ng Manunubos ng sanlibutan ang mga tao anuman ang kanilang kalagayan, dala ang lahat nilang kakulangan, kapintasan, at kahinaan; at hindi lamang linilinis Niya sila sa kanilang kasalanan at nagbibigay ng katubusan sa pamamagitan ng Kanyang dugo, kundi bibigyan din naman Niya ng kasiyahan ang nasasabik na puso niyaong mga laang magpasan ng Kanyang pamatok, at magdala ng Kanyang pasanin. Ang Kanyang layunin ay magbigay ng kapayapaan at kapahingahan sa lahat ng lumalapit sa Kanya at humihingi ng tinapay ng buhay. At hinihingi Niyang ganapin natin yaon lamang mga tungkuling aakay sa ating mga hakbang sa mataas na dako ng kaligayahan na hindi maabot kailan man ng masuwayin. Ang tunay at maligayang kabuhayan ng kaluluwa ay ang mabuo si Kristo sa kalooban, na siyang pag-asa ng kaluwalhatian. {PK 63.3}

Paano ang pagsuko?

Marami ang nagtatanong: “Paano ko isusuko sa Diyos ang aking sarili?” Ibig ninyong ibigay sa Kanya ang inyong sarili, datapuwa’t mahina ang inyong kalooban, naaalipin kayo ng pag-aalinlangan, at pigil-pigil ng pinagkamihasnan ng inyong likong kabuhayan. Ang inyong mga pangako at kapasiyahan ay tulad sa mga lubid na buhangin. Hindi ninyo mapigil ang inyong mga pag-iisip, ang mga udyok ng inyong kalooban at ang inyong mga pagnanasa.

Pagka naalaala ninyo ang nasira ninyong mga pangako at napabayaang mga panata ay humihina ang inyong pagtitiwala sa inyong sariling katapatan, at ipinalalagay ninyo na kayo'y hindi matatanggap ng Diyos; datapuwa't huwag kayong mawalan ng pag-asa. Ang kinakailangan ninyong maalaman ay ang tunay na lakas ng loob. Iyan ang kapangyarihang naghahari sa katutubo ng tao, ang kapangyarihan ng pagpapasiya o ng pamimili. Lahat ay nasasalig sa matuwid na pagkilos ng kalooban. Ang kapangyarihan ng pamimili ay ibinigay ng Diyos sa mga tao; ito ay kanila upang gamitin. Hindi ninyo mababago ang inyong puso, at sa ganang inyo lamang ay hindi ninyo maibibigay sa Diyos ang pag-ibig ng pusong iyan, datapuwa't mapipili ninyo ang maglingkod sa Kanya. Maibibigay ninyo sa Kanya ang inyong kalooban, at kung magkagayo'y gagawa Siya sa inyo upang kayo'y magkusang gumawa ng ayon sa Kanyang mabuting kalooban. Sa ganya'y ang buo ninyong pagkatao ay sasa ilalim ng kapamahalaan ng Espiritu ni Kristo; Siya ang magiging hantungan ng inyong pagibig, at ang inyong mga pag-iisip ay magiging kasangayon Niya. {PK 64.1}

Hindi sapat ang magnasa

Ang mga pagnanasang bumuti at maging banal ay matuwid; datapuwa't pagka huminto na kayo rito, ay wala kayong mapapalang anuman. Marami ang mawawaglit, samantalang sila'y umaasa at nagnanasang maging mga Kristiyano. Hindi sila dumarating doon sa dako na isuko nila sa Diyos ang kanilang kalooban. Hindi nila pinipiling maging mga Kristiyano. {PK 65.1}

Sa pamamagitan ng matuwid na paggamit sa kalooban, ay lubos na mababago ang inyong kabuhayan. Sa pagpapasakop ng inyong kalooban kay Kristo, ay iniaanib ninyo ang inyong sarili sa kapangyarihan na mataas sa lahat ng pamunuan at kapangyarihan. Magkakaroon kayo ng lakas na buhat sa itaas na sa inyo'y hahawak upang kayo'y matatag at sa pamamagitan ng palaging pagpapasakop ng inyong sarili sa Diyos ay makapamumuhay kayo ng bagong kabuhayan, samakatuwid ay ang kabuhayan ng pananampalataya. {PK 66.1}

Kabanata 6—Pananampalataya at Pagtanggap

Pagkatapos na mabuhay ng Banal na Espiritu ang inyong budhi, ay nakakita na kayo ng kasamaan ng kasalanan, ng kapangyarihan nito, karumihan, at kaabaan; at iya'y inyong kinasusuklaman na. Nararanasan ninyong ang kasalanan ay siyang sa inyo'y naglayo sa Diyos, at kayo'y inaalipin ng kapangyarihan ng masama. Kung kailan ninyo pinagsisikapang makaiwas ay lalo naman ninyong nakikilala ang inyong kahinaan. Ang inyong mga layunin ay hindi malinis; ang inyong puso ay marumi. Nakikita ninyong ang inyong kabuhayan ay napuno ng kasakiman at kasalanan. Nasasabik kayo na patawarin, linisin at palayain. Pakikiayon sa Diyos, pakikitulad sa Kanya—ano ang inyong magagawa upang iya'y kamtin? {PK 67.1}

Kapayapaan ang inyong kinakailangan—kapatawaran ng Langit at kapayapaan at pag-ibig sa inyong kaluluwa. Iya'y hindi mabibili ng salapi, hindi makukuha ng pang-unawa, hindi maaabot ng karunungan; hindi ninyo maaasahang iya'y makukuha sa pamamagitan ng sarili ninyong pagsisikap. Datapuwa't iniaabot sa inyo ng Diyos na tulad sa isang kaloob, na "walang salapi at walang bayad." Isaias 55:1. Sa inyo ito kung inyo lamang aabutin at kukunin. Sinasabi ng Panginoon na, "baga man ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niyebe; baga man maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa." Isaias 1:18. "Bibigyan Ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan Ko ang loob ninyo ng bagong diwa." Ezekiel 36:26. {PK 67.2}

Sampalatayanan ang pangako

Naipahayag na ninyo ang inyong mga kasalanan, at naalis na ninyo sa inyong puso. Naipasiya na ninyong ibigay ang inyong sarili sa Diyos. Ngayo'y lumapit kayo sa Kanya, at ipamanhik ninyong hugasan Niya ang lahat ninyong kasalanan, at bigyan kayo ng isang bagong puso. Sampalatayanan ninyong ito'y ginagawa Niya sapagkat Kanyang ipinangako. Ito ang aral na itinuro ni Jesus noong Siya'y narito sa ibabaw ng lupa; na ang kaloob na ipinangangakong ibibigay sa atin ng Diyos ay dapat nating sampalatayanang tinatanggap natin, at magiging atin. Pinagaling ni Jesus ang karamdaman ng mga tao, noong manampalataya sila sa Kanyang kapangyarihan; tinulungan Niya sila sa bagay na kanilang nakikita, na sa gayo'y pinasigla silang magtiwala sa Kanya tungkol sa mga bagay na di nila nakikita—inakay silang manampalataya sa Kanyang kapangyarihang magpatawad ng kasalanan. Ito'y malinaw Niyang ipinahayag nang Kanyang pagalingin ang lalaking lumpo: "Upang maalaman ninyo na ang Anak ng tao'y may kapamahalaan sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan (sinabi nga Niya sa lumpo,) Magtindig ka buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka sa iyong bahay." Mateo 9:6. Ganyan din naman ang sinabi ni Juan ebanghelista, nang saysayin niya ang mga kababalaghang ginawa ni Kristo: "Ang mga ito'y nangasusulat, upang kayo'y mangagsisampalataya na si Jesus ay ang Kristo, ang Anak ng Diyos; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa Kanyang pangalan." Juan 20:31. {PK 69.1}

Mula sa malinaw na salaysay ng Biblia na kung paano nagpagaling si Jesus ng mga maysakit, ay matututuhan natin ang paraan ng pagsampalataya sa Kanya sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Balingan natin ang buhay ng lumpo sa Bethesda. Ang kaawaawang tao ay walang magawa; tatlumpu't walong taon na hindi niya ginamit ang kanyang kamay at paa. Gayon ma'y sinabi sa kanya ni Jesus: "Tumindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at ikaw ay lumakad." Maaaring sinabi sana ng lumpo: "Panginoon, kung Iyo akong pagagalingin, susundin ko ang Iyong salita. Nguni't hindi kundi sinampalatayanan niya ang salita ni Kristo, sinampalatayanan niyang siya'y pinagaling, at nagsikap siya agad; ipinasiya niyang lumakad, at siya'y nakalakad. Sinunod niya ang salita ni Kristo, at binigyan siya ng Diyos ng lakas. Siya'y gumaling. {PK 70.1}

Lumakad sa pananampalatya

Gayon din ang inyong pagkamakasalanan. Hindi ninyo matutubos ang inyong nagawang mga kasalanan, hindi mababago ang inyong puso, at magagawang banal ang inyong sarili. Datapuwa't nangangako ang Diyos na gagawin niya ang lahat ng ito para sa inyo sa pamamagitan ni Kristo. Manalig kayo sa pangakong iyan. Ipahayag ninyo ang inyong mga kasalanan, at ibigay ninyo sa Diyos ang inyong sarili. Ipasiya ninyong maglingkod sa Kanya. Kapagkarakang inyong magawa ito, tunay namang tutupdin ng Diyos ang Kanyang salita sa inyo. Kung pinaniniwalaan ninyo ang pangako—naniniwalang kayo'y pinatawad at nalinis na—ay ibinibigay ng Diyos ang pagkatupad; kayo'y gagaling, katulad naman ng lumpo na binigyan ni Kristo ng kapangyarihang makalakad, noong sampalatayanan niyang siya'y pinagaling. Mangyayaring gayon pagka inyong sinampalatayanan. {PK 70.2}

Huwag na ninyong hintaying maramdaman pa ninyo na kayo'y pinagaling, kundi inyong sabihin: "Sinasampalatayanan ko; hindi sapagka't naramdaman ko, kundi sapagka't ipinangako ng Diyos." {PK 71.1}

Ayon sa kalooban ng diyos

Ani Jesus: "Lahat ng mga bagay na iyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin." Marcos 11:24. Isang bagay ang kailangan upang matupad ang pangakong ito—tayo'y manalangin ng ayon sa kalooban ng Diyos. Datapuwa't kalooban ng Diyos ang tayo'y linisin sa kasalanan, gawin tayong mga anak Niya, at tulungang mamuhay ng isang banal na kabuhayan. Kaya nga't mahihingi natin ang mga pagpapalang ito, at sampalatayanan nating tinanggap natin, at tuloy pasalamatan ang Diyos na tinanggap na natin. Karapatan natin ang lumapit kay Jesus at pahugas, upang makatayo sa harapan ng kautusan na walang ikahihiya o pagsinghal sa sarili. "Ngayon nga'y wala nang anumang hatol sa mga na kay Kristo Jesus, na hindi lumakad ng ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu." Roma 8:1. {PK 71.2}

Mula ngayon ay hindi na kayo sa inyong sarili; kayo'y binili sa halaga. "Kayo'y tinubos ... hindi ng mga bagay na nangasisira, ng pilak o ginto ... kundi ng mahalagang dugo, gaya ng sa korderong walang kapintasan at walang dungis, samakatuwid baga'y ni Kristo." 1 Pedro

1:18,19. Sa pamamagitan ng simpleng pananampalatayang ito sa Diyos, ay naglagay ang Banal na espiritu ng isang bagong kabuhayan sa inyong puso. Kayo'y tulad sa isang sanggol, na isinilang sa sambahayan ng Diyos at kayo'y iniibig Niyang gaya ng Kanyang pag-ibig sa Kanyang Anak. {PK 71.3}

Huwag kayong umurong

Ngayong naibigay na ninyo kay Jesus ang inyong sarili, ay huwag kayong umurong, huwag ninyong llayo sa Kanya ang inyong sarili; kundi sa araw-araw ay sabihin ninyo ang ganito: "Ako'y kay Kristo; ibinigay ko na sa Kanya ang aking sarili;" at hilingin ninyo sa Kanya na ibigay sa inyo ang Kanyang Espiritu, at ingatan kayo ng Kanyang biyaya. Kung paanong sa pagbibigay ng inyong sarili sa Diyos at sa pananampalataya sa Kanya, kayo'y nagiging Kanyang mga anak, sa ganyan din namang paraan mababuhay kayo sa Kanya. Anang apostol: "Kung paano nga na inyong tinanggap si Kristo Jesus na Panginoon, ay magsilakad kayong gayon sa Kanya." Colosas 2:6. {PK 73.1}

Ang akala mandin ng mga iba ay dapat silang mapalagay sa pagsubok at dapat nilang patunayan muna sa Panginoong sila'y nagsipagbago na, bago nila maangkin ang Kanyang pagpapala. Datapuwa't ngayon paman ay maaangkin na nila ang pagpapala ng Diyos. Dapat silang magkaroon ng kanyang biyaya, at ng Espiritu ni Kristo upang umalalay sa kanilang mga kahinaan, kung hindi gayon ay di nila malalabanan ang masama. Nalulugod si Jesus na tayo'y lumapit sa Kanya, sa talaga nating kalagayan: makasalanan, mahina, at walang kaya. Makalalapit tayong dala ang lahat nating kahinaan, ang ating mga pagkakamali, ang ating pagkamakasalanan, at makapagpapatirapang nagsisisi sa Kanyang paanan. Ikinaluluwalhati Niya na yakapin tayo sa mga bisig ng Kanyang pag-ibig, at talian ang ating mga sugat, at linisin tayo sa lahat nating karumihan. {PK 73.2}

Alisin ang pag-aalinlangan

Ito ang ipinagkukulang ng libu-libo: hindi sila naniniwalang pinatatawad ni Jesus ang bawa't isa sa kanila. Hindi naniniwalang gagawin ng Diyos ang Kanyang sinabi. Subali't karapatan ng lahat ng umaalinsunod sa mga hinihiling ng Diyos ang kanilang maalaman na sa lahat ng uri ng kasalanan ay malayang ipinagkaloob ang kapatawaran. Alisin ninyo ang hinala na sa inyo'y hindi ukol ang mga pangako ng Diyos. Magkatiwala kayo, na ang mga pangakong iyan ay para sa bawa't nagsisising makasalanan. Sa pamamagitan ni Kristo ay nailaan na ang lakas at biyaya upang dalhin ng mga anghel na nangangasiwa sa bawa't taong sumasampalataya. Walang mga napakamakasalanan na hindi makakasumpong ng lakas, kalinisan, at katuwiran kay Jesus, na namatay ng dahil sa kanila. Siya'y naghihintay upang hubarin ang kanilang mga kasuutang nadungisan at narumhan ng kasalanan at bihisan sila ng mapuputing damit ng katuwiran; Nais Niyang mabuhay sila, at huwag mamatay. {PK 74.1}

Hindi tayo pinakikitunguhan ng Diyos gaya ng pakikitungo ng tao sa kapuwa niya. Ang Kanyang pagiisip ay pag-iisip ng kaawaan, pag-ibig, at masintahing kahabagan. Ganito ang sabi Niya: "Lisanin ng masama ang kanyang lakad, at ng liko ang kanyang mga pag-iisip; at

manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan Niya siya; at sa aming Diyos, sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana." "Aking pinawi na parang masingsing ulap ang inyong mga pagsalansang, at parang alapaap, ang inyong mga kasalanan." Isaias 55:7; 44:22. {PK 74.2}

Huwag makinig kay satanas

"Wala akong kasayahan sa kamatayan niya na namamatay, sabi ng Panginoong Diyos; kaya't magsipagbalik-loob kayo, at kayo'y mangabuhay." Ezekiel 18: 32. Nakaabang si Satanas upang nakawin ang mapagpalang mga pangako ng Diyos. Ibig niyang alisin sa puso ng tao ang bawa't badha ng pag-asa at bawa't sinag ng liwanag niya. Huwag ninyong pakinggan ang manunukso, kundi inyong sabihin: "Si Jesus ay namatay upang ako'y mabuhay. Iniibig Niya ako at laban sa Kanyang kalooban ang ako'y mapahamak. Ako'y mayroong mahabaging Ama na nasa langit; at bagaman dinusta ko ang Kanyang pag-ibig bagaman inaksaya ko ang mga pagpapalang ibinigay sa akin, ay titindig din ako, at paroroon sa aking Ama at magsasabi: Nagkasala ako laban sa langit, at sa Iyong paningin: hindi na ako karapat-dapat tawaging anak Mo: gawin Mo akong tulad sa isa sa Iyong mga alilang upahan." Sa inyo'y sinasabi ng talinhaga, kung paanong tinanggap ang naglagalag: "Samantalang nasa malayo pa siya ay natanawan na siya ng kanyang ama, at nagdalang habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg, at siya'y hinagkan." Lukas 15:18-20. {PK 75.1}

Datapuwa't maging ang talinhagang ito, na puno ng pag-ibig at kumikilos ng damdamin ay hindi sapat na makapaglarawan ng walang-hanggang pagmamahal ng Ama na nasa langit. Ganito ang inihahayag ng Panginoon, sa pamamagitan ng kanyang propeta: "Inibig kita ng walang-hanggang pag-ibig: kaya't ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang loob." Jeremias 31:3. Noong ang makasalanan ay hindi pa umuuwi sa bahay ng Ama, at inaaksaya ang kanyang kayamanan sa ibang bayan, ang puso ng Ama ay uhaw na uhaw sa kanya; at bawa't pananabik na bumabangon sa kanyang puso upang manumbalik sa Ama, ay malumanay na pamanhik lamang ng Espiritu ng Diyos, na sumusuyo at sumasamo, upang ilapit ang naglagalag sa maibiging puso ng kanyang Ama. {PK 75.2}

Iniibig ng diyos ang makasalanan

Yamang nasa harap ninyo ang mayayamang pangako ng Biblia, mabibigyan pa ba ninyo ng daan ang pagaalinlangan? Mapaniniwalaan ba ninyo na pagka ang abang makasalanan ay nasasabik na magbalik sa Diyos ay mahigpit na hahadlangan siya ng Panginoon upang huwag makalapit na nagsisisi sa Kanyang paanan? Alisin ninyo ang ganyang akala! Wala ng lalong makasusugat sa inyong kaluluwa kay sa pagsasaloob ng ganyang paniniwala tungkol sa ating Ama na nasa langit. Kinapopootan Niya ang kasalanan, subali't iniibig Niya ang nagkasala, at ibinigay Niya ang Kanyang sarili sa pamamagitan ni Kristo, upang ang lahat ng may ibig maligtas, ay magkaroon ng hindi kumukupas na mga pagpapala sa kaharian ng kaluwalhatian. Ano pang pangungusap ang masusumpungan na lalong mabisa o lalong masintahin kaysa pangungusap na pinili Niya, upang ipahayag ang Kanyang pag-ibig sa atin? Ipinahahayag Niyang: "Malilimutan ba ng babae ang kanyang batang pasusuhin, na siya'y hindi mahahabag

sa anak ng kanyang bahay-bata? Oo, ito'y makalilimot, nguni't hindi kita kalilimutan." Isaias 49:15. {PK 76.1}

Tumingala ka, ikaw na nag-aalinlangan at nanginginig; sapagka't si Jesus ay nabubuhay upang mamagitan para sa atin. Pasalamatan mo ang Diyos sa pagkakaloob ng Kanyang iniibig na Anak, at idalangin mong huwag sanang mawalan ng kabuluhan ang Kanyang pagkamatay dahil sa iyo. Inaanyayahan ka ngayon ng Espiritu. Lumapit ka kay Jesus ng buong puso mo, at maaangkin mo ang Kanyang pagpapala. {PK 77.1}

Pagbasa mo ng mga pangako, alalahanin mong iyan ay mga pahayag ng di mabigkas na pag-ibig at habag. Di masukat ang pagkaawa ng Diyos sa makasalanan. "Mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng Kanyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan." Efeso 1:7. Oo, manampalataya lamang kayo na ang Diyos ang sa inyo'y tutulong. Ninanais Niyang isauli sa tao ang banal na larawan. Paglapit ninyo sa Kanya na nagsisisi at nagpapahayag ng inyong mga kasalanan, ay lalapit Siya sa inyong may dalang habag at kapatawaran. {PK 77.2}

Kabanata 7—Pagsubok sa Pagkaalagad

"Kung ang sinuman ay na kay Kristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago." 2 Corinto 5:17. {PK 79.1}

Maaaring hindi masabi ng isang tao ang hustong panahon o lugar, o matunton man ang hanay ng mga pangyayari sa kanyang pagbabalik-loob sa Diyos; datapuwa't ito'y hindi nagpapakilalang siya'y hindi pa nagbabalik-loob. Ang sabi ni Kristo kay Nikodemo: "Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kanyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan naparoroon: gayon ang bawa't ipinanganak ng Espiritu." Juan 3:8. Katulad ng hangin, na hindi nakikita, nguni't hayag na hayag at nararamdaman ang mga ginagawa, ang paggawa ng Espiritu ng Diyos sa puso ng tao. Iyang nagbibigay-buhay na kapangyarihang iyan, na hindi kita ng mata ng tao, ay lumalalang ng isang bagong kabuhayan sa kaluluwa; lumilikha ng isang bagong pagkatao na ayon sa wangis ng Diyos. Bagaman ang paggawa ng Espiritu ay tahimik at hindi nalalaman, ang mga ibinubunga ay hayag. Kung ang puso'y binago na ng Espiritu ng Diyos, makikita sa paraan ng pamumuhay. Bagaman at wala tayong magawang anuman upang mabago ang ating puso o maipagkasundo ang ating mga sarili sa Diyos; bagaman at tayo'y hindi dapat magtiwala sa ating mga sarili o sa ating mababuting gawa, gayon ma'y ihahayag ng ating mga kabuhayan kung ang biyaya ng Diyos ay tumitira sa ating kalooban. Isang pagbabago ang makikita sa likas, sa mga kaugalian, at sa mga gawain. Malinaw at malaki ang magiging pagkakaiba ng dati at ng bagong kilos. Nahahayag ang likas, hindi sa paminsan-minsang paggawa ng mabuti at sa paminsanminsang paggawa ng masama, kundi sa talagang hilig ng mga sinasalita at mga ginagawa sa tuwi-tuwina. {PK 79.2}

Tunay nga na maaaring mabago ang asal kahi't wala ang bumabagong kapanyarihan ni Kristo. Ang pagibig na magkaroon ng impluensiya at pagnanasang kilalanin ng mga iba ay maaring lumilikha ng isang maayos na pamumuhay. Ang paggalang sa sarili ay mangyayaring sa ati'y umakay na lumayo sa anumang anyo ng kasamaan. Ang isang sakim na puso ay maaring magkawang-gawa. Dahil dito ay sa pamamagitan kaya ng ano mapagkikilala natin kung kangino tayo napapanig? {PK 80.1}

Sino ang may-ari ng puso?

Sino ang may-ari ng puso? Kanino naroroon ang ating mga pag-iisip? Sino ang ibig nating pag-usapan? Sino ang pinag-uukulan natin ng pinakamaalab na pag-ibig at pinakamabuting paglilingkod? Kung tayo'y kay Kristo, ang ating mga pag-iisip ay sumasa Kanya, at ang pinakamasarap nating mga iniisip ay tungkol sa Kanya. Lahat ng tinataglay natin at pati tayo ay itinalaga na sa Kanya. Kinasasabikan nating taglayin ang Kanyang wangis, tamuhin ang Kanyang Espiritu, gawin ang Kanyang kalooban, at bigyan Siya ng kaluguran sa lahat ng bagay. {PK 80.2}

Yaong naging mga bagong nilalang kay Kristo Jesus, ay magkakaroon ng mga bunga ng Espiritu: "pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, pagpipigil."

Galacia 5:22,23. Hindi na nila isasang-ayon pa ang kanilang sarili sa dati nilang masasamang pita, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos ay susundin nila ang Kanyang mga hakbang, ipakikita ang Kanyang likas, at maglilinis ng kanilang mga sarili na gaya naman Niyang malinis. Ang mga bagay na dating kinapopootan nila, ay ibig na nila ngayon; at ang mga bagay na dati-dati'y iniibig nila, ay kinapopootan na nila. Ang palalo at mapagmapuri ay nagiging maamo at mapagpakumbaba. Ang hambog at mapaghari-harian ay nagiging maingat at di pakialam. Ang maglalasing ay nagiging dalisay. Ang walang kabuluhang kaugalian at mga moda ng sanlibutan ay inaalis. Hindi na hahanapin ng mga Kristiyano ang kagayakang panlabas, kundi ang "pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa." 1 Pedro 3:3,4. {PK 81.1}

Ang katibayan ng tunay na pagsisisi

Walang katibayan ang tunay na pagsisisi, malibang yao'y gumagawa ng pagbabago. Kung isauli ng makasalanan ang sangla, ibigay na muli ang kanyang ninakaw, ipahayag ang kanyang mga pagkakasala, at umibig sa Diyos at sa kanyang kapuwa tao, ay maaasahan niyang siya'y nakalampas sa kamatayan at nakarating sa buhay. {PK 81.2}

Kung lumalapit kay Kristo tayong nagkakamali at nagkakasala at tumatanggap ng Kanyang nagpapatawad na biyaya ay tumutubo ang pag-ibig sa ating puso. Magaan ang bawa't dalahin, sapagka't malambot ang pamatok na ipinapasan ni Kristo. Nagiging kaluguran ang ating gawain at kagalakan ang pagsasakripisiyo. Ang landas na nang una'y madilim, ay pinapagliliwanag ng sinag na nagmumula sa Araw ng Katuwiran. {PK 81.3}

Tagatulad ni kristo

Ang kaibig-ibig na likas ni Kristo ay makikita sa mga sumusunod sa Kanya. Naging kaluguran ni Kristo ang gawin ang kalooban ng Diyos. Ang pag-ibig sa Diyos, ang sikap na ikaluluwalhati ng Diyos, ay siyang kapangyarihang naghahari sa kabuhayan ng ating Tagapagligtas. Pag-ibig ang nagpaganda at nagparangal sa lahat Niyang mga kilos. Ang pag-ibig sa Diyos, ang sikap na ikaluluwalhati ng Diyos, ay siyang kapangyarihang naghahari sa kabuhayan ng ating Tagapagligtas. Pag-ibig ang nagpaganda at nagparangal sa lahat Niyang mga kilos. Ang pag-ibig ay sa Diyos. Ang pusong hindi natatalaga sa Diyos ay hindi makapagpapasimula o makalilikha ng pag-ibig. Natatagpuan ito sa puso lamang na pinaghaharian ni Jesus. "Tayo'y nagsisiibig, sapagka't Siya'y unang umibig sa atin." 1 Juan 4:19. Sa pusong pinapagbago ng banal na biyaya ay pag-ibig ang diwang nangingibabaw. Ito ang nagbabago ng likas, nangingibabaw sa mga simbuyo ng damdamin, nagpapasuko sa pakikialit at nagpapaging marangal sa pag-ibig. Ang pag-ibig na ito, pagka iniimpok sa puso, ang nagpapatamis sa kabuhayan, at nagdudulot ng lumilinang na impluensiya sa buong palibot. {PK 82.1}

Mayroong dalawang kamalian na dapat pakalayulayuan ang mga anak ng Diyos—lalo na yaong mga bago pa lamang na nagtitiwala sa Kanyang biyaya—dapat silang magpakaingat. Ang una, na naipaliwanag na, ay ang pag-asa sa sarili nilang mga gawa, at pagtitiwala sa

anuman nilang magagawa, upang maisang-ayon sa Diyos ang kanilang sarili. Ang nagsisikap na magbanal sa pamamagitan ng kanyang sariling mga gawang pagtupad ng kautusan, ay gumagawa ng isang bagay na hindi maaari. Lahat ng magagawa ng tao, kung siya'y hiwalay kay Kristo, ay nababalot ng dungis na kasakiman at kasalanan. Biyaya lamang ni Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya, ang makapagpapabanal sa atin. {PK 82.2}

Ang kamaliang katuwas nito at kasing panganib din, ay ang paniniwalang ang pagsampalataya kay Kristo ay nagbibigay ng kalayaan sa tao upang huwag na nilang sundin ang kautusan ng Diyos; na yamang sa pamamagitan lamang ng pananampalataya ay tumtanggap na tayo ng biyaya ni Kristo, ang ating mga gawa ay walang anumang kinalaman sa pagtubos sa atin. {PK 83.1}

Paglilingkod ng pag-ibig

Subali't inyong punahin sa bahaging ito, na ang pagtalima ay di pakitang tao lamang, kundi isang paglilingkod ng pag-ibig. Ang kautusan ng Diyos ay isang pagpapahayag ng Kanyang likas; isang kabuuan ng dakilang simulain ng pag-ibig, at dahil dito'y siyang pinagsasaligan ng Kanyang pamahalaan sa langit at sa lupa. Kung nabago na ang ating mga puso at natulad na sa Diyos, kung ang banal na pag-ibig ay natanim na sa kalooban hindi baga natin isasakabuhayan ang kautusan ng Diyos? Pagka sa puso'y natanim na ang simulain ng pag-ibig, pagka nabago na ang pagkatao ayon sa wangis Niyang lumikha sa kanya, kung magkagayo'y natutupad ang pangako ng bagong pakikipagtipan: "Ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kanilang puso, at isusulat Ko rin naman sa kanilang pag-iisip." Hebreo 10:16. At kung ang kautusan ay nasusulat sa puso, hindi baga ito ang aayos sa kabuhayan? Ang pagtalima—ang paglilingkod at pagtatapat ng pag-ibig—ay siyang tunay na tanda ng pagkaalagad. Kaya't ganito ang sinasabi ng Kasulatan: "Ito ang pag-ibig sa Diyos, na ating tuparin ang Kanyang mga utos." "Ang nagsasabing Nakikilala ko Siya, at hindi tumutupad ng Kanyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kanya." 1 Juan 5:3; 2:4. Sa halip na ilabas ang tao sa pagtalima, ang pananampalataya pa nga, oo, at pananampalataya lamang ang nakapagpapaaring tayo'y maging kabahagi ng biyaya ni Kristo na sa atin ay umaalalay upang sa Kanya'y tumalima. {PK 83.2}

Ligtas sa pamamagitan ng biyaya

Hindi natin kikitain ang kaligtasan sa pamamagitan ng ating pagtalima; sapagka't ang kaligtasan ay walang bayad na kaloob ng Diyos, na ating tatanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya. Datapuwa't ang pagtalima ay bunga ng pananampalataya. "Nalalaman ninyo na Siya'y nahayag upang mag-alis ng mga kasalanan; at sa kanya'y walang kasalanan. Ang sinumang nananahan sa Kanya ay hindi nagkakasala; sinumang nagkakasala ay hindi nakakita sa Kanya, ni hindi man nakakilala sa Kanya." 1 Juan 3:5, 6. Naririto ang tunay na pagsubok. Kung tayo'y namamalagi kay Kristo, at kung ang pag-ibig ng Diyos ay nananahan sa atin, ang ating mga damdamin at ang ating mga pag-iisip at sampu ng ating mga kilos, ay magiging kasang-ayon ng kalooban ng Diyos alinsunod sa sinasabi ng Kanyang mga banal na

utos. “Mumunti kong mga anak, huwag kayong padaya kanimo man: ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid, gaya Niya na matuwid.” 1 Juan 3:7. Sinasabi ng patakarang banal na kautusan ng Diyos kung ano ang katuwiran, ayon sa ipinahahayag ng sampling utos na ibinigay sa Sinai. {PK 84.1}

Pananampalataya at pagsunod

Yaong tinatawag na pananampalataya kay Kristo na nagsasabing hindi na tungkulin ng tao ang sumunod sa Diyos, ay hindi pananampalataya kundi pagsasapantaha. “Sa biyaya kayo’y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya.” Datapuwa’t “ang pananampalataya, na walang mga gawa ay patay.” Efeso 2: 8; Santiago 2:17. Bago naparito si Jesus sa lupa, ay ganito ang sinabi Niya tungkol sa Kanyang sarili: “Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, Oh Diyos ko; oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.” Awit 40:8. At bago siya umakyat sa langil ay ipinahayag Niyang: “Aking tinupad ang mga utos ng Aking Ama, at Ako’y nananatili sa Kanyang pag-ibig.” Juan 15:10. Sinasabi ng Kasulatan na: “Sa ganito’y naaalaman natin na siya’y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang Kanyang mga utos. ... Ang nagsasabing siya’y nananahan sa Kanya, ay nararapat din namang lumakad ng gaya ng ilinakad Niya.” 1 Juan 2:3-6. “Sapagka’t si Kristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo’y iniwanan ng halimbawa, upang kayo’y mangagsisunod sa mga hakbang Niya.” 1 Pedro 2:21. {PK 85.1}

Ang kondisyon ngayon upang matamo ang buhay na walang-hanggan ay gaya rin ng dati—gaya noong sa Paraiso bago nagkasala ang una nating mga magulang—sakdal na pagtalima sa kautusan ng Diyos, sakdal na katuwiran. Kung ang buhay na walang-hanggan ay ipagkakaloob sa anumang kondisyong sahol dito kung magkagayo’y mapapasa panganib ang kaligayahan ng buong santinakpan. Mababuksan ang daang papasukan ng kasalanan, kasama ang buo niyang hukbo ng kahirapan at kadalamhatian na hindi mawawakasan magpakailan man. {PK 86.1}

Kabanalan sa pamamagitan ng pananampalataya

Noong si Adan ay hindi pa nagkakasala, ay maaaring magkaroon siya ng isang matuwid na likas sa pamamagitan ng pagtalima sa kautusan ng Diyos. Datapuwa’t hindi niya ginawa, at dahil sa kanyang pagkakasala ay naging makasalanan ang ating mga katutubo, at hindi natin magagawang matuwid ang ating mga sarili. Sapagka’t tayo’y makasalanan, walang kabanalan, ay hindi natin ganap na matatalima ang isang banal na kautusan, Wala tayong sariling katuwiran upang maitugon sa mga kahilingan ng kautusan ng Diyos. Datapuwa’t para sa atin ay gumawa si Kristo ng isang daang matatakasan. Nabuhay Siya rito sa lupa sa gitna ng mga pagsubok at tukso na kagaya ng nasasagupa natin. Namuhay siya ng isang kabuhayang walang bahid-kasalanan. Siya’y namatay dahil sa atin, at ngayo’y nagkukusa siyang kunin ang ating mga kasalanan at ibigay sa atin ang kanyang katuwiran. Kung ibibigay ninyo sa Kanya ang inyong sarili, at tatanggapin ninyo Siyang inyong Tagapagligtas, kung magkagayon, kahi’t na naging puno ng pagkakasala ang inyong kabuhayan, ay itinuturing

kayo na matuwid alang-alang sa Kanya. Likas ni Kristo ang tumatayo sa lugar ng inyong likas, at kayo'y tinatanggap sa harapan ng Diyos na parang hindi kayo nagkasala. {PK 86.2}

Binabago ni kristo ang puso

Higit sa rito, ay binabago ni Kristo ang puso. Tumatahan Siya sa inyong puso sa pamamagitan ng pananampalataya. Dapat ninyong ingatan ang pakikiugnay na ito kay Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya at patuloy na pagpapakupkop ng inyong kalooban sa Kanya; at habang ito'y inyong ginagawa, ay gagawa naman Siya sa inyo upang kayo'y magpasiya at gumawa ng ayon sa Kanyang mabuting kalooban. Kaya't masasabi ninyong: "Ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito'y sa Anak ng Diyos, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang Kanyang sarili dahil sa akin." Galacia 2:20. Ganito ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad: "Hindi kayo ang mangagsasalila, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo'y magsasalita." Mateo 10:20. Kaya't kung si Kristo ang gumagawa sa inyo, ay magpapakita kayo ng diwang gaya ng sa Kanya, at gagawa kayo ng mga gawang gaya ng ginawa Niya—mga gawa ng katuwiran, na siyang pagkamasunurin. {PK 87.1}

Wala tayong maipagmamalaki

Kaya nga't sa ating mga sarili ay wala tayong anumang maipagmamalaki. Wala tayong katuwirang inagmataas. Ang pinagsasaligan lamang natin ng pagasa ay ang ibinigay sa ating katuwiran ni Kristo, at iya'y gawa ng Kanyang Espiritu na gumagawa sa atin at sa pamamagitan natin. {PK 87.2}

Ano ang tunay na pananampalataya?

Pagka binabanggit natin ang pananampalataya, ay may pagkakaibang dapat alalahanin. May isang uri ng paniniwala na kaibang-kaiba sa pananampalataya. Ang pamamalagi at kapangyarihan ng Diyos, at ang katotohanan ng Kanyang Salita, ay mga katunayang hindi maikaila ni Satanas at ng kanyang mga kawal sa kanilang puso. Sinasabi ng Biblia, na "ang mga demonyo man ay nagsisisampalataya at nagsisipanginig" (Santiago 2:19), nguni't iya'y hindi pananampalataya. Kung saan mayroong hindi lamang pananampalataya sa salita ng Diyos, kundi pagsuko din naman ng kalooban sa Kanya; kung saan ang puso ay ipinasakop sa Kanya, ang pag-ibig ay natatalaga sa kanya, roo'y may pananampalataya—pananampalatayang gumagawang may pag-ibig at lumilinis sa puso. Sa pamamagitan ng pananampalatayang ito ay nababago ang puso at nawawangis sa Diyos. At ang puso na noong hindi pa nababago ay hindi napasasaklaw sa kautusan ng Diyos at sa katotohanan ay hindi nga mangyari, ay nalulugod na ngayon sa mga banal na utos, at kasama ng Mang-aawit ay sumisigaw ng wikang: "Oh gaanong iniibig ko ang Iyong kautusan! Siya kong gunita buong araw." Awit 119:97. Sa ganya'y ang katuwiran ng kautusan ay natutupad sa atin, "na hindi lumalakad ng ayon sa laman, kundi ng ayon sa Espiritu." Roma 8:1. {PK 88.1}

May mga taong nakakakilala ng nagpapatawad na pag-ibig ni Kristo, at talagang hinahangad nilang maging mga anak ng Diyos, subali't nakikilala nilang hindi sakdal ang kanilang likas, maraming kapintasan ang kanilang kabuhayan, at madali silang mag-alinlangan kung binago na nga o hindi ng Espiritu ng Diyos ang kanilang mga puso. Sa mga taong iyan ay ibig kong sabihin ang ganito: "Huwag kayong umurong sa kawalang-pag-asa. Kinakailangang tayo'y malimit na lumuhod at tumangis sa paanan ni Jesus dahil sa ating mga pagkukulang at kamalian; nguni't hindi nararapat na tayo'y manglupaypay. Nadaig man tayo ng ating kalaban, ay hindi rin tayo itinatakwil, hindi tinatanggihan o pinababayaan man ng Diyos. Hinding-hindi; si Kristo ay nasa kanan ng Diyos, at namamagitan din naman patungkol sa atin. Ang sabi ni Juan na Kanyang iniibig: "Ang mga bagay na ito ay sinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinuman ay magkasala ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesu-Kristo, ang matuwid." 1 Juan 2:1. Huwag din ninyong limutin ang mga pangungusap ni Kristo: "Ang Ama rin ang umiibig sa inyo." Juan 16:27. Ibig Niyang ibalik kayo sa Kanyang sarili, upang makita Niyang nahahayag sa inyo ang Kanyang kadalisayan at kabanalan. At kung isusuko lamang ninyo ang inyong sarili sa Kanya, siyang nagpasimula ng isang mabuting gawa sa inyo ay magpapatuloy nito hanggang sa kaarawan ni Jesu-Kristo. Manalangin kayo ng lalong maningas; manampalataya kayo ng lalong lubos. Sa di pagtitiwala sa ating sariling kapangyarihan, ay magtiwala naman tayo sa kapangyarihan ng ating Manunubos, at papupurihan natin Siya na ating kagalingan. {PK 88.2}

Kung kailan kayo lalong nalalapit kay Jesus ay saka naman ninyo makikitang kayo'y lalong makasalanan; sapagka't magiging malinaw ang inyong pagkakilala, at ang inyong mga kapintasan ay maliwanag na makikita ang pagkakaiba sa Kanyang sakdal na likas. Ito'y katunayan na ang mga pandaya ni Satanas ay nawalan ng kanilang bisa; na ang nagbibigay-buhay na kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos ang kumikilos sa inyo. {PK 90.1}

Sa puso na ayaw kumilala sa kanyang pagkamakasalanan ay hindi makapag-uugat ng malalim ang pagibig kay Jesus. Ang kaluluwang binago ng biyaya ni Kristo ay hahanga sa Kanyang banal na likas; subali't kung hindi pa natin nakikita ang ating sariling kapinlasan ay isang napakaliwanag na katunayang hindi pa natin nakikita ang kagandahan at kasakdalan ni Kristo. {PK 90.2}

Kung kailan lalong bahagya ang ating nakikitang ikapupuri sa ating sarili, ay saka naman lalong malaki ang ating makikitang ikapupuri sa walang-hanggang kadalisayan at kabanalan ng ating Tagapagligtas. Ang pagkakita natin sa ating pagka makasalanan ay siyang nagtalaboy sa atin sa Kanya na nakapagpapatawad; at pagka ang kaluluwa'y kumikilala sa sariling kahinaan, at nagpipilit na umabot kay Kristo, ay ihahayag naman Niya ang Kanyang sarili na may kapangyarihan. Sa pagtataboy sa atin ng ating pangangailangan sa Kanya at sa salita ng Diyos, ay lalong dadakila ang Kanyang likas sa ating paningin, at lalong ganap nating ihahayag ang Kanyang larawan. {PK 90.3}

Kabanata 8—Paglaki Hanggang kay Kristo

Ang pagbabago ng puso na sa pamamagitan nito'y nagiging anak tayo ng Diyos ay inihahalintulad ng Biblia sa pagkapanganak. Itinulad din ito sa pagtubo ng mabuting binhing inihasik ng magsasaka. Sa ganyan ding paraan, yaong mga kapagbabalik-loob pa lamang kay Kristo ay dapat magsilaki na tulad sa "mga sanggol na bagong panganak" (1 Pedro 2:2; Efeso 4: 15), hanggang sa umabot sa taas ng mga lalaki at babae kay Kristo Jesus. O gaya ng mabuting binhing inihasik sa bukid, sila'y dapat magsilaki at mamunga. Sinasabi ni Isaias na sila'y tatawaging "mga punong-kahoy ng katuwiran, na pananim ng Panginoon upang Siya'y luwalhatiin." Isaias 61:3. Kaya nga mula sa katalagahan ay may mga halimbawang naglalarawan upang tumulong sa atin sa pag-unawa ng mahiwagang katotohanan ng kabuhayang ukol sa espiritu. {PK 91.1}

Ang buong karunungan at kasanayan ng tao ay hindi makalilikha ng buhay sa pinaka maliit na bagay sa katalagahan. Sa pamamagitan lamang ng buhay na ibinigay ng Diyos maaaring mabuhay ang halaman o ang hayop man. Kaya't sa pamamagitan din ng buhay na mula sa Diyos, sumisilang ang buhay na ukol sa espiritu sa mga puso ng mga tao. Maliban na ang tao ay "ipanganak buhat sa itaas" (Juan 3:3, talatang Griego), ay hindi siya makatatanggap ng buhay na ipinarito ni Kristo upang ibigay. {PK 91.2}

Kung paano sa buhay, gayon din sa paglaki. Ang Diyos ang nagpapamukadkad sa mga bukong bulaklak at nagpapaging bunga sa mga bulaklak na ito. Sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya ay lumalaki ang binhi, "una-una'y usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humihitik sa uhay." Marcos 4:28. At tungkol sa Israel ay sinasabi ni Propeta Oseas, na "siya'y bubukang parang lila." "Sila'y mangabubuhay uling gaya ng trigo, at mangamumulaklak na gaya ng puno ng ubas." Oseas 14:5, 7. At iniutos ni Jesus na ating "wariin ang mga lirio kung paano silang nagsisilaki." Ang mga halaman at mga bulaklak ay lumalaki hindi sa sarili nilang pag-aalaala o pagsisikap, kundi sa pagtanggap ng ipinagkakaloob ng Diyos upang makasapat sa kanilang ikabubuhay. Hindi makapagdaragdag ang bata sa kanyang taas, sa pamamagitan ng gaano mang pag-aalaala o ng kapangyarihang sarili niya. Gayon din naman kayo, hindi makapagdaragdag sa laking ukol sa espiritu sa pamamagitan ng pag-aalaala o pagsisikap ng inyong sarili. Ang halaman, ang bata, ay lumalaki sa pamamagitan ng natatanggap mula sa mga bagay na nasa palibot niya na tumutulong sa kanyang ikabubuhay—hangin, liwanag ng araw, at pagkain. Kung ano ang mga kaloob na ito ng katalagahan sa hayop at sa halamanan, gayon din si Kristo sa mga nangagtitiwala sa Kanya. Siya ang kanilang "walang-hanggang liwanag," "araw at kalasag." Isaias 60:19; Awit 84:11. Siya ay "magiging parang hamog sa Israel." Oseas 4:5. "Siya'y, babagsak na parang ulan sa tuyong damo." Awit 72:6. Siya ang tubig ng buhay, "ang tinapay ng Diyos ... na bumababang mula sa langit at nagbibigay-buhay sa sanlibutan." Juan 6:33. {PK 93.1}

Sa pamamagitan ng walang katumbas na kaloob, dili iba't ang Kanyang Anak, ay ilinaganap ng Diyos sa buong sanlibutan ang Kanyang biyaya na walang pinagibhan sa

paglaganap ng hanging tumatakbo sa buong sanlibutan. Lahat ng may ibig sumagap ng hanging ito na nagbibigay buhay, ay mababuhay at lalaki hanggang sa umabot sa taas ng mga lalaki at babae kay Kristo Jesus. {PK 94.1}

Lihim ng tagumpay

Kung paanong ang bulaklak ay humaharap sa araw upang ang maliwanag na mga sinag ay makatulong sa pagpapasakdal ng ganda at hugis niya, gayon din namang dapat tayong humarap sa Araw ng Katuwiran, upang sumilang sa atin ang liwanag ng Diyos, at nang bumuti ang ating likas at makatulad ng sa kay Kristo. {PK 94.2}

Iyan din ang itinuturo ni Jesus nang sabihin Niyang: "Kayo'y manatili sa akin, at Ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kanyang sarili, maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa Akin ... Kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa." Juan 15:4, 5. Gayon din ang pagkasalig ninyo kay Kristo upang makapamuhay ng isang banal na kabuhayan, gaya ng pag-asa ng isang sanga sa puno upang siya'y lumaki at mamunga. Hiwalay sa Kanya, wala kayong buhay. Wala kayong kapangyarihang lumaban sa tukso o lumaki kaya sa biyaya at kabanalan. Kung manahan kayo sa Kanya, kayo'y lalago. Sa pagkuha ninyo ng buhay sa Kanya, kayo'y hindi malalanta o mawawalan man ng bunga. Kayo'y matutulad sa isang punong itinanim sa tabi ng ilog. {PK 94.3}

Marami ang nag-aakala na dapat nilang sariling gawin ang ilang bahagi ng gawain. Nangagtiwala na sila kay Jesus sa ikapagpapatawad ng kasalanan, nguni't ngayo'y sinusubok naman nilang makapamuhay ng matuwid, sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap. Datapuwa't ang lahat ng ganyang pagsisikap ay mabibigo. Ani Jesus: "Kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawra." Ang ating paglaki sa biyaya, ang ating kaligayahan, at ang ating kahalagahan—ang lahat ng ito'y pawang nasasalig sa ating pakikiisa kay Kristo. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa Kanya araw-araw, oras-oras—sa pamamagitan ng pananatili sa Kanya—dapat tayong lumaki sa biyaya. Hindi Siya ang nagpasimula lamang kundi siya rin naman ang sumasakdal ng ating pananampalataya. Si Kristo ang una at huli at magpakailan man. Siya ang sasa atin, hindi lamang sa pasimula at sa katapusan ng ating takbuhin, kundi sa bawa't hakbang sa daan. Sinasabi ni David na: "Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko; sapagka't kung Siya ay nasa aking kanan, hindi ako makikilos." Awit 16:8. {PK 95.1}

Pananatili kay kristo

Itinatanong ba ninyo: "Papaano ako mananatili kay Kristo?—Gaya ng inyong pagkatanggap sa Kanya sa pasimula. "Kung paano nga na inyong tinanggap si Kristo Jesus na Panginoon, ay magsilakad kayong gayon sa Kanya." Colosas 2:6. "Ang aking lingkod na matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya." Hebreo 10:38. Ibinigay na ninyo sa Diyos ang inyong sarili, upang maging Kanyang lubusan at upang sa Kanya'y maglingkod at tumaliina, at tinanggap ninyo si Kristo na maging Tagapagligtas ninyo. Hindi ninyo matutubos ang

inyong mga kasalanan o mababago man ninyo ang inyong puso; datapuwa't yamang naibigay na ninyo sa Diyos ang inyong sarili, ay sumampalataya kayong ginawa Niya ang lahat ng ito para sa inyo alang-alang kay Kristo. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay naging kay Kristo kayo, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay lalaki kayo sa Kanya—sa pamamagitan ng pagbibigay at pagtanggap. Dapat ninyong ibigay ang lahat—ang inyong puso, ang inyong kalooban, at ang inyong paglilingkod—ibigay ninyo sa Kanya ang inyong sarili upang talimahin ang lahat Niyang ipinag-uutos, at kailangan namang tanggapin ninyo ang lahat—si Kristo na siyang kapuspusan ng buong pagpapala, upang manahan sa inyong puso, maging inyong katuwiran, at inyong tagatulong magpakailan man—upang magbigay sa inyo ng kapangyarihang tumalima. {PK 95.2}

Ang una ninyong tungkulin

Sa umaga ay italaga ninyo sa Diyos ang inyong sarili; iyan ang kauna-unahan ninyong gawin. Ganito ang inyong idalangin: "Tanggapin mo ako, Oh Panginoon, na Iyong-iyo. Inilalagay ko sa Iyong paanan ang lahat kong mga panukala. Gamitin Mo ako sa araw na ito sa paglilingkod sa Iyo. Manahan Ka nawa sa akin at maging kasang-ayon nawa ng Iyong kalooban ang lahat kong gawain." Ito'y isang bagay na dapat gawin sa arawaraw. Tuwing umaga ay italaga ninyo sa Diyos ang inyong sarili para sa maghapon. Ipabahala ninyo sa Kanya ang lahat ninyong mga panukala, upang isagawa o pabayaan kaya, alinsunod sa ipakikilala ng Kanyang kalooban. Sa ganitong paraan araw-araw ay ilinalagak ninyo sa kamay ng Diyos ang inyong buhay, at dahil diya'y lalo at lalong mahuhugis ang inyong kabuhayan na gaya ng sa kay Kristo. {PK 96.1}

Kabuhayang panatag

Ang kabuhayang na kay Kristo ay isang kabuhayang panatag. Kaypala'y walang umaapaw na simbuyo ng damdamin, subali't dapat magkaroon ng isang namamalagi at tiwasay na pagtitiwala. Ang inyong pagasa'y wala sa inyong sarili kundi na kay Kristo. Ang inyong kahinaan ay nalagum sa Kanyang kalakasan, ang inyong kahangalan sa Kanyang karunungan, at ang inyong karupukan ay sa Kanyang walang-hanggang katibayan. Kaya nga't huwag ninyong tingnan ang inyong sarili, huwag ninyong isipin sa tuwi-tuwina ang sarili, kundi si Kristo ang inyong titigan. Isipisipin ninyo ang Kanyang pag-ibig, ang kagandahan at kasakdalan ng Kanyang likas. Ang pagtanggi sa sarili ni Kristo, ang pagpapakababa ni Kristo, ang kadalisayan at kabanalan ni Kristo, at ang walang katumbas na pag-ibig ni Kristo—ito ang dapat bulay-bulayin ng kaluluwa. Sa pag-ibig sa Kanya, pagtulad sa Kanya, at lubos na pag-asa sa Kanya, dapat kayong mabago at matulad sa Kanyang wangis. {PK 97.1}

Pagpapahingalay na ukol sa espiritu

Ganito ang wika ni Jesus. "Kayo'y manatili sa Akin." Juan 15:4. Ang mga pangungusap na ito ay nangangahulugan ng pagpapahingalay, katibayan, at pagtitiwala. Muli pang Siya'y nag-aanyaya: "Magsiparito sa Akin, ... at kayo'y Aking papagpapahingahin." Mateo 11:28, 29.

Ang pananalita ng Mang-aawit ay nagpapahayag ng ganyan ding isipan: “Ikaw ay magpahinga sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa Kanya.” Awit 37:7. At ibinibigay ni Isaias ang ganitong pangako: “Sa katahimikan at sa pag-asa ay magiging ang inyong lakas.” Isaias 30:15. Ang kapahingahang ito ay hindi natatagpuan sa di paggawa; sapagka’t sa paanyaya ng Tagapagligtas, ang pangakong pagpapahinga ay kasama ng tawag na gumawa: “Pasanin ninyo ang Aking pamatok, ... at masusumpungan ninyo ang kapahingahan.” Mateo 11:29. Ang pusong lubos na nagtitiwala kay Kristo ay siyang magiging pinakamasikap at pinakamasipag sa paggawa para sa Kanya. {PK 97.2}

Alisin ang pag-iisip sa sarili

Kapag ang pag-iisip ay laging nasa sarili, ay nalalayo ito kay Kristo, na siyang bukal ng lakas at buhay. Dahil dito’y laging sinisikap ni Satanas na mailayo ang pag-iisip sa Tagapagligtas, at nang sa gayo’y mapigil ang pakikiugnay at pakikipag-usap ng kaluluwa kay Kristo. Ang mga kalayawan ng sanlibutan, ang mga pag-aalaala at kaligaligan at kalungkutan sa buhay, ang mga pagkakamali ng mga iba, o ang sarili ninyong mga kamalian at kapintasan sa alin man o sa lahat ng ito’y sisikapin niyang ibaling ang inyong pag-iisip. Huwag kayong paligaw sa kanyang mga pakana. Ang marami na talagang malinis ang loob at nagnanais na mamuhay ukol sa Diyos, ay napakadalas din namang pinapag-iisip niya ng mga bagay na nauukol sa kanilang mga pagkukulang at kahinaan, at sa ganyan kung mailayo na niya sila kay Kristo, umaaasa siyang magwawagi. Hindi natin dapat isipin ang sarili, at mamalagi na lamang sa pag-aalaala at pangangamba na baka hindi tayo maligtas. Lahat ng ito ay naglalayo sa kaluluwa mula sa Bukal ng ating kalakasan. Ilagak ninyo sa kamay ng Diyos ang pag-iingat sa inyong kaluluwa, at magtiwala kayo sa Kanya. Si Jesus ang inyong salitain at isipin. Bayaan ninyong matago ang inyong sarili sa Kanya. Iwaksi ninyo ang lahat ng alinlangan; alisin ang inyong pangamba. Gaya ni apostol Pablo ay inyong sabihin: “Hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito’y sa Anak ng Diyos, na sa akin ay umibig, at ibinigay ang Kanyang sarili dahil sa akin.” Galacia 2:20. Pumanatag kayo sa Diyos. Maiingatan Niya ang ipinagkatiwala ninyo sa Kaniya. Kung ihahabilin ninyo sa Kanyang mga kamay ang inyong sarili, ay gagawin Niya kayong mahigit pa sa mananagumpay sa pamamagitan Niya na umibig sa inyo. {PK 98.1}

Dapat tayong kaiingat

Nang magkatawang-tao si Kristo ay itinali Niya ang sangkatauhan sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng isang panali ng pag-ibig na hindi malalagot kailan man ng kahi’t aling kapangyarihan, maliban na ang tao na rin ang magpasiyang gumawa nito. Palaging maghaharap si Satanas ng mga panghalina na sa ati’y hihikayat upang patirin ang panaling ito—upang pilitin natin ang paghihiwalay ng ating mga sarili kay Kristo. Dito kailangang tayo’y magpakaingat-ingat, magsikap, at manalangin, upang walang makahikayat sa atin na pumili ng ibang panginoon; sapagka’t sa tuwi-tuwina’y malaya tayong makagagawa nito. Subali’t huwag nating alisin kay Kristo ang ating mga paningin, at iingatan Niya tayo.

Pagtingin natin kay Jesus, tayo'y panatag na. Walang makaaagaw sa atin sa Kanyang kamay. Sa palaging pagtingin sa Kanya ay "nababago tayo sa gayon ding larawan, mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, samakatuwid ay sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon." 2 Corinto 3:18. {PK 99.1}

Sumunod sa kanya

Sa ganyan ding paraan ang unang mga alagad naging kawangis ng kaibig-ibig na Tagapagligtas. Nang mapakinggan ng mga alagad na iyon ang mga pangungusap ni Jesus, ay nadama nilang Siya ay kanilang kailangan. Hinahanap nila Siya, natagpuan, at sinundan. Sila'y nakasama niya sa bahay, sa dulang, sa silid, at sa parang. Sila'y kasama Niyang tulad sa mga nag-aaral na kasama ng isang guro, na sa araw-araw ay tumatanggap sila sa Kanyang mga labi ng mga aral ng banal na katotohanan. Sila'y umasa sa Kanya, gaya ng pag-asa ng mga lingkod sa kanilang panginoon, upang matutuhan ang kanilang tungkulin. Ang mga alagad na iyan ay mga lalaking "may pagkataong gaya rin ng atin." Santiago 5:17. Nagkaroon sila ng pakikilaban sa kasalanan na gaya natin. Kinailangan nila ang biyayang kailangan din natin, upang makapamuhay ng isang banal na kabuhayan. {PK 100.1}

Kahit si Juan na minamahal na alagad, yaong lubos na kinakitaan ng wangis ng Tagapagligtas, ay katutubong wala niyaong kaibig-ibig na likas. Hindi lamang siya isang naggigiit ng kaniyang sarili at mapagmithi ng karangalan, kundi isa rin namang pabigla-bigla at nanglalaban pa pagka naaapi. Subali't nang mahayag na sa kanya ang likas ni Jesus ay nakita niya ang sariling kakulangan, at siya'y pinagpakumbaba ng kanyang kalooban. Ang lakas at pagtitiis, ang kapangyarihan at pagkamahabagin, ang karangalan at kaamuangloob, na nakita niya araw-araw sa kabuhayan ng Diyos Anak, ay pumuno sa kanyang kaluluwa ng paghanga at pag-ibig. Araw-araw ang kanyang puso ay nalalapit kay Kristo, hanggang sa nawala sa paningin niya ang sarili dahil sa pag-ibig sa kanyang Panginoon. Sa humuhugis na kapangyarihan ni Kristo ay ipinasakop niya ang kanyang ugaling mapaghimagsik at mapagmithi. Ang nagbibigay-buhay na kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang bumago ng kanyang puso. Ang kapangyarihan ng pag-ibig ni Kristo ang bumago ng kanyang likas. Ito nga lamang ang walang salang ibubunga ng pakikiisa kay Jesus. Pagka sa puso'y naninirahan si Kristo, ay nababago ang buong pagkatao. Ang Espiritu ni Kristo at ang Kanyang pag-ibig, ay siyang nagpapalambot sa puso, nagpapasuko sa kaluluwa, at nagtataas ng mga pag-iisip at mga hangarin sa Diyos at sa langit. {PK 100.2}

"Ako'y sumasa inyong palagi"

Nang si Kristo'y umakyat sa langit ang pagkadama ng Kanyang pakikiharap ay nasa mga alagad pa rin Niya. Yao'y Kanyang pakikiharap, na puspos ng pagibig at kaliwanagan. Si Jesus, ang Tagapagligtas, na lumakad at nakipag-usap at nanalanging kasama nila, na nagbitiw ng mga salita ng pag-asa at pang-aliw sa kanilang mga puso, ay inagaw sa kanila at dinala sa langit, samantalang binubuka pa sa Kanyang mga ang pabalita ng kapayapaan, at ang tunog ng Kanyang pangungusap ay narinig nila, nang Siya'y tinanggap ng makapal na

bilang ng mga anghel: “Narito, Ako’y sumasa inyong palagi hanggang sa katapusan ng sanlibutan.” Mateo 28:20. Siya’y umakyat sa langit na anyong tao. Talos nilang Siya’y nasa harapan ng luklukan ng Diyos, na kanila pa ring Kaibigan at Tagapagligtas; na hindi rin nagbabago ang Kanyang damdaming makiramay; na Siya’y kinikilala pa ring nasa panig ng nagbabatang sangkatauhan. Inihaharap Niya sa Diyos ang mga karapatan ng Kanyang mahalagang dugo at ipinakikita ang Kanyang mga kamay at paa na nasugatan, bilang alaala ng halagang ibinayad Niya para sa Kanyang mga tinubos. Alam nilang Siya’y umakyat sa langit upang maghanda para sa kanila ng mga kalalagyan, at Siya’y muling babalik at tatanggapin sila sa Kanyang sarili. {PK 101.1}

Ang banal na espiritu’y kasama nila

Noong sila’y nagtitipon, pagkaakyat Niya sa langit. ay may pananabik na nais nilang iharap sa Ama ang kanilang mga kahilingan sa pangalan ni Jesus. Sila’y nagsiluhod at nanalanging may banal na pitagan, na inuulit ang pangako: “Kung kayo’y hihingi ng anuman sa Ama, ay ibibigay Niya sa inyo sa Aking pangalan. Hanggang ngayo’y wala pa kayong hinihinging anuman sa pangalan Ko: kayo’y magsihingi, at kayo’y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan.” Juan 16:23, 24. Iniunat nila na pataas ang kanilang mga kamay ng pananampalataya, na inihaharap ang matibay na pananalig: “Si Kristo Jesus na namatay, oo, yaong nabuhay na mag-uli, na siyang nasa kanan ng Diyos, na Siva namang namamagitan dahil sa atin.” Roma 8:34. Noong dumating ang Pentekostes dumating naman sa kanila ang Mang-aaliw, na siyang tinutukoy ni Kristo, nang sabihin Niyang: Siya’y “sasa inyo.” Juan 14:17. At sinabi pa Niyang: “Nararapat sa inyo na Ako’y yumaon; sapagka’t kung hindi Ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni’t kung Ako’y yumaon, Siya’y susuguin Ko sa inyo.” Juan 16:7. Mula noon si Kristo ay mananahan sa puso ng mga anak Niya sa pamamagitan ng Espiritu. Ang kaugnayan nila sa Kanya ngayon ay lalong malapit kay sa noong Siya’y kasama-sama nila. Nagliwanag sa kanila ang ningning ng ilaw at pag-ibig at kapangyarihan ni Kristo, na tumatahan sa puso, na anupa’t ang mga taong nangakakita, ay “nangagtaka; at nangapagkilala nila na sila’y nangakasama ni Jesus.” Gawa 4:13. {PK 102.1}

Idinalangin tayo ni jesus

Ang lahat ng naging katayuan ni Kristo sa unang mga alagad, ay nais Niyang siyang maging katayuan Niya sa mga anak Niya ngayon; sapagka’t doon sa kahuli-hulihang pananalanging kasama ng munting pulutong ng mga alagad na nagkatipon sa palibot Niya ay ganito ang Kanyang sinabi: “Hindi lamang sila ang idinadalangin Ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa Akin sa pamamagitan ng kanilang salita.” Juan 17:20. {PK 103.1}

Tayo’y idinalangin ni Jesus, at hiningi Niyang tayo’y makaisa Niya, gaya naman Niyang kaisa ng Ama. Kay inam na pagkakaisa! Tungkol sa Kanyang sarili, ay ganito ang sinabi ng Tagapagligtas: “Hindi makagagawa ang Ama ng anuman sa Kanyang sarili;” “ang Ama na tumatahan sa Akin ay siyang gumagawa ng mga gawa.” Juan 5:19; 14:10. Kaya kung si Kristo

ang tumatahan sa ating mga puso, ay gagawa Siya sa atin sa ldquo;pagnanasa at sa paggawa, ayon sa Kaniyang mabuting kalooban.” Filipos 2:13. Tayo’y gagawa na gaya ng paggawa Niya; tayo’y magpapakita ng gayon (ling diwa. Anupa’t sa pag-ibig, at pananatili sa Kanya tayo’y “mangagsisilaki sa lahat ng mga bagay sa Kanya, na Siyang pangulo, samakatuwid baga’y si Kristo.” Efeso 4:15. {PK 103.2}

Kabanata 9—Paggawa at Buhay

Ang diyos ay siyang bukal ng buhay at liwanag at kaligayahan ng santinakpan. Tulad sa mga sinag ng liwanag na nagbubuhat sa araw, tulad sa mga agos ng tubig na nagmumula sa isang buhay na batis, ay dumadaloy mula sa Kanya ang mga pagpapala para sa lahat Niyang kinapal. Saan mang dako at ang buhay na galing sa Diyos ay tumatahan sa puso ng mga tao, ay dadaloy naman ito na patungo sa mga iba sa mga daloy ng pag-ibig at pagpapala. {PK 105.1}

Ang kaligayahan ng ating Tagapagligtas ay nasa pagangat at pagtubos sa sangkatauhang lugami sa pagkakasala. Dahil dito ay hindi Niya ibinilang na mahalaga sa Kanya ang Kanyang buhay, kundi binata Niya ang krus, at winalang bahala ang kahihiyan. Ang mga anghel man ay palaging gumagawa rin sa ikaliligaya ng mga iba. Ito ang kanilang kaligayahan. Yaong ipalalagay ng sakim na puso, na isang paglilingkod na nagpapababa ng karangalan, palibhasa'y paglilingkod lamang sa mga kaawa-awa at sa lahat ng bagay ay mababa sa uri at sa tayo ng kabuhayan, ay siyang gawain ng mga anghel na hindi nagkasala. Ang diwa ng mapagsakripisiyong pag-ibig ni Kristo ay siyang diwang naghahari sa langit, at siyang pinaka kakanggata ng kaligayahan at kasayahan doon. Ito ang diwang tatangkilikin ng mga nagsisisunod kay Kristo; ito ang gawang gagawin nila. {PK 105.2}

Pagka ang pag-ibig ni Kristo ang siyang namamahay sa ating puso ay hindi ito maikukubli na gaya ng isang mabangong samyo. Ang banal na kapangyarihan nito ay mararamdaman ng lahat nating makakasama. Ang diwa ni Kristo na nasa loob ng puso ay nakakatulad ng isang batis sa ilang, na ang kanyang tubig ay walang patid ng pag-agos upang pasariwain ang lahat na pananim, at sa mangamamatay na lamang ay lumilikha pa ng kasabikang makainom ng tubig ng buhay. {PK 107.1}

Ang pag-ibig kay Jesus ay mahahayag sa pagnanasang gumawa na katulad ng paggawa ni Jesus, upang maiangat at mapagpala ang sangkatauhan. Ito ang aakay sa tao na ibigin, kahabagan, at mahalin ang lahat ng nilikha, na mga inaalagaan ng ating Ama na nasa langit. {PK 107.2}

Isang kabuhayang naglilingkod

Ang kabuhayan ng Tagapagligtas, noong siya'y narito sa ibabaw ng lupa ay hindi isang pagpapaginhawa at pagmamahal sa sarili, kundi Siya'y gumagawang may kasipagan at katapatan sa ikaliligtas ng nawaglit na mga tao. Mula roon sa sabsaban ng hayop hanggang sa Kalbariyo ay tinunton Niya ang landas ng pagkakait sa sarili, at hindi Niya sinikap na makawala sa mabigat na gawain, mahihirap na paglalakbay, at nakapanghihinang pag-aalaala at paggawa. Ang wika Niya: "Ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang Kanyang buhay sa pagtubos sa marami." Mateo 20:28. Ito ang namumukod na dakilang layunin ng Kanyang buhay. Ang iba pa ay pangalawa na lamang at sumasa ilalim nito. Ang Kanyang pagkain at inumin ay ang gawin ang kalooban ng Diyos

at tapusin ang Kanyang gawain. Ang sarili at ang kapakanan ng sarili ay walang bahagi sa kanyang paggawa. {PK 107.3}

Handang magsakripisiyo ukol sa tagapagligtas

Kaya nga't yaong mga kabahagi ng biyaya ni Kristo ay magiging laan sa anumang pagsasakripisiyo upang ang mga iba na pinagkamatayan Niya ay makabahagi ng kaloob na buhat sa langit. Gagawin nila ang lahat nilang makakaya upang lalong mapabuti ang sanlibutan sa pamamagitan ng kanilang paninirahan dito. Ang diwang ito ay siyang tunay na bunga ng isang kaluluwang tapat na nagbalik-loob sa Diyos. Kapagkarakang lumapit kay Kristo ang isang tao ay sumusupling sa kanyang puso ang isang pagnanasa na ipakilala sa mga iba kung gaano kabuting kaibigan si Jesus na kanyang natagpuan; ang nagliligtas at nagpapabanal na katotohanan ay hindi maaaring masarahan sa kanyang puso. Pagka tayo'y nararamtan ng katuwiran ni Kristo, at nangapupuspos ng tuwa dahil sa paninirahan ng Kanyang Espiritu sa ating kalooban, ay hindi tayo matatahimik. Mayroon tayong masasabi sa mga iba kung talagang ating natikman at nakita na ang Panginoon ay mabuti. Gaya ni Felipe, noong makita niya ang Tagapagligtas, ay aanyayahan natin ang mga iba na sa Kanya'y lumapit. Pagsisikapan nating maipakilala sa kanila ang mga kagandahan ni Kristo, at ang nakukubling mga katotohanan ng sanlibutang darating. Magkakaroon ng maningas na hangad na lumakad sa landas na linakaran ni Jesus. Magkakaroon ng masidhing pananabik na makita naman niyaong nangasa ating palibot "ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29. {PK 108.1}

At ang pagsisikap na mapagpala ang mga iba ay gagantihin naman ng pagpapala rin sa atin. Ito ang adhika ng Diyos sa pagbibigay Niya sa atin ng bahagi na makatulong sa panukala ng pagtubos. Pinagkalooban Niya ng karapatan ang mga tao na maging kabahagi sa banal na likas at bilang kapalit nito, ay ipamahagi naman nila ang mga pagpapalang ito sa kanilang kapuwa. Ito ang kataas-taasang karangalan, ang pinakadakilang kaligayahan, na maaaring ibigay ng Diyos sa mga tao. Yaong nangagsisitulong sa mga gawa ng pag-ibig ay nangapapalapit sa Lumikha sa kanila. {PK 109.1}

Maaaring ipinagtiwala sana ng Diyos sa mga anghel sa langit ang pagbabalita ng ebanghelyo, at ang buong gawain ng malingap na pangangasiwa. Maaaring ginamit sana Niya ang ibang mga paraan upang maganap ang Kanyang adhika. Datapuwa't dahil sa kanyang hindi matingkalang pag-ibig ay hinirang Niya tayong maging mga katulong Niya, kasama si Kristo at ng mga anghel, upang makabahagi tayo sa pagpapala, sa ligaya, sa karangalang ukol sa espiritu, na nagmumula sa pangangasiwang ito na hubad sa kasakiman. {PK 109.2}

Nakikiramay kay kristo

Tayo'y nangakikiramay kay Kristo sa pamamagitan ng ating pakikiisa sa Kanyang mga pagbabata. Bawa't paghahandog ng sarili sa ikabubuti ng mga iba ay nagpapalakas sa diwa ng kagandahang-loob na nasa puso ng nagbibigay, na siyang lalong mahigpit na nag-uugnay sa kanya sa Manunubos ng sanlibutan, na "mayaman, gayon ma'y nagpapakadukha dahil sa

inyo, upang sa pamamagitan ng Kanyang karukhaan ay magsiyaman kayo.” 2 Corinto 8:9. At sa ganyan lamang pagtupad natin sa hangarin ng Diyos sa paglalang Niya sa atin, magiging isang pagpapala sa atin ang mabuhay. {PK 109.3}

Kung kayo’y yayaon upang gumawa ng ayon sa pinanukala ni Kristo ukol sa paggawa ng mga alagad Niya, at maglalapit kayo sa Kanya ng mga kaluluwa, ay mararamdaman ninyo ang pangangailangan ng isang malalim na karanasan at malaking kaalaman sa mga bagay na banal, at kayo’y magugutom at mauuhaw sa katuwiran. Kayo’y mamamanhik sa Diyos, at lalakas ang inyong pananampalataya, at ang inyong kaluluwa ay iinom ng masagana sa balon ng kaligtasan. Ang pagtuligsa ng kaaway at pagsubok na inyong natatagpuan ay siyang sa inyo’y mag-uudyok na manalangin at pagaaralan ang Banal na Kasulatan. Lalago kayo sa biyaya at sa pagkakilala kay Kristo, at tuloy magkakaroon ng mayamang karanasan. {PK 110.1}

Maglingkod sa mga iba

Ang paglilingkod sa mga iba na walang diwang makasarili ay siyang nagpapalalim, nagpapatibay, at nagpapaganda ng likas na gaya ng sa kay Kristo, at nagbibigay ng kapayapaan at katuwaan sa mayroon nito. Marangal ang mga hangarin. Walang kalagayan ang katamaran o kasakiman. Ang nagsisigamit ng mga biyayang Kristiyano sa ganyang paraan ay magsisilaki at lalakas upang gumawa para sa Diyos. Magkakaroon sila ng malinaw na pag-unawang ukol sa espiritu, isang matatag at umuunlad na pananampalataya, at malaking kapangyarihan sa pananalangin. Ang Espiritu ng Diyos, na kumikilos sa kanilang diwa, ay tumatawag sa banal na pakikitugma ng kaluluwa bilang tugon sa banal na pagsagid ng Panginoon. Yaong, sa ganyang paraan ay nangagtatalaga ng kanilang sarili sa isang paglilingkod na walang halong pag-iimbot para sa ikabubuti ng mga iba, ay tiyak na gumagawa sa kanilang ikaliligtas. {PK 110.2}

Upang lumago sa biyaya

Ang paraan lamang upang lumago sa biyaya ay ang gawin ng walang bahid kasakiman yaong ipinagagawa sa atin ni Kristo—gumawa ng ayon sa ating kakayahan sa pagtulong at pagpapala roon sa mga nangangailangan ng ating maitutulong. Ang lakas ay tinatamo sa pamamagitan ng pagbabatak; ang paggawa ang siya ngang kondisyon ng buhay. Yaong mga nagsisikap na mapamalagi ang buhay-kristiyano sa pamamagitan ng palagi na lamang na pagtanggap ng mga pagpapalang dala ng biyaya, at walang anumang ginawa para kay Kristo, ay ibig mabuhay na lamang upang kumain na di gumagawa. At sa mga bagay na ukol sa espiritu, kung paano sa mga bagay ng kalikasan, ang di paggawa ay palaging nagbubunga ng panghihina at pagkakasakit. Ang isang taong ayaw magbatak ng kanyang mga kamay at mga paa ay hindi magluluwat at hindi na niya magagamit pa ang mga ito. Ganyan din naman, ang Kristiyanong hindi gumagamit ng mga kapangyarihang sa kanya’y ibinigay ng Diyos, hindi lamang di siya aabot kay Kristo, kundi naaalis pa ang lakas na nasa kanya. {PK 111.1}

Ang iglesiya ni Kristo ay siyang hinirang ng Diyos upang gamitin sa pagliligtas sa mga tao. Ang gawain niya ay ang maglaganap ng ebanghelyo sa sanlibutan. At sa lahat ng Kristiyano ay nababababaw ang tungkulin. Bawa't isa, ayon sa naaabot ng kanyang talento at panahon, ay kailangang umalinsunod sa bilin ng Tagapagligtas. Ang pag-ibig ni Kristo, na nahahayag sa atin, ay siyang dahil ng pagkakautang natin sa lahat ng hindi nakakakilala sa Kanya. Binigyan tayo ng ilaw ng Diyos, hindi para sa atin lamang, kundi upang itanglaw din naman sa kanila. {PK 111.2}

Kung ginaganap lamang ng mga sumusunod kay Kristo ang kanilang tungkulin, sana'y libu-libo ang nangangaral ngayon ng ebanghelyo sa pinangangaralan ng iisa lamang sa lupain ng mga pagano. At ang lahat ng hindi makasama sa paggawa ay tutulong din sa pamamagitan ng salapi, pakikiramay, at panalangin. Dahil dito'y lalong aalab ang kasipagan ng mga bayang Kristiyano upang umakit ng mga kaluluwa para sa Diyos. {PK 112.1}

Gumawa sa dakong kinaroroonan

Hindi na kinakailangang magsitungo pa tayo sa lupain ng mga pagano, o lisanin ang sariling tahanan kung sa sarili'y mayroon pa tayong mga tungkuling nararapat gampanan para kay Kristo. Ang tungkuling iyan ay magagawa natin kahi't sa ating tahanan, sa iglesiya, sa mga kakaumpok natin, at sa mga nakikipagkalakalan sa atin. {PK 112.2}

Lalong malaking bahagi ng kabuhayan ng ating Tagapagligtas dito sa ibabaw ng lupa ang ginugol Niya sa matiyagang pag-aanluwagi sa Nasaret. Mga anghel na naglilingkod ang umakbay sa Panginoon ng buhay, sa Kanyang paglalakad na kasabay-sabay ng mga magbubukid at mga manggagawa na hindi Siya nakikilala at di pinararangalan. Maging Siya'y gumagawa sa Kanyang mababang hanap-buhay o Siya man ay nagpapagaling ng mga maysakit o lumalakad sa ibabaw ng maunos na dagat ng Galilea, ay matapat Niyang ginanap ang layuning kanyang ipinarito. Kaya nga, sa mga abang tungkulin at lagay ng pamumuhay, ay maaaring tayo'y lumakad at gumawang kasama ni Jesus. {PK 112.3}

Sinasabi ng apostol: "Bawa't isa'y manatili sa Diyos sa kalagayang itinawag sa kanya." 1 Corinto 7:24. Ang mangangalakal ay maaaring makapangalakal sa isang kaparaanang makaluluwalhati sa Kanyang Panginoon, dahil sa kanyang pagtatapat. Kung siya'y tunay na alagad ni Kristo, ay dadalhin niya ang kanyang pananampalataya sa lahat niyang ginagawa, at ihahayag niya sa mga tao ang espiritu ni Kristo. Ang mekaniko ay maaaring maging isang masipag at tapat na kinatawan Niya na gumawa ng mababang mga gawain sa gitna ng mga gulod ng Galilea. Bawa't isang nagtataglay ng pangalan ni Kristo ay dapat gumawa ng gayon na lamang, na anupa't sa pagkakita ng mga iba sa kanyang mabubuting gawa, ay luluwalhatiin nila yaong Lumalang at Tumubos sa kanila. {PK 113.1}

Ang bawa't isa'y may gawain

Marami ang nangagdadahilan na sapagka't ang mga iba ay may tinatangkilik na mataas na kakayahan at malaking kabutihan kay sa kanila, kaya hindi na kailangan pa ang kanilang

tulong sa paglilingkod kay Kristo. Laganap ang paniniwala na iyon lamang may mga tanging katangian ang kinakailangang magtalaga ng kanilang mga kakayahan upang ipaglingkod sa Diyos. Naging pagkakilala na ng marami na ang mga talento ay ipinagkaloob sa isang uri lamang ng mga taong mapapalad na tanging ibinukod sa mga iba, na hindi tinawagan upang makibahagi sa mga paghihirap o sa mga gantimpala man. Datapuwa't hindi ganyan ang ipinakikilala ng talinhaga. Nang tawagin ng puno ng sambahayan ang kanyang mga alipin, ay binigyan niya ang bawa't isa ng kanyang gawain. {PK 113.2}

Taglay ang diwang maibigin, ay magagawa natin ang pinakamababang mga tungkulin sa kabuhayan, "na gaya ng sa Panginoon." Colosas 3:23. Kung sa ating puso'y namamahay ang pag-ibig ng Diyos, ay mahahayag ito sa pamumuhay. Ang masamyong bango ni Kristo ang sasa paligid natin, at ang impluensiya natin ay siyang magpaparangal at magpapala sa mga iba. {PK 114.1}

Huwag maghintay

Huwag na ninyong hintaying dumating pa muna ang malaking pagkakataon o umasa kaya sa di-pangkaraniwang mga kakayahan bago kayo tumungo sa paggawa para sa Diyos. Huwag ninyong isipin kung ano kaya ang ipalalagay sa inyo ng sanlibutan. Kung ang kabuhayan ninyo sa araw-araw ay isang patotoo ng kalinisan at katapatan ng inyong pananampalataya, at napag-uunawa ng mga iba na nais ninyong sila'y matulungan, ang inyong pagsisikap ay hindi masasayang na lahat. {PK 114.2}

Ang pinakamababa at pinakadukha sa mga alagad ni Jesus ay maaaring maging isang pagpapala sa iba. Mangyayaring hindi nila mapagkilalang sila'y gumagawa ng isang tanging bagay na mabuti, datapuwa't sa palaging paggawa nila niyaon ay makapagpapasimula sila ng mga alon ng pagpapala na lalawak at lalalim, at lilitaw ang mga banal na bunga nito na maaaring hindi nila maalaman hanggang sa hilling araw ng pagbibigay ng kagantihan. Hindi nila nararamdaman o nauunawa mang sila'y gumagawa ng anumang bagay na dakila. Hindi sila pinagbibilinang pagurin nila ang kanilang mga sarili sa pag-aalaala ng tungkol sa tagumpay. Ang kailangan lamang ay ang sila'y magsiyaong tahimik, na matapat na ginagawa ang gawaing itinatagubilin ng Diyos, at kung magkagayon, ang kanilang kabuhayan ay hindi mapapalungi. Ang kanilang sarili ay mapaparis na lubos kay Kristo; sila'y mga manggagawang kasama ng Diyos sa buhay na ito, at sa ganito'y iniaangkop nila ang kanilang mga sarili sa lalong mataas na gawain at sa lubos na kaligayahan ng kabilang buhay. {PK 114.3}

Kabanata IO—Ang Pakakilala sa Diyos

Marami ang paraang ginagamit ng Diyos upang pakilala sa atin at tayo'y maihatid sa pakikipagkaisa sa Kanya. Ang katalagahan ay walang likat na nagsasalita sa ating mga sentido. Sa nakabukas na puso ay makikintal ang pag-ibig at kaluwalhatian ng Diyos na gaya ng nahahayag sa mga ginawa ng Kanyang mga kamay. Mauulinigan at mauunawa ng sinumang nakikinig ang mga pasabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga bagay ng katalagahan. Ang mga luntiang kaparangan, ang matataas na punong-kahoy, ang mga buko at bulaklak, ang dumaraang alapaap, ang lumalagpak na ulan, ang lumalagaslas na batis, at ang mga luwalhati ng kalangitan, ay pawang nagsasalita sa ating mga puso, at inaanyayahan tayo, na makipagkilala sa Kanya na gumawa ng lahat ng ito. {PK 117.1}

Binuo ng ating Tagapagligtas ang mahalaga Niyang mga aral sa pamamagitan ng mga bagay ng katalagahan. Ang mga punong-kahoy, ang mga ibon, ang mga bulaklak sa libis ng kabundukan, ang mga burol, ang mga dagat-dagatan, at ang magandang langit, at sampu ng mga nangyayari at nakalilibot sa kabuhayan sa araw-araw, ay mga iniugnay Niya sa mga salita ng katotohanan upang malimit na magunita ng mga tao ang Kanyang mga iniaral, maging nasa gitna man sila ng mga pag-aalaala sa araw-araw na pagpapagal. {PK 117.2}

Nais ng Diyos na pahalagahan ng Kanyang mga anak ang mga ginawa Niya, at sila'y malugod sa simple at mahinhing kagandahan na ipinalamuti Niya sa ating tahanang lupa. Siya'y maibigin sa maganda, at higit sa lahat ng nasa labas na kagandahan, ay iniibig Niya ang magandang likas; ibig Niyang paunlarin natin sa ating kabuhayan ang kalinisan at kasimplihan, na siyang tahimik na mga kariktan ng mga bulaklak. {PK 117.3}

Mahalagang aral ukol sa atin

Kung mangakikinig lamang tayo ay mahalagang mga aral ng pagtalima at pagtitiwala ang sa ati'y ituturo ng mga ginawa ng Diyos. Mula sa mga bituin, na sa buong panahon ay nagsisitunton sa itinadhanang daan nila sa kalawakang walang landas, hanggang sa kaliitliitang atomo, ang mga bagay ng kalikasan ay tumatalima sa kalooban ng Maykapal. Inaalagaan at inaalalayan ng Diyos ang lahat ng bagay na nilalang Niya. Siyang umaalalay sa di mabilang na mga sanlibutang nasa buong kalawakan, ay siya rin namang nagkakaloob ng mga kinakailangan ng maliit na maya na masiglang umaawit ng munti niyang awit na walang takot. Pagka nagsisitungo ang mga tao sa kanilang gawain araw-araw, gaya ng pagka sila'y nananalangin; pagka sila'y nahihiga kung gabi, at pagka bumabangon sila sa umaga; pagka ang mayaman ay nagpapasasa sa kanyang palasyo, o pagka tinitipon ng isang maralita ang kanyang mga anak sa palibot ng dulang na dahop sa mga pagkaing kinakailangan—bawa't isa sa kanila ay magiliw na tinutunghayan ng Ama sa kalangitan. Walang tumutulong luha na di pansin ng Diyos. Walang ngiting hindi Niya tinatandaan. {PK 118.1}

Kung lubos lamang na sasampalatayanan natin ang bagay na ito, ay mapapawi ang lahat ng hindi marapat na pag-aalaala. Ang ating mga kabuhayan ay hindi mapupuno ng pagkabigo, na gaya ngayon; sapagka't ang lahat ng bagay, malaki o maliit man, ay malalagay sa mga

kamay ng Diyos, na hindi nagugulumihanan dahil sa maraming pag-aalaala, o nanglulumo man dahil sa bigat ng mga ito. Sa gayon ay ating tatamasahin ang isang kapahingahan ng kaluluwa na malaon ng hindi dinaranas ng maraming tao. {PK 118.2}

Isipin ang sanlibutang darating

Pagka nalulugod ang inyong mga sentido sa nakagagayumang kagandahan ng lupang ito, ay isip-isipin ninyo ang sanlibutang darating, na hindi makakakilala ng dungis ng kasalanan at kamatayan sa buong panahong walang katapusan; na doo'y ang mukha ng katalagahan ay hindi na magtataglay ng anino ng sumpa. Ilarawan ninyo sa inyong pag-iisip ang tatahanan ng mga maliligtas, at alalahanin ninyong ito'y magiging lalong marilag kay sa mailalarawan ng pinakamatalino ninyong pagkukuro. Sa sari-saring kaloob ng Diyos na nalalagay sa katalagahan ay napakalabong sinag lamang ng Kanyang kaluwalhatian ang nakikita natin. Nasusulat: "Hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anumang mga bagay na inihanda ng Diyos sa nangagsisiibig sa Kanya." 1 Corinto 2:9. {PK 119.1}

Ang makata at ang nag-aaral ng mga bagay ng katalagahan ay may maraming sinasabi tungkol sa kalikasan, subali't ang Kristiyano ay siyang nagtatamasang lubos sa kagandahan ng lupa, palibhasa'y nakikilala niya ang ginagawa ng kamay ng kanyang Ama, at kanyang nakikita ang pag-ibig ng Diyos na nasusulat sa bulaklak, sa damo at sa punong-kahoy. Sinuman ay hindi ganap na makakakilala sa kahalagahan ng burol at libis, ng ilog at dagat, kung hindi niya titingnan ang mga iyon na tagapagpahayag ng pag-ibig ng Diyos sa tao. {PK 119.2}

Nagsasalita sa atin ang Diyos sa pamamagitan ng likha ng Kanyang kalooban, at sa pamamagitan ng paggawa ng Kanyang Espiritu sa ating puso. Sa ating sariling mga kalagayan, sa mga pagbabagong nangyayari sa araw-araw sa ating paligid-ligid, ay makasusumpong tayo ng mahalagang mga aral, kung nakalaan lamang ang ating mga puso upang unawain ang mga ito. Sa pagtalunton ng mang-aawit sa mga ginawa ng Diyos ay sinabi Niya: "Ang lupa ay puno ng kagandahang-loob ng Panginoon." Awit 33:5. "Kung sino man ang pantas ay magbulay sa mga bagay na ito, at kanilang magugunita ang mga kagandahang-loob ng Panginoon." Awit 107:43. {PK 120.1}

Ang banal na kasulatan

Nagsasalita sa atin ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang salita. Nasa atin sa salitang ito ang lalong maliliwanag na hanay ng pagkahayag ng Kanyang likas, ang Kanyang pakikitungo sa mga tao, at ang malaking gawain ng pagtubos. Dito'y nalalahad sa harapan natin ang kasaysayan ng mga patiarka at ng mga propeta at iba pang mga banal na tao nang una. Sila'y may "mga pagkataong gaya rin ng atin." Santiago 5:17. Nakikita natin kung paano sila nangakipaglaban sa panglulupaypay, na gaya ng sa atin, kung paanong sila'y nangahu log sa mga tukso na gaya rin ng nangyayari sa atin, ngu ni't nagpakasiglang muli at nanaig sila sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos; at sa pagtingin sa kanila ay pinasisigla tayo sa ating

pagsusumakit na umabot sa katuwiran. Pagka binabasa natin ang mahahalagang karanasang sa kanila'y ipinagkaloob, ang liwanag at pagibig at pagpapalang kanilang tinamasa, at ang gawain na kanilang ginawa sa pamamagitan ng biyayang sa kanila'y ibinigay, ang diwang sa kanila'y nagpasigla ay nagpapaalab sa atin ng isang apoy ng banal na pagpapakabuti, at isang pagmimithing makatulad nila sa likas: katulad nilang lumakad na kasama ng Diyos. {PK 120.2}

Ang patotoo ni jesus

Tungkol sa mga kasulatan ng Matandang Tipan, at lalo na ng Bagong Tipan, ay ganito ang sinabi ni Jesus: "Ang mga ito'y siyang nagpapatotoo tungkol sa Akin" (Juan 5:39), ang Manunubos, na gitna ng ating mga pag-asa sa buhay na walang-hanggan. Oo, si Kristo nga ang sinalita ng buong Biblia. Mula sa unang ulat na tungkol sa paglalang—sapagka't "alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala Siya" (Juan 1:3)—hanggang sa kahuli-hulihang pangako: "Narito, ako'y madaling pumaparito" (Apokalipsis 22:12), ay binabasa natin ang tungkol sa Kanyang mga ginawa, at naririnig natin ang Kanyang tinig. Kung ibig ninyong makilala ang Tagapagligtas, pag-aralan ninyo ang mga Banal na Kasulatan. {PK 121.1}

Punuin ninyo ang inyong buong puso ng mga salita ng Diyos. Iyan ang tubig ng buhay na nakapapawi ng matinding uhaw. Iyan ang tinapay ng kabuhayan na buhat sa langit. Sinabi ni Jesus: "Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang Kanyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili." At ipinaliwanag Niya ang ibig Niyang sabihin, sa pananalitang ito: "Ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay." Juan 6:53, 63. Binubuo ang ating mga katawan ng ating kinakain at iniinom; at kung ano ang totoo sa kabuhayang ukol sa laman, ay siya rin namang totoo sa kabuhayang ukol sa espiritu; ang ating binubulaybulay ang siyang umaanyo at nagpapalakas sa ating kabuhayang ukol sa espiritu. {PK 121.2}

Ang paksa ng pagtubos

Ang paksang tungkol sa pagtubos ay isang suliraning ninanais na matunghayan ng mga anghel; ito ang pag-aaralan at aawitin ng mga tinubos sa walanghanggang panahon. Hindi baga nararapt na ito'y isipisipin at pag-aralan sa panahon ngayon? Ang walanghanggang awa at pag-ibig ni Jesus, ang hirap at sakit na Kanyang binata ng dahil sa atin, ay humihingi ng pinakamahigpit at pinakamahalagang pagbubulaybulay. Dapat nating isiping palagi ang likas ng sinisinta nating Manunubos at Tagapamagitan. Dapat nating bulaybulayin ang gawain Niya na naparito upang iligtas ang Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan. At pagka binubulaybulay natin ang mga salaysaying makalangit, ay lalong lalakas ang ating pananampalataya at pag-ibig, lalo at lalong magiging karapatdapat sa Diyos ang ating mga panalangin, sapagka't higit at higit na mararagdagan ng pananampalataya at pag-ibig. Sila'y magiging matalino at masigasig. Magkakaroon ng lalong mapagpatuloy na pagtitiwala kay

Jesus at sa araw-araw ay mararanasan ang Kanyang kapangyarihang nagliligtas ng lubusan sa lahat ng nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya. {PK 122.1}

Pagka binubulaybulay natin ang mga kaganapan ng Tagapagligtas, ay ating nanaising mangabago tayo ng lubusan, at mawangis sa larawan ng Kanyang kadalisayan. Kagugutuman at kauuhawan ng kaluluwa ang matulad sa Kanya, na ating sinasamba. Kung kailan iniisip si Kristo ng higit at higit ay saka naman lalo at lalong sasalitain natin Siya sa mga iba, at kakatawan tayo sa Kanya sa sanlibutan. {PK 123.1}

Sa mga taong karaniwan

Ang Biblia ay hindi sinulat para sa pantas lamang, kundi ito ay iniukol sa mga taong karaniwan. Ang mga dakilang katotohanang kinakailangan sa ikaliligtas ay pinakaliwa-liwanag na gaya ng katanghaliang tapat; at walang magkakamali ni maliligaw liban sa mga sumusunod sa kanilang sariling haka sa halip na sa malinaw na nahahayag na kalooban ng Diyos. {PK 123.2}

Hindi natin dapat tanggapin ang patotoo nino man tungkol sa kung ano ang itinuturo ng Kasulatan, kundi tayo na rin ang mag-aral ng salita ng Diyos. Kung pababayaan nating iba ang mag-isip para sa atin, ay malulumpo ang ating mga lakas at uurong ang ating mga kakayahan. Ang dakilang mga kapangyarihan ng pagiisip ay manghihina ng malaki dahil sa hindi paggamit sa mga salaysaying marapat pagtimuan ng pag-iisip, na anupa't mawawala na tuloy ang kanilang kakayahang umunawa sa malalim na kahulugan ng salita ng Diyos. Lalawak ang pag-iisip pagka ginagamit sa pagaaral ng tungkol sa pagkakaugnay ng mga suliranin ng Biblia, na ipinaparis ang talata sa kapuwa talata, at ang mga bagay na ukol sa espiritu sa mga bagay na ukol sa espiritu. {PK 123.3}

Wala nang makapagpapalakas na mabuti sa pag-iisip ng tao na sadyang pinanukala na di gaya ng pag-aaral ng Kasulatan. Walang ibang aklat na katulad nito na may angking napakalaking kapangyarihan upang padakilain ang mga isipan, palusugin ang mga pagkukuro, na gaya ng mararangal at malalawak na katotohanang linalaman ng Biblia. Kung ang Salita ng Diyos ay pinag-aaralang gaya ng nararapat gawin, ay magkakaroon ang mga tao ng malawak na kaalaman, marangal na likas, at matibay na adhika, na bihirang makita sa panahong ito. {PK 124.1}

Huwag magmadali

Nguni't sa nagmamadaling pagbasa ng Banal na Kasulatan ay maliit lamang ang pakinabang na natatamo. Maaaring mabasa ng isang tao ang buong Biblia ng tagpusan, at gayon pa man ay hindi niya makita ang kagandahan nito o maunawa kaya ang malalim at natatagong kahulugan. Ang isang talata na pinag-aralan hanggang sa mapag-unawang mabuti ang kahulugan, at mapagkilala ang kaugnayan niyaon sa panukala ng pagliligtas, ay lalong mahalaga kaysa matulin na pagbasa ng maraming pangkat na walang tiyak na layunin at walang malinaw na aral na nakuha. Dalhin ninyong lagi ang inyong Biblia. Pagka nagkaroon

kayo ng panahon, basahin ninyo; itanim ninyo sa alaala ang mga talata. Kahi't na kayo'y naglalakad sa mga lansangan, ay maaaring makabasa kayo ng isang talata at mabulaybulay, at sa gayo'y makikintal ito sa pag-iisip. {PK 124.2}

Hindi tayo matututo kung wala tayo niyaong taimtim na pagdidili-dili at pag-aaral na linalakipan ng panalangin. Ang ilang bahagi ng Kasulatan ay napakalinaw na at hindi mapagkakamalian; nguni't may mga iba namang talata na ang kahulugan ay hindi agad matatarok sa minsang pagbasa, sapagka't malalim. Ang isang talata ay kailangang iparis sa ibang talata. Dapat magkaroon ng maingat na pagsasaliksik at pagkukurong may panalangin. At ang ganyang pag-aaral ay gagantihin ng sagana. Kung paanong natutuklasan ng magmimina ang mga ugat ng mahalagang mina na natatago, ay gayon nakakasumpong ng mga katotohanang napakamahalaga ang matiyagang nagsasaliksik ng salita ng Diyos, na nakakubli sa paningin ng di maingat na naghahanap. Ang mga salitang kinasihan, pagka minumuni-muni, ay matutulad sa mga batis na umaagos mula sa bukal ng buhay. {PK 124.3}

Dumalangin bago mag-aral

Ang Biblia kailan man ay hindi nararapat na pag-aralan na walang kalakip na panalangin. Bago natin buksan ang mga dahon nito ay dapat muna nating hingin ang pagtanglaw ng Banal na Espiritu, at ito'y ipagkakaloob. Nang lumapit si Natanael kay Jesus, ay sinabi ang ganito ng Tagapagligtas: "Narito ang isang tunay na Israelita na sa kanya'y walang daya!" Ang wika ni Natanael: "Saan mo ako nakilala?" At sumagot si Jesus: "Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng higos, ay nakita kita." Juan 1:47, 48. At makikita rin naman tayo ni Jesus sa mga lihim na dakong panalanginan, kung hihingan natin Siya ng liwanag, upang makilala natin kung alin ang katotohanan. Mga anghel na buhat sa sanlibutan ng kaliwanagan ay siyang sasa mga taong nagmamakaamong humingi sa Diyos ng Kanyang pamamatnugot. {PK 125.1}

Ibinubunyi at niluluwalhati ng Banal na Espiritu ang Tagapagligtas. Tungkulin Niya ang iharap si Kristo, ang kadalisayan ng Kanyang katuwiran, at ang dakilang kaligtasan natin sa pamamagitan Niya. Ani Jesus: "Kukuha Siya sa nasa Akin, at sa inyo'y ipahahayag." Juan 16:14. Ang Espiritu ng katotohanan ang siyang tanging magaling na tagapagturo ng banal na katotohanan. Oh anong laki ng pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, palibhasa'y ibinigay Niya ang Kanyang Anak upang mamatay dahil sa atin, at ibinibigay Niya ang Kanyang Espiritu upang maging guro at patnugot ng tao. {PK 126.1}

Kabanata II—Tanging Karapatan ng Pagdalangin

Sa pamamagitan ng kalikasan at banal na pahayag, sa pamamagitan ng Kanyang banal na kalooban, at sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, nagsasalita Siya sa atin. Subali't hindi pa rin sapat ang mga ito; kailangan din namang sa Kanya'y ipahayag natin ang buong nilalaman ng ating puso. Upang magkaroon ng buhay at lakas na ukol sa espiritu ay kinakailangang tayo'y magkaroon ng tunay na pakikiugnay sa ating Ama na nasa langit. Maaaring matawag sa Kanya ang ating mga isip; mabubulaybulay natin ang Kanyang mga ginawa, ang Kanyang mga kahabagan, at ang Kanyang mga pagpapala; nguni't sa tunay na kahulugan ay hindi ito ang pakikipag-usap sa Kanya. Upang makipag-usap sa Dios, ay dapat magkaroon tayo ng sasabihin sa Kanya hinggil sa lagay ng ating talagang kabuhayan. {PK 127.1}

Ang panalangin ay ang pagbubukas ng puso sa Diyos na gaya ng sa isang kaibigan. Hindi sa iyan ay kailangan upang maipakilala sa Diyos kung ano ang lagay natin, kundi upang matanggap natin Siya. Ang panalangin ay hindi siyang nagbababa sa Diyos sa atin, kundi iyan ang nagtataas sa atin sa Kanya. {PK 127.2}

Noong narito pa si Jesus sa ibabaw ng lupa, ay itinuro Niya sa Kanyang mga alagad kung paano ang pananalangin. Pinagbilinan Niya sila na iharap sa Diyos ang kanilang mga kinakailangan sa araw-araw, at ilagak ang lahat nilang pag-aalaala sa Kanya. At ang ipinangako Niya sa kanila, na didinggin ang kanilang mga karaingan, ay ipinangangako rin naman sa atin. {PK 127.3}

Si Jesus na rin, noong tumatahan pa Siyang kasama ng mga tao ay malimit manalangin. Nakiisa ang ating Tagapagligtas sa ating mga pangangailangan at mga kahinaan, sapagka't Siya'y naging isang namamanhik at humihiling, na humihingi sa Kanyang Ama ng sariwang lakas, upang Siya'y makayaong laan sa tungkulin at pagsubok. Siya ang ating halimbawa sa lahat ng bagay. Siya'y kapatid natin sa ating mga kahinaan, "na tinukso sa lahat ng mga paraang gaya rin naman natin;" nguni't palibhasa'y walang kasalanan, ay umurong ang Kanyang pagkatao sa kasamaan; binata Niya ang mga pakikilaban at pasakit sa Kanyang kaluluwa sa isang sanlibutang makasalanan. Dahil sa Kanyang pagkatao ay naging isang pangangailangan at isang karapatan sa ganang Kanya ang pananalangin. Nakasumpong Siya ng kaaliwan at kaligayahan sa pakikipag-usap sa Kanyang Ama. At kung ang Tagapagligtas ng mga tao, ang Anak ng Diyos, ay nakaranas na kailangan Niya ang panalangin, di lalo pang kailangan ng mahina at makasalanang tao ang maalab at palaging pananalangin. {PK 129.1}

Hinihintay tayo ng diyos

Ang Ama nating nasa langit ay nakalaang sa ati'y magbigay ng kapuspusan ng Kanyang pagpapala. Karapatan natin ang uminom ng marami sa bukal ng walang-hanggang pag-ibig. Nakapagtataka nga na bihirang-bihira tayong manalangin! Handa, at nalalaan ang Diyos na makinig sa taimtim na panalangin ng kaliit-liitan sa Kanyang mga anak, subali't hayag na hayag ang malaki nating pag-aatubili na ipaalam sa Diyos ang ating mga kailangan. Ano ang iisipin ng mga anghel sa langit sa kaawa-awa at mahinang mga tao, na sinasalakay ng mga

tukso, yayamang ang puso ng Diyos na binubukalan ng walang-hanggang pag-ibig ay nasasabik sa kanila, handang magbigay ng higit sa kanilang mahihingi o maiisip, subali't bahagya na silang manalangin at napakaliit ang kanilang pananampalataya? Ang mga anghel ay nagigiliw na yumukud sa harapan ng Diyos; ini-ibig nilang mapalapit sa Kanya. Itinuturing nila na ang pakikipag-usap sa Diyos ay siyang pinakamataas nilang kagalakan; subali't ang mga taong taga lupa, na nangangailangan ng napakalaking tulong na walang ibang makapagbibigay liban sa Diyos lamang, ay waring nasisiyahang lumakad kahit wala sa kanila ang liwanag ng Kanyang Espiritu, na siyang pakikisama ng Kanyang pakikiharap. {PK 129.2}

Bunga ng di pananalangin

Ang kadiliman ng kasamaan ang lumiligid sa mga hindi nananalangin. Ang mga tuksong ibinubulong ng kaaway ay siyang humihila sa kanila sa pagkakasala; at ang lahat ng ito ay dahil sa hindi nila ginagamit ang mga karapatang sa kanila'y ibinibigay ng Diyos sa kanyang habiling sila'y manalangin. Bakit nga at ang mga lalaki at babaeng anak ng Diyos ay nag-aatubiling manalangin, gayong ang panalangin ay siyang susing nasa kamay ng pananampalataya, na nagbubukas ng kabang-yaman ng Diyos, na kinatataguan ng hindi nauubos na mga kayamanan ng Makapangyarihan sa lahat? Kung tayo'y hindi palaging nananalangin at matiyagang nagpupuyat, ay nanganganib tayo na mawalan ng ingat at lumihis tuloy sa matuwid na daan. Palaging sinisikap ng kaaway na hadlangan ang daang patungo sa luklukan ng awa, upang huwag nating matamo sa pamamagitan ng pananampalataya at maningas na panalangin ang biyaya at kapangyarihang dadaig sa tukso. {PK 130.1}

May ilang mga kondisyon na kinasasaligan ng ating pag-asa na diringgin at sasagutin ng Diyos ang ating mga panalangin. Ang isa sa mga panguna rito ay ang ating madama ang pangangailangan ng tulong na buhat sa Kanya. Ipinangako Niyang: "Ipagbubuhos Ko ng tubig siya na uhaw, at ng mga bukal ang tuyong lupa." Isaias 44:3. Yaong nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, na nagigiliw sa Diyos, ay makaasang sila'y bubusugin. Dapat na maging bukas ang puso sa impluensiya ng Banal na Espiritu, kung dili ay hindi matatanggap ang pagpapala ng Diyos. {PK 131.1}

Ang malaki nating pangangailangan

Ang malaki nating pangangailangan ay isa na ring dahilan at mabisang namamanhik patungkol sa atin. Nguni't dapat ding lapitan ang Panginoon upang gawin Niya ang mga bagay na ito para sa atin. Ang sabi niya "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan." Mateo 7: 7. At "Siya, na hindi ipinagkait ang kanyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng bagay?" Roma 8:32. {PK 131.2}

Kung sa ating puso ay iimpukin natin ang kasamaan, kung ginagawa pa rin nating parati ang anumang bagay na kilala nating kasalanan, ay hindi tayo didinggin ng Panginoon; nguni't ang panalangin ng nagsisisi at bagbag na puso ay palaging tinatanggap. Pagka naayos na ang lahat ng hayag na kamalian, ay maaasahan nating sasagutin ng Diyos ang ating mga karaingan. Ang sarili nating karapatan ay hindi makapagtatagubilin sa atin sa lingap ng Diyos;

karapatan lamang ni Jesus ang sa ati'y magliligtas, at dugo Niya ang lilinis sa atin; gayon may mayroon pa rin tayong dapat gawin muna bago tayo matanggap. {PK 131.3}

Kailangan ang pananampalataya

Ang ikalawang sangkap ng nagtatagumpay na panalangin ay ang pananampalataya. "Ang lumapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos, at Siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa Kanya'y nagsisihanap." Hebreo 11:6. Ang wika ni Jesus sa kanyang mga alagad ay ganito: "Lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin. Marcos 11: 24. Tapat ba ang ating paniniwala sa Kanyang mga salita? {PK 133.1}

Ang pangako ay malawak at hindi nahahangganan, at Siya na nangako ay tapat. Pagka hindi natin tinatanggap iyong mga bagay na ating hinihingi sa sandaling hingin natin, ay manampalataya pa rin tayo na dinirinig ng Panginoon ang ating pagsusumamo, at talagang sasagutin Niya ang ating mga dalangin. Napakadalas nating magkamali at napakaigsi ang abot ng ating tingin, na anupa't kung magkabihira'y humihingi tayo ng mga bagay na hindi magiging isang pagpapala sa atin, at dahil sa pag-ibig ng ating Ama na nasa langit ay sinasagot Niya ang ating mga panalangin sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng ikabubuti natin—alalaong baga'y iyong talagang hihingin natin, kung taglay ang paninging pinapagliwanag ng Diyos, ay makikita natin ang tunay na lagay ng lahat ng bagay. Kung wari manding hindi sinasagot ang ating mga panalangin, ay panghawakan pa rin natin ang pangako; sapagka't hindi sasala na darating ang panahon ng pagsagot, at tatanggap tayo ng pagpapala na lubhang kailangan natin. Datapuwa't sa pagsasabi na palaging ibibigay sa atin ang ating idinadalangin, ayon sa paraang ibig natin, ay pagsasapantaha. Ang Diyos ay napakamatalino at hindi Siya mangyayaring magkamali, at napakabuti Niya kaya hindi Niya ipagkakait ang anumang mabuting bagay sa lumalakad ng matuwid. Kaya nga't huwag kayong mangambang magkatiwala sa Kanya, bagaman hindi ninyo agad nakikita ang sagot sa inyong mga dalangin. Umasa kayo sa Kanyang tiyak na pangako: "Magsihingi kayo at kayo'y bibigyan." Mateo 7:7. {PK 133.2}

Manalig sa diyos

Kung diringgin natin ang ating mga alinlangan at pangamba, o kung sisikapin muna nating ayusin ang lahat ng bagay na hindi natin maliwanagan bago tayo magkaroon ng pananampalataya, ay lalo lamang kakapal at lalalim ang mga bagabag. Nguni't paglumalapit tayo sa Diyos, na kinikilala nating tayo'y mahina at walang kaya, at sa pananampalatayang may kalakip na pagpapakumbaba at pagtitiwala ay sasabihin natin ang ating mga pangangailangan sa Kanya na ang karunungan ay walang-hanggan, na sa Kanya'y hayag ang lahat ng mga bagay sa sangnilalang, at pinamamahalaan Niya ang lahat ng bagay sa pamainagitan ng Kanyang kalooban at salita, ay Kanyang pakikinggan at diringgin ang ating daing, at pasisilangin Niya ang liwanag sa ating mga puso. Sa pamamagitan ng taimtim na panalangin ay napapaugnay tayo sa pag-iisip ng Walang-hanggan. Maaaring wala tayong

makitang anumang kahanga-hangang katunayan sa sandaling nakatunghay sa atin ang mukha ng Manunubos na sa ati'y nahahabag at umiibig, gayon pa man ay tunay na ginagawa Niya ito. Maaaring hindi natin maramdaman ang hayag na dampi ng kanyang kamay, nguni't totoong nakapatong sa atin ang Kanyang kamay na may pag-ibig at pagkaawa. {PK 134.1}

Patawarin ang mga lba

Pag tayo'y lumalapit sa Diyos upang humingi ng habag at pagpapala, ay dapat suma ating mga puso ang isang diwa ng pag-ibig at pagpapatawad. Paano natin maidadalangin ang "ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin" (Mateo 6:12), kung tayo'y nag-iimpok ng pagtatanim ng loob laban sa iba? Kung inaasahan nating sasagutin ang ating mga panalangin, ay dapat na patawarin natin ang mga iba sa paraan at sukat na gaya ng inaasahan nating pagpapatawad naman sa atin. {PK 135.1}

Ang pagtitiyaga sa pananalangin ay ginawang isang kondisyon ng pagtanggap. Dapat tayong manalanging palagi, kung ibig nating lumago sa pananampalataya at karanasang Kristiyano. Dapat tayong "magmatiyagain sa pananalangin," at "manatili kayong palagi sa pananalangin, na kayo'y mangagpuyat na may pagpapasalamat." Roma 12:12; Colosas 4:2. Pinapayuhan ni Pedro ang mga nanampalataya, na sila'y "mangagpuyat sa pananalangin." 1 Pedro 4:7. Ipinagbilin ni Pablo, na sa "lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos." Filipos 4:6. "Nguni't kayo, mga minamahal," ani Judas, "papagtibayin ninyo ang inyong sarili sa inyong lubhang banal na pananampalataya, na manalangin sa Espiritu Santo, na magsipanatili kayo sa pag-ibig sa Diyos." Judas 20, 21. Ang panalanging walang patid ay siyang walang kasira-sirang pakikipagkaisa ng kaluluwa sa Diyos, na anupa't ang buhay na mula sa Diyos ay dumadaloy sa ating kabuhayan: at mula sa ating kabuhayan ay dumadaloy namang pabalik sa Diyos ang kadalisayan at kabanalan. {PK 135.2}

Huwag papigil sa anuman

Kailangan ang sipag sa pananalangin; huwag kayong papigil sa anumang bagay. Gawin ninyo ang bawa't pagsisikap upang mamalaging bukas ang pakikipagusap ng inyong kaluluwa kay Jesus. Samantalahin ninyo ang bawa't pagkakataon, na kayo'y makaparoon sa dakong pinagdadausan ng panalangin. Yaong talagang nagsisihanap sa Diyos, ay makikita sa pulong-panalangin, tapat sa pagganap ng kanilang tungkulin, at masikap at sabik na makuha ang lahat ng kapakinabangang matatamo nila. Gagamitin nila ang lahat ng pagkakataon na lumagay sa lugar na katatanggapan nila ng mga sinag ng liwanag na nagmumula sa langit. {PK 136.1}

Dapat tayong manalangin sa tahanan na kasama ang sambahayan; at higit sa lahat ay huwag nating kaliligtaan ang lihim na panalangin, sapagka't iyan ang buhay ng kaluluwa. Hindi makalulusog ang kaluluwa pagka kinaliligtaan ang panalangin. Ang panalangin sa loob ng sambahayan o ang panalangin sa harapan ng madla, ay hindi sapat. Sa pag-iisa, ay buksan

ninyo ang inyong puso sa sumisiyasat na paningin ng Diyos. Ang lihim na panalangin ay dapat marinig ng Diyos lamang na dumirinig ng panalangin. Walang mausisang tainga ang dapat makarinig ng dalahin ng ganyang panalangin. Sa lihim na pananalangin ang kaluluwa ay laya mula sa anumang impluensiya sa palibot, at laya rin sa anumang kagusutan. Banayad, nguni't maalab na aabot ito sa Diyos. Masarap at namamalagi ang impluensiyang magmumula sa Kanya na nakakakita sa lihim, na bukas ang pakinig upang dinggin ang panalanging umiilanglang buhat sa puso. Sa pamamagitan ng mahinahon at malinis na pananampalataya, ay nakikipag-usap sa Diyos ang kaluluwa, at nagtitipon siya sa sarili ng mga sinag ng banal na liwanag upang sa kanya'y magpalakas at umalalay sa pakikilamas kay Satanas. Ang Diyos ang ating muog ng kalakasan. {PK 136.2}

Manalanging nag-iisa

Manalangin kayo sa inyong silid; at sa araw-araw na inyong paggawa, ay limitan ninyo ang pagtawag sa Diyos. Sa ganitong paraan lumakad si Enok na kasama ng Diyos. Ang ganyang mga lihim na dalangin ay pumapaitaas na tulad sa mabangong kamanyang na pumapailanglang sa harapan ng luklukan ng biyaya. Hindi madadaig ni Satanas ang tao na ang puso ay sumasa Diyos. {PK 137.1}

Walang panahon o dako man, na roo'y hindi nababagay ang magpailanglang ng isang dalangin sa Diyos. Walang makapipigil sa atin sa pagpapailanglang sa Diyos ng isang maningas na panalanging nagmumula sa kaibuturan ng ating puso. Sa mataong lansangan, o sa gitna man ng pakikipagkalakalan, ay makapagpapailanglang tayo ng isang dalangin sa Diyos, at makahihingi ng banal na patnugot, gaya ng ginawa ni Nehemias, noong sabihin niya ang kanyang kahilingan sa haring si Artajerjes. Maaaring isagawa ang pananalangin saan man tayo naroon. Palagi nating buksan ang pintuan ng ating puso, at ipailanglang ang ating paanyaya na si Jesus ay pumasok at manirahan sa ating kaluluwa na isang panauhing mula sa langit. {PK 138.1}

Pakaingatang malinis ang sarili mula sa karumihan

Bagaman at nalilibot tayo ng marumi at masamang hangin ng kasalanan, ay di kinakailangang sanghapin natin ang karumihan nito, kundi maaaring makapamuhay tayo sa malinis na hangin ng langit. Masasarhan natin ang bawa't pintong pinapasukan ng maruruming haka at mga pangit na isipan, sa palagi nating paglapit sa Diyos sa pamamagitan ng taimtim na dalangin. Yaong mga tao, na ang puso ay bukas upang tumanggap ng kandili at pagpapala ng Diyos, ay lalakad sa isang lalong banal na dako kaysa nasa lupa, at sila'y laging makakaugnay ng langit. {PK 138.2}

Dapat tayong magkaroon ng lalong malinaw na pagkakilala kay Jesus, at lalong ganap na pagkaunawa ng kahalagahan ng mga katotohanang walang-hanggan. Ang kagandahan ng kabanalan ay siyang dapat pumuno sa puso ng mga anak ng Diyos; at upang ito'y maganap ay kailangan nating hanapin ang mga banal na pahayag tungkol sa mga bagay na banal. {PK 138.3}

Buksan natin at itaas ang ating kaluluwa upang tayo'y bigyan ng Diyos ng hangin ng langit na masasagap. Maaaring malapit na malapit tayo sa Diyos, na anupa't sa tuwing darating ang pagsubok na hindi natin inaasahan ay pipihit agad sa Kanya ang ating mga isip, gaya ng katutubong pagpihit ng bulaklak sa araw. {PK 139.1}

Hindi napapagod ang diyos

Lagi ninyong iharap sa Diyos ang inyong mga pangangailangan, mga katuwaan, mga kalungkutan, ang inyong pag-aalaala, at mga pangamba. Hindi siya marunong mabigatan, hindi siya marunong mapagod. Siyang nakakaalam ng bilang ng buhok ng inyong ulo ay hindi magwawalang-kibo sa mga pangangailangan ng kanyang mga anak. "Lubos ang pagkahabag at ang pagkamaawain ng Panginoon." Santiago 5:11. Ang puso Niyang maibigin ay nakikilos ng ating mga kalumbayan, kahit na ng pagbigkas lamang natin sa mga ito. Dalhin ninyo sa Kanya ang lahat ng bagay na gumugulo sa inyong pag-iisip. Sa Kanya ay walang napakalaking dalahin, sapagka't Siya ang umaalalay sa mga sanlibutan, at pinangangasiwaan Niya ang lahat ng kapakanan ng santinakpan. Pagkaliit-liit man ng alin mang bagay na may kinalaman sa ating ikapapayapa, ay napupuna niya. Walang napakadilim na pangkat sa ating karanasan na hindi Niya mababasa; walang kagulumihanang napakahirap na di niya mahuhusay. Walang kapahamakang sasapit sa kaliit-liitan sa Kanyang mga anak, walang pag-aala-alang makagugulo sa kaluluwa, walang kagalakang makapagpapasaya, walang taimtim na panalanging namumutawi sa mga labi, na hindi minamatyagan ng Ama nating nasa langit, o kaya'y hindi Niya agad pinapansin. "Kanyang pinagagaling ang mga may bagbag na puso, at tinatalian Niya ang kanilang mga sugat." Awit 147:3. Ang mga pagkakaugnay ng Diyos at ng bawa't kaluluwa ay napakalinaw at napakaganap, na anupa't waring wala nang iba pang kaluluwang pinagbigyan Niya ng Kanyang Anak liban sa isang iyan. {PK 139.2}

Humingi sa ngalan ni jesus

Ani Jesus: "Magsihingi kayo sa Aking pangalan: at sa inyo'y hindi Ko sinasabi, na kayo'y idadalangin Ko sa Ama; sapagka't ang Ama rin ang umiibig sa inyo." "Kayo'y hinirang Ko, ... upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at manatili ang inyong bunga; upang ang anumang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay Niya sa inyo." Juan 16:26,27; 15: 16. Datapuwa't ang manalangin sa pangalan ni Jesus ay hindi ang pagbanggit lamang sa pangalang iyan sa pasimula at sa katapusan ng panalangin. Iyan ay ang manalangin sa pag-iisip at sa diwa ni Jesus, samantalang sumasampalataya sa Kanyang mga pangako, umaasa sa Kanyang biyaya at gumagawa ng Kanyang mga gawa. {PK 140.1}

Hindi ang ibig sabihin ng Diyos ay ang maging ermitanyo o monghe ang sinuman sa atin, at lumayo na sa sanlibutan, upang maitalaga natin ang ating mga sarili sa pagsamba. Ang kabuhayan ay dapat na matulad sa kabuhayan ni Kristo—na nasa pagitan ng bundok na panalanginan at ng mga tao. Yaong walang ginagawa kundi manalangin ay madaling titigil sa pananalangin, o kaya'y magiging walang kabuluhang paulit-ulit ang mga panalangin niya. Pag lumalayo ang mga tao sa pakikisama sa mga iba, malayo sa naabot ng tungkuling

Kristiyano at pagpapasan ng krus; pagka huminto na sila sa masipag na paggawa para sa kanila, ay nawawalan sila ng maidadalangin, at walang naguudyok sa kanila upang magtalaga. Ang mga panalangin nila ay magiging pansarili at sakim. Hindi nila maidalangin ang mga pangangailangan ng sangkatauhan, o ang pagtatayo man ng kaharian ni Kristo, at humingi ng lakas na magagamit sa paggawa. {PK 140.2}

Nawawalan tayo

Tayo ang nawawalan pagka kinaliligtaan natin ang karapatang magsama-sama upang palakasin at pasiglahin ang isa't isa sa paglilingkod sa Diyos. Ang mga katotohanan ng kanyang Salita ay nawawalan ng bisa at halaga sa ating mga pag-iisip. Hindi na naliliwanagan pa ang ating puso ni kinikilos man ng nagpapabanal na impluensiya ng Kanyang salita, at tayo'y nanghihina sa buhay Kristiyano. Sa ating samahang Kristiyano, ay malaki ang nawawala sa atin, dahil sa hindi natin pagdadamayan sa isa't isa. Siya na naghihiwalay ng sarili para sa kanyang sarili lamang ay hindi gumaganap ng tungkuling itinakda ng Diyos na kanyang ganapin. Ang matuwid na pagpapaunlad sa mga katutubong hilig natin sa pakikisalamuha sa ating kapuwa tao ay siyang sa ati'y umaakay na makiisang damdamin sa mga iba, at iyan ay isang paraan ng pagpapabuti at pagpapalakas sa atin sa paglilingkod sa Diyos. {PK 141.1}

Kung magtitipon sana ang mga Kristiyano, at paguusapan nila ang pag-ibig ng Diyos, at ang mahahalagang katotohanan ng pagtubos, ay sisigla ang kanilang mga puso, at mapasisigla nila ang isa't isa. Sa arawaraw ay mararagdagan ang ating pagkatuto sa ating Ama na nasa langit, at magtatamo tayo ng sariwang karanasan tungkol sa Kanyang biyaya; kung magkagayo'y kauuhawan nating ibalita ang Kanyang pag-ibig; at pagka ganito ang ginawa natin ay magagalak at sisigla ang ating mga puso. Kung si Jesus ang malimit nating iisipin at sasabihin at bihira ang ating sarili, ay mararagdagan ang Kanyang pakikiharap sa atin. {PK 141.2}

Malimit na alalahanin ang diyos

Kung aalalahanin lamang natin ang Diyos sa tuwing magkakaroon tayo ng katunayan ng pagkakandili Niya sa atin, ay maiingatan natin Siyang palagi sa ating mga isip, at ikagagalak nating Siya'y pag-usapan at purihin. Pinag-uusapan natin ang mga bagay na makalupa, sapagka't ito'y kinatutuwaan natin. Pinag-uusapan natin ang ating mga kaibigan, dahil sa mahal sila sa atin; ang ating mga kaligayahan at mga kalungkutan ay kabuklod ng sa kanila. Gayon may malaking di hamak ang ating katuwiran na umibig sa Diyos kaysa umibig sa ating mga kaibigan dito sa lupa; at dapat sanang maging isang baga'y na katutubo sa lahat sa buong sanlibutan na Siya ang maging una sa ating mga pagiisip, pag-usapan ang Kanyang kabutihan at salitain ang Kanyang kapangyarihan. Hindi Niya inadhika na ang mayamang mga pagpapalang ipinagkaloob Niya sa atin ay siya na lamang kaukulan ng ating mga pagiisip at pag-ibig, na anupa't wala na tayong maiukol sa Diyos; iyan nga ang dapat na magpaalaala sa atin sa Kanya, at magtali sa atin sa mapagkandili nating Ama sa kalangitan sa pamamagitan

ng mga panaling pagibig at pasasalamat. Totoong napakalapit sa kapatagan ng lupa ang ating kinaroroonan. Tumingala nga tayo sa langit, doon sa nakabukas na pinto ng santuariyo na roo'y nagliliwanag ang kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Kristo, na siyang "nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya." Hebreo 7:25. {PK 142.1}

Dapat nating dagdagan ang pagpupuri sa Diyos "dahil sa Kanyang kagandahang-loob at dahil sa Kanyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tao." Awit 107:8. Ang ating mga pulong pagtatalaga ay hindi nararapat na mabuo na lamang sa paghingi at pagtanggap. Huwag nga nating isiping palagi ang sariling mga pangangailangan, at di na ginugunita ang mga kapakinabangang tinatanggap natin. Hindi rin naman napakalimit na tayo'y manalangin, gayon may babahagya ang ating pagpapasalamat. Palagi tayong tumatanggap ng awa ng Diyos, subali't magpasalamat tayo dili at bahagya na nating purihin Siya sa lahat ng ginawa Niya sa atin. {PK 143.1}

Mangagalak kayo

Noong unang panahon ay ganito ang ipinagbilin ng Panginoon sa bansang Israel, pagka sila'y nagkakatipon upang sumamba sa Kanya: "Doon kayo kakain sa harap ng Panginoon ninyong Diyos, at kayo'y mangagagalak sa lahat na kalagyan ng inyong kamay, kayo at ang inyong mga sambahayan, kung saan kayo pinagpala ng Panginoon mong Diyos." Deuteronomio 12:7. Yaong ginagawa sa ikaluluwalhati ng Diyos ay dapat gawing may kagalakan, may awit ng pagpupuri at pagpapasalamat, hindi sa kalungkutan at kapanglawan. {PK 143.2}

Ang ating Diyos ay magiliwin at mahabaging Ama. Ang paglilingkod sa Kanya ay hindi dapat ituring na isang gawaing nakalulungkot ng puso at nakagugulo sa pag-iisip. Dapat maging isang kaluguran ang sumamba sa Panginoon at tumulong sa Kanyang gawain. Hindi ibig ng Diyos na ang Kanyang mga anak, na pinaglaanan Niya ng napakalaking kaligtasan, ay ituring Siya na tulad sa isang mahigpit, at mapaghanap na kapatas. Siya ang pinakamabuti nilang kaibigan; at pagka sila'y sumasamba sa Kanya ay maaasahang Siya'y sasa kanila, upang sila'y pagpalain at aliwin, na pinupuno Niya ng ligaya at pag-ibig ang kanilang mga puso. Nais ng Panginoon na ikaaliw ng Kanyang mga anak ang sila'y maglingkod sa Kanya, at magtamo ng lalong malaking kaligayahan kaysa kahirapan sa Kanyang gawain. Hangad Niya na ang mga lumalapit upang sumamba sa Kanya ay mag-uwi ng mahalagang mga isipang ukol sa Kanyang pagkakandili at pag-ibig, upang maaliw sila sa lahat nilang ginagawa sa arawaraw, at magkaroon ng biyaya upang magawang may pagtatapat at walang-daya ang lahat ng bagay. {PK 144.1}

Magtitipon sa palibot ng krus

Dapat tayong magtitipon sa palibot ng krus. Si Kristong nabayubay sa krus ang dapat na maging paksa ng pagbubulaybulay, pag-uusapan, at ng ating pinakamasayang damdamin. Dapat nating itanim sa ating alaala ang bawa't pagpapalang tinatanggap natin sa Diyos, at

pagka nakikilala natin ang malaki Niyang pag-ibig, ay dapat na bukal sa kaloobang ipagkatiwala natin ang lahat ng bagay sa kamay na napako sa krus dahil sa atin. {PK 144.2}

Ang kaluluwa ay maaaring mapataas na lalong malapit sa langit sa pamamagitan ng mga pakpak ng pagpupuri. Sa mga tahanan sa kalangitan ay sinasamba ang Diyos na may awitan at tugtugan, at sa pagpapahayag natin ng ating mga pasasalamat ay natutulad ang ating pagsamba sa ginagawang pagsamba ng tanang mga anghel sa langit. “Ang naghahandog ng haing pasasalamat ay lumuluwalhati sa Diyos.” Awit 50:23. Magsiharap tayo sa ating Maykapal na may magalang na katuwaan, at may “pagpapasalamat at tinig na mainam.” Isaias 51:3. {PK 145.1}

Kabanata 12—Dapat Gawin sa Pag-aalinlangan

Marami, lalo na sa mga bata pa sa buhay Kristiyano, ang malimit na binabagabag ng mga isipang nagmumungkahi ng eseptisismo. Sa Biblia ay maraming bagay ang hindi nila maipaliwanag o maunawa man, at ginagamit ni Satanas ang mga ito upang sirain ang kanilang paniniwala na ang Kasulatan ay isang pahayag na buhat sa Diyos. Nangagtatanong sila: "Paano ko maaalaman ang tunay na daan? Kung tunay nga na ang Biblia ay Salita ng Diyos, paanong mawawala sa akin ang mga pag-aalinlangan at kagulumihanang ito? {PK 147.1}

Kailan man ay hindi hinihingi ng Diyos na tayo'y magsipaniwala ng hindi muna Siya nagbibigay ng sapat na katibayang mapagsasaligan ng ating pananampalataya. Ang pamamalagi ng Kanyang pagka-Diyos, ang Kanyang likas, at ang katotohanan ng Kanyang salita, ay pawang pinagtitibay ng patotoong kinikilala natin, at ang patotoong ito ay sagana. Gayon may hindi inaalis ng Diyos ang pagkaari ng pag-aalinlangan. Ang ating pananampalataya ay dapat mabatay sa katunayan, hindi sa pagpapakitang tao. Ang mga may ibig magalinlangan ay makapag-aalinlangan subali't ang talagang naghahangad na makakilala ng katotohanan, ay makakasumpong ng saganang katibayang mapagsasaligan ng kanilang pananampalataya. {PK 147.2}

Hindi ganap na maaabot ng dahop na pag-iisip ang likas o ang mga gawa ng Isang Walang-hanggan. Sa la long matalas na pag-iisip, sa pinakamatalinong tao, ang Isang banal na iyan, ay dapat manatiling nababalot ng hiwaga. "Masusumpungan mo ba ang Diyos sa pagsasaliklik? Masusumpungan mo ba sa kasakdalan ang Makapangyarihan sa lahat? Mataas na gaya ng langit; anong iyong magagawa? Malalim kaysa Sheol; anong iyong malalaman?" Job 11:7, 8. {PK 147.3}

Ang sigaw ni apostol Pablo ay ganito: "Oh kalaliman ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ng Diyos! Oh, di matingkalang mga hatol Niya, at hindi malirip na Kanyang mga daan!" Roma 11:33. Bagaman at "mga ulap at kadiliman ay nasa palibot Niya, katuwiran at kahatulan ay patibayin ng Kanyang luk-lukan." Awit 97:2. Maaaring maabot ng ating pagiisip ang Kanyang mga pagpapasunod sa atin, at ang mga layunin na ikabubuti natin kung ating maalaman; at ang hindi natin maabot ay dapat na nating ipagkatiwala sa kamay na may walang-hanggang kapangyarihan, at sa pusong puno ng pag-ibig. {PK 148.1}

Hindi natin malalaman ang lahat

Ang salita ng Diyos, gaya ng likas Niya na nagsalita nito, ay nagpapakilala ng mga hiwagang hindi ganap na matatarok ng mga taong dahop sa kaalaman. Ang pagpasok ng kasalanan sa sanlibutan, ang pagkakatawang-tao ni Kristo, ang pagpapanibago ng pagkatao, ang pagkabuhay na mag-uli, at marami pang ibang mga paksang ipinakikilala sa loob ng Biblia, ay mga hiwagang napakalalim na hindi kayang ipaliwanag ng pagiisip ng tao, o maunawa mang lubusan. Datapuwa't wala tayong katuwiran na ating pag-alinlanganan ang salita ng Diyos dahil sa hindi maabot ng ating pagiisip ang mga hiwaga ng Kanyang banal na kalooban. Sa sanlibutang ito ay lagi tayong nasa gitna ng mga hiwagang hindi natin matarok.

Ang pinakamaliit na anyo ng buhay ay naghaharap ng isang suliraning hindi kayang ipaliwanag ng mga lalong pantas na pilosopo. Saan mang dako ay may mga kagilagilalas na bagay na hindi abot ng ating pagkukuro. Dapat baga naman tayong magtaka kung tayo'y makasumpong sa sanlibutang ukol sa espiritu ng mga hiwaga na hindi natin maaaring maarok? Ang ikinahihirap ay nasa kahinaan at kakitiran ng pag-iisip ng tao. Sa loob ng Kasulatan ay binigyan tayo ng Diyos ng sapat na katibayan ng banal na likas nito, at hindi natin dapat pag-alinlanganan ang Kanyang salita dahil sa hindi maabot ng ating pag-iisip ang lahat ng hiwaga ng Kanyang banal na kalooban. {PK 148.2}

"Bagay na mahirap unawain"

Sinasabi ni apostol Pedro na sa Kasulatan ay mayroong ilang "bagay na mahirap unawain, na isinisinsay ng mga di nakaaalam at ng mga walang tiyaga, ... sa ikapapahamak din nila." 2 Pedro 3:16. Ang mga talata sa Kasulatan na mahirap unawain ay siyang ipinipilit ng mga eseptiko, na anila'y isang katuwirang panglaban sa Biblia; nguni't hindi gayon, manapa'y mga kabuuan ito ng isang matibay na patotoo na ang banal na Kasulatan ay kinasihan. Kung walang linalaman iyan na anumang salaysay na tungkol sa Diyos, kundi yaon lamang mga madaling unawain; kung ang Kanyang kadakilaan at karangalan ay matatarok ng mga isip na mahina ng mga tao, kung magkagayon ay hindi nagtataglay ang Biblia ng napakatibay na patotoo ng banal na kapangyarihan. Ang kadakilaan at pagkamahiwaga ng mga paksang ipinakikilala, ay siyang dapat bumuhay ng pananampalataya na ito nga ang salita ng Diyos. {PK 149.1}

Kahanga-hangang aklat

Ang Biblia ay naghahayag ng katotohanan sa isang simpling paraang at sa walang-pagkukulang na pagtugon sa pangangailangan at hangarin ng puso ng tao, na siyang nagpapanggilalas at gumagayuma sa mga may napakataas na pinag-aralan, at sa kabilang dako naman ay tumutulong sa mga mababa at hindi nagsipag-aral, upang kanilang makilala ang daan ng kaligtasan. Gayon may ang mga katotohanang ito na binigkas sa simpling mga pangungusap ay tumutukoy sa mga paksang napakadakila at napaka malawak, napakalayong maabot ng kapangyarihan ng pang-unawa ng tao, na anupa't mapaniniwalaan lamang natin ang mga ito, sapagka't Diyos ang nagpahayag. Sa ganya'y nalalahad sa atin ang panukala ng pagtubos, upang makita ng bawa't tao ang mga hakbanging gagawin niya sa pagsisisi sa harapan ng Diyos at sa pananampalataya sa ating Panginoong Jesu-Kristo, upang siya'y maligtas sa paraang itinakda ng Diyos; datapuwa't sa ilalim ng mga katotohanang ito, na napakadaling maunawa, ay nalalagay ang mga hiwagang lumulukob sa Kanyang kaluwalhatian—mga hiwagang dumadaig sa pag-iisip na nagsisiyasat, subali't nagdudulot ng paggalang at pananampalataya sa taong taimtim ang pusong humahanap ng katotohanan. Kung kailan niya lalong sinasaliksik ang Biblia ay saka naman lalong nagtitibay sa kanyang pag-iisip na ito nga ay salita ng Diyos na buhay, at ang pagmamatuwid ng tao'y yumuyuko sa harap ng karangalan ng banal na pahayag. {PK 150.1}

Ang kilalaning hindi natin ganap na maaabot ang mga dakilang katotohanan ng Biblia ay pag-aming hindi malirip ng kapos nating pag-iisip ang walang-hanggan: na ang tao, sa kanyang maigsing pagkakilala, ay hindi makauunawa ng mga layunin ng Katalinuhang walang-hanggan. {PK 151.1}

Bunga ng pag-aalinlangan

Sa dahilang di maarok ang lahat ng mga hiwaga nito, ay tinatanggihan ng mga eseptiko at ng mga di kumikilala sa Diyos ang salita Niya; at hindi lahat na nagsasabing sumasampalataya sa Biblia ay ligtas na sa panganib na ito. Anang apostol: "Magsipag-ingat kayo, mga kapatid, baka sakaling mayroon sa kanino man sa inyo ng isang pusong masama na walang pananampalataya, na naghihiwalay sa inyo sa Diyos na buhay." Hebreo 3:12. Matuwid ang pag-aralan ng masinop ang mga itinuturo ng Biblia at siyasatin ang "malalim na bagay ng Diyos," ayon sa inihahayag sa Kasulatan. 1 Corinto 2:10. Bagaman "ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Diyos," ang mga bagay na hayag (naman) ay nauukol sa atin." Deuteronomio 29:29. Subali't gawain ni Satanas ang isinsay ang mga kapangyarihan ng pag-iisip na sumisiyasat. Sa pag-aaral ng katotohanang ipinakikilala ng Biblia ay may kapalaluang napapalahok, kaya ang mga tao'y nayayamot at humihinto pagka hindi nila maipaliwanag ang bawa't bahagi ng Kasulatan ng ayon sa kanilang ikasisiya. Totoong ikinahihiya nilang aminin na hindi nila napag-uunawa ang mga salitang kinasihan. Ayaw nilang maghintay ng matiyaga hanggang sa loobin ng Diyos na marapat ng ihayag sa kanila ang katotohanan. Ipinalalagay nilang sapat na ang sarili nilang karunungan upang kanilang mataho ang buong Kasulatan, at dahil sa kanilang pagkabigo ay tinalikdan na nila tuloy ang kapangyarihan nito. Tunay nga na ang marami sa mga kuru-kuro at aral na karaniwang ipinalalagay na mga hango sa Biblia ay walang pinagtitibayan sa mga iniaaral nito, at tunay nga na kasalungat pa ng buong patotoo ng kinasihang salita. Ang mga bagay na ito ang palaging pinagbubuhatan ng ipinag-aalinlangan at ikinababakla ng marami. Subali't hindi maipararatang iyan sa salita ng Diyos kundi sa pilipit na pagpapaliwanag ng mga tao. {PK 151.2}

Dapat tayong lumago sa kaalaman

Kung maaari lamang maunawang lubusan ng tao ang Diyos at ang Kanyang mga ginawa, pag naabot na nila ang ganitong kalagayan, ay hindi na maaari pang makatuklas sila ng katotohanan, hindi na lalago sa pagkakilala, hindi na lulusog ang pag-iisip o ang puso man. Sa gayon, ang Diyos ay hindi na magiging kataastaasan; at yamang inabot na ng tao ang hangganan ng pagkatuto at pagkasulong, ay hindi na siya uunlad pa. Pasalamatan nga natin ang Diyos dahil sa iya'y hindi totoo. Ang Diyos ay walang-hanggan at Siya ang kinatatataguan ng "lahat ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman." Colosas 2:3. At sa buong panahong walang katapusan ay magpapatuloy pa ang tao sa pagsasaliksik, at sa pagkatuto, subali't di mauubos ang mga kayamanan ng Kanyang karunungan, ng Kanyang kabutihan, at ng Kanyang kapangyarihan. {PK 152.1}

Adhika ng Diyos na ngayon pa sa buhay na ito ay patuloy na mahayag sa Kanyang bayan ang mga katotohanan ng Kanyang salita, lisa lamang ang paraan upang matamo ang kaalamang ito. Mauunawa natin ang salita ng Diyos sa pamamagitan lamang ng pagpapapaliwanag ng Espiritu na kumasi sa pagbibigay ng salita. “Ang mga bagay ng Diyos ay hindi nakikilala ng sinuman, maliban na ng Espiritu ng Diyos;” “sapagka’t nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na bagay ng Diyos.” 1 Corinto 2:11, 10. At ang pangako ng Tagapagligtas sa Kanyang mga alagad ay ito: “Kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan: ... sapagka’t kukuha Siya sa nasa Akin, at sa inyo’y ipahahayag.” Juan 16:13, 14. {PK 153.1}

Gamitin ang pag-iisip

Ibig ng Diyos na gamitin ng tao ang kapangyarihan niyang mangatuwiran; at ang pag-aaral ng Biblia ang magpapalakas at magpapadakila sa isip na hindi magagawa ng alin mang ibang pag-aaral. Datapuwa’t pakaingatan nating huwag gawing diyos ang pangangatuwiran, sapagka’t iyan ay may kahinaan at karupukan na likas ng katauhan. Kung ayaw tayo na ang Banal na Kasulatan ay maging malabo sa ating pang-unawa, na anupa’t hindi natin maunawaan ang napakalinaw na katotohanan, ay dapat tayong magkaroon ng kasimplihan at pananampalataya ng isang maliit na bata, handang mag-aral, at humingi ng tulong ng Banal na Espiritu. Ang ating pagkakilala sa kapangyarihan at karunungan ng Diyos, at sa ating kawalan ng kaya upang maunawa ang Kanyang kadakilaan, ay siyang dapat magbigay sa atin ng kapakumbabaan, at dapat nating buksan ang Kanyang salita na gaya ng tayo’y lumalapit sa Kanyang harapan na taglay ng banal na takot. Paglapit natin sa Biblia, ay dapat kumilala ang pangangatuwiran sa isang kapangyarihang mataas kaysa sarili, at ang puso at dunong ay dapat na lumuhod sa dakilang AKO NGA. {PK 153.2}

Tutulong ang diyos upang makaunawa

Maraming bagay na talagang mahirap unawain at malabo ang kahulugan, nguni’t gagawin ng Diyos na malinaw at magaan sa nangagsisikap na makakilala. Subali’t kung hindi tayo aakayin ng Espiritu ng Diyos ay palagi tayong mabibingit sa pagpilipit sa Kasulatan at sa di-tumpak na pagpapakahulugan sa mga salita nito. Marami ang pagbasa ng Biblia na hindi pinakikinabangan, at sa maraming pangyayari, ay nakasasama pa. Pagka binubuksan ang salita ng Diyos na walang paggalang at walang panalangin; pagka ang pag-iisip at kalooban ay hindi napapalagay sa Diyos, o naayon sa Kanyang kalooban, ang pag-iisip ay pinalalabo ng alinlangan; at sa ganyang pag-aaral ng Biblia ay lalong nagtitibay ang pag-aalinlangan. Ang pag-iisip ay hahawakan ng kaaway, at nagpapasok siya ng mga isipang hubad sa katotohanan. Kailan ma’t sa salita at sa gawa ay talagang hindi pinagpipilitan ng mga tao na maging kasang-ayon ng Diyos, kung gayon, maging gaaano man ang kanilang karunungan, ay malamang na sila’y magkamali sa pag-unawa ng Kasulatan, at hindi panatag ang magtiwala sa kanilang mga paliwanag. Yaong mga bumabasa ng Kasulatan upang humanap lamang ng mga pagkakasalungatan, ay walang pagkakilalang ukol sa espiritu. Dahil sa lisyang

pagkakilala ay marami silang makikita na ipag-aalinlangan at hindi ipananampalataya sa mga bagay na napakalinaw at napakasimple. {PK 154.1}

Pagtakpan man nila gaya ng maaari nilang gawin, sa maraming pangyayari ang tunay na dahilan ng pagaalinlangan at eseptisismo ay pag-ibig sa kasalanan. Hindi tinatanggap ng pusong mapagmataas at maibigin sa kasalanan ang mga iniaaral at mga pagbabawal ng salita ng Diyos, kaya nga't nakalaang mag-alinlangan sa kapangyarihan nito yaong mga tumatangging sumunod sa mga itinagubilin nito. Upang maabot ang katotohanan, ay dapat tayong magkaroon ng isang maalab na hangad na maalaman ang katotohanan, at pagkukusa ng pusong sumunod. At lahat ng nag-aaral ng kasulatan na taglay ang ganitong diwa, ay makakatagpo ng saganang katunayan na ito nga ang salita ng Diyos, at mauunawa nila ang mga katotohanang linalaman nito na siyang sa kanila'y magpapapantas sa ikaliligtas. {PK 155.1}

Gawin ang tungkulin

Ang sabi ni Kristo: "Kung ang sinumang tao ay nagiibig gumawa ng Kanyang kalooban ay makikilala niya ang turo." Juan 7:17. Sa halip na pag-alinlanganan at tutulan ng pabaluktot na katuwiran ang hindi ninyo naaalaman, ay tanggapin ninyo ang liwanag na sumisilang na sa inyo, at tatanggap kayo ng lalo pang malaking liwanag. Sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo, ay ganapin ninyo ang bawa't tungkuling pinalinaw na sa inyong pang-unawa, at mauunawa rin at magagawa ninyo ang mga pinag-aalinlanganan ninyo ngayon. {PK 155.2}

May isang patotoo na lantad sa lahat—sa pinakamarunong at sa pinakamangmang—ang patotoo ng karanasan. Inaanyayahan tayo ng Diyos na subukin ang katunayan ng Kanyang salita at katotohanan ng Kanyang mga pangako. Sinasabi Niya na ating "tikman at tingnan ... na ang Panginoon ay mabuti." Awit 34:8. Sa halip na umasa na lamang sa salita ng ibang tao, ay tikman natin sa ganang ating sarili. Ipinahayag Niya na: "Kayo'y magsihingi at kayo'y tatanggap." Juan 16:24. Matutupad ang Kanyang mga pangako. Kailan may hindi pa nagkakabula ang mga iyan; talagang hindi magkakabula. At paglapit natin kay Jesus na nagagalak tayo sa kapuspusan ng Kanyang pagibig, ang ating alinlangan at pag-aalapaap ay mangapaparam sa liwanag ng Kanyang pakikiharap. {PK 156.1}

Si jesus ang nagliligtas

Sinabi ni apostol Pablo, na ang Diyos ang "nagligtas sa atin sa kaharian ng Anak ng Kanyang pag-ibig." Colosas 1:13. At lahat ng naalis sa kamatayan at nalipat sa kabuhayan ay "naglalagay rito ng kanyang tatak, na ang Diyos ay totoo." Juan 3:33. Masasabi niya na: "Nangailangan ako ng tulong at ibinigay sa akin ni Jesus. Bawa't kailangan ko ay Kanyang ipinagkaloob, at binusog Niya ang nagugutom kong kaluluwa; at sa ganang akin ngayon, ang Biblia ay isang pahayag ni Jesu-Kristo. Itinatanong ba ninyo kung bakit ako sumasampalataya kay Jesus?—Sapagka't sa ganang akin ay isa Siyang Diyos na Tagapagligtas. Bakit ako naniniwala sa Biblia?—Sapagka't nasumpungan kong ito ang tinig ng Diyos na nagsasalita sa aking kaluluwa." Tayo na rin ang makakasaksi na ang Biblia ay totoo, at si Kristo ay Anak

ng Diyos. Napag-aalaman natin na ang ating sinusunod ay hindi mga katha-kathang ginawang mainam. {PK 156.2}

Kailangan natin ang lumago

Pinapayuhan ni Pedro ang kanyang mga kapatid na “magsilago sa biyaya, at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Kristo.” 2 Pedro 3: 18. Pagka lumalago sa biyaya ang bayan ng Diyos, ay patuloy silang tatanggap ng lalo at lalong malinaw na pagkaunawa sa Kanyang salita. Makakakita sila ng bagong liwanag at kagandahan sa mga banal na katotohanan nito. Ito’y nagkatotoo na sa kasaysayan ng iglesiya sa buong panahon at magpapatuloy pa ito hanggang sa wakas. “Ang landas ng matuwid ay parang maliyab na liwanag, na sumisilang higit at higit sa sakdal na araw.” Kawikaan 4:18. {PK 157.1}

Tagumpay sa pamamagitan ng pananampalataya

Sa pamamagitan ng pananampalataya ay makatitingin tayo sa panahong hinaharap at mapanghahawakan natin ang pangako ng Diyos na lalago ang ating karunungan, ang pag-iisip ng tao ay mapapaugnay sa pagiisip ng Diyos, at ang bawat kapangyarihan ng kaluluwa ay mapapalapit sa Pinagmumulan ng liwanag. Ikagagalak natin na ang lahat ng bagay na gumulo sa ating pag-iisip ayon sa kalooban ng Diyos ay pawang ipaliliwanag sa panahong yaon; ang mga bagay na mahirap unawain ay paliliwanagin, at sa mga bagay na ngayo’y wala kundi kaguluhan at pagkabigo ang natutuklasan ng ating kapos na pag-iisip, ay makikita natin ang pinakasakdal at pinakamagandang pagkakaayos sa panahong iyon. “Ngayo’y malabo tayong nakakikita sa isang salamin; nguni’t pagkatapos ay makikita natin sa mukhaan: ngayo’y nakikilala ko ng bahagya, nguni’t pagkatapos ay makikilala ko ng gaya naman ng pagkakilala sa akin.” 1 Corinto 13:12. {PK 157.2}

Kabanata 13—Nagagalak sa Panginoon

Ang mga anak ng Diyos ay tinatawagan upang maging mga kinatawan ni Kristo, na naghahayag ng kabutihan at kahabagan ng Panginoon. Kung paanong inihayag sa atin ni Jesus ang tunay na likas ng Ama, ay gayon ding ihahayag natin si Kristo sa isang sanlibutang hindi nakakaalam ng Kanyang masintahin at mahabaging pag-ibig. “Kung paanong Ako’y Iyong sinugo sa sanlibutan,” ani Jesus, “sila’y gayon din sinusugo Ko sa sanlibutan.” “Ako’y sa kanila, at Ikaw ay sa Akin, ... upang makilala ng sanlibutan, na Ikaw ang sa Akin ay nagsugo.” Juan 17:18,23. Ganito ang sinasabi ni apostol Pablo sa mga alagad ni Jesus: “Nahahayag na kayo’y sulat ni Kristo,” “na nakikilala at nababasa ng lahat ng mga tao.” 2 Corinto 3:3, 2. Bawa’t isa sa Kanyang mga anak ay isang liham na ipinadadala ni Jesus sa sanlibutan. Kung kayo ay alagad ni Kristo, kayo ay liham Niya sa mag-anakan, sa nayon, sa lansangan, at sa inyong tahanan. Si Jesus, na tumatahan sa inyo, ay nagnanasang magsalita sa mga puso ng mga hindi nakakikilala sa Kanya. Marahil ay hindi sila bumabasa ng Biblia o di nila naririnig man ang tinig na nagsasalita sa pamamagitan ng mga dahon nito; hindi nila nakikita ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa. Datapuwa’t kung kayo’y isang tunay na kinatawan ni Jesus ay mangyayaring sa pamamagitan ninyo’y mapapaniwala sila sa Kanyang kabutihan, at mangahikayat na umibig at maglingkod sa Kanya. {PK 159.1}

Ang mga Kristiyano ay ilinalagay na mga tagapagdala ng ilaw sa daang patungo sa kalangitan. Dapat nilang ipasinag sa sanlibutan ang liwanag na sa kanila’y sumisilang na buhat kay Kristo. Ang kanilang kabuhayan at likas ay dapat maging nasa isang kaayusan upang sa pamamagitan nila’y magkaroon ang ibang mga tao ng isang matuwid na pagkakilala tungkol kay Kristo at sa paglilingkod sa Kanya. {PK 161.1}

Maging tunay na saksi

Kung tunay na kinakatawanan natin si Kristo, ay ipakikita nating kahali-halina ang paglilingkod sa Kanya, na siyang totoo. Ang mga Kristiyanong nagtitipon ng lungkot at kagulumihanan sa kanilang mga kaluluwa, at bulong-ng-bulong at daing-ng-daing, ay nagbibigay sa mga iba ng maling pagpapakilala sa Diyos at buhay Kristiyano. Nagdudulot sila ng pag-aakala na hindi ikinalulugod ng Diyos na maging magalak ang Kanyang mga anak, at dito ay sumasaksi sila ng di katotohanan sa ating Ama sa kalangitan. {PK 161.2}

Tuwang-tuwa si Satanas pagka naaakay niya ang mga anak ng Diyos na manglupaypay at huwag manampalataya. Ikinalulugod niyang makita na tayo’y hindi nagtitiwala sa Diyos, at ating pinag-aalinlanganan ang pagnanasa at kapangyarihan Niya upang tayo’y iligtas. “Ibig niyang ipalagay natin na kalooban na rin ng Panginoon na tayo’y mapasama. Gawain ni Satanas ang ipakilala na ang Panginoon ay kulang sa habag at pagkaawa. Isinisinsay niya ang katotohanan tungkol sa Diyos. Ang pag-iisip ng tao ay pinupuno niya ng mga maling paniniwala tungkol sa Diyos; at sa halip na gunam-gunamin natin ang katotohanan hinggil sa ating Ama sa kalangitan, ay napakalimit na ilinalagay natin ang ating mga isip sa mga paglinlang ni Satanas, at hinahamak natin ang Diyos dahil sa hindi pagtitiwala sa Kanya at

pagbubulung-bulungan sa Kanya. Pinagpipilitan ni Satanas na mapapanglaw ang makarelihiyong kabuhayan. Ibig niyang ito'y lumitaw na nakapapagod at mahirap; at pagka ganito ang paniniwala ng tao sa relihiyon ay kinakatigan niya sa pamamagitan ng hindi pananampalataya ang kasinungalingan ni Satanas. {PK 161.3}

Bakit marami ang nanglulupaypay

Ang maraming lumalakad sa landas ng kabuhayan, ay lagi na lamang nag-aalaala ng kanilang mga kamalian at pagkabigo, at ang kanilang mga puso ay nangapupuno ng kapighatian at panglulupaypay. Noong ako'y nasa Europa, ang isang kapatid na babaeng gumagawa nito at nasa mapait na kapighatian, ay sumulat sa akin, na humihingi ng ilang salitang pampasigla. Nang kinagabihan, pagkabasa ko ng kanyang sulat, ay napanaginip kong ako'y nasa isang halamanan, at isang tao na waring siyang may-ari ng halamanan ay siyang nangunguna sa akin sa mga landas nito. Namimitas ako ng mga bulaklak at nasasamyo ko ang kanilang halimuyak nang ituro sa akin ng kapatid na ito, na kasabay ko sa paglakad, ang di-nakikitang mga tinik na humahadlang sa kanyang dinaraanan. Naroon siya, tumatangis at nahahapis. Hindi siya lumalakad sa landas at hindi sinusundan ang nangunguna, kundi siya'y lumalakad sa gitna ng mga dawagan at tinikan. "O," anya na tumatangis, "hindi baga sayang ang magandang halamang ito na sinira ng mga tinik?" Nang magkagayo'y nagsalita ang nangunguna: "Pabayaan mo ang tinik, sapagka't susugatan ka lamang. Pitasin mo ang mga rosal, ang mga liryo, at ang mga klabel." {PK 162.1}

Wala bang magagandang sandali sa inyong karanasan? Hindi baga dumating sa inyo ang mainam na mga panahon, nang ang inyong puso'y tumibok sa kagalakan sa pagtugon sa Espiritu ng Diyos? Kung binubuklat ninyo ang nakaraang mga pangkat ng karanasan ninyo sa kabuhayan, hindi baga kayo nakakatagpo ng maiinam na dahon? Hindi ba ang mga pangako ng Diyos ay katulad ng mabangong mga bulaklak, na tumutubo sa magkabilang tabi ng inyong dinaraanan? Hindi ba ninyo pababayaan na ang inyong puso ay mapuno ng kagandahan at kabanguhan ng mga bulaklak na iyan? {PK 163.1}

Ang mga tinik at siit ay makasusugat at makasasakit lamang sa inyo; at kung ang mga ito lamang ang inyong titipunin at ipakikita sa iba, ay hindi baga ninyo pinipigil yaong nangasa palibot ninyo sa paglakad nila sa landas ng kabuhayan bukod pa sa hinahamak ninyo ang kabutihan ng Diyos? {PK 163.2}

Limutin ang di mabuting karanasan

Hindi mabuting tipunin ang malulungkot na alaala ng lumipas na kabuhayan—ang mga kasamaan at pag kabigo—upang pagsalitaanan at ikalungkot hanggang sa tayo'y manganglumo sa panglulupaypay. Ang nanglulupaypay na kaluluwa ay puno ng kadiliman, hindi pinapasok ang kanyang loob ng liwanag Diyos, at dinidiliman niya ang dinaraanan ng mga iba. {PK 163.3}

Salamat sa Diyos sa maliwanag na mga tanawing ipinakita Niya sa atin. Pagsama-samahin natin ang mga pinagpalang pangako ng Kanyang pag-ibig, upang matingnan nating palagi. Ang Anak ng Diyos na lumisan sa luklukan ng Kanyang Ama, nagkatawang tao upang mailigtas Niya ang tao mula sa kapangyarihan ni Satanas; ang tagumpay Niya alang-alang sa atin, na binuksan ang langit para sa mga tao at inihayag sa paningin ng tao ang tahanan na roon ang Diyos ay napakita sa buo niyang kaluwalhatian; ang nagkasalang sangkatauhan na hinango sa balon ng kapahamakang kinalubugan niya dahil sa kasalanan, at isinauli sa pakikiugnay sa walang-hanggang Diyos, at pagkatapos na mabata ang banal na pagsubok sa pamamagitan ng pananampalataya sa ating Manunubos, ay dinamtan ng katuwiran ni Kristo, at itinaas sa Kanyang luklukan—ito ang mga tanawing nais ng Diyos na ating bulaybulayin. {PK 164.1}

Laging magtiwala sa diyos

Pagka waring pinag-aalinlanganan natin ang pagibig ng Diyos at nawawalan tayo ng pagkakatiwala sa Kanyang mga pangako, ay hinahamak natin Siya at hinahapis ang Kanyang Banal na Espiritu. Ano kaya ang daramdamin ng isang ina, kung palagi siyang idinadaing ng kanyang mga anak, na wari bagang sila'y kanyang inaapi, samantalang ang lahat niyang ginagawa ay sa ikabubuti ng kanilang kalagayan at upang mabigyan sila ng kaaliwan? Halimbawang hindi nila paniwalaan ang kanyang pag-ibig; ito ang dudurog ng Kanyang puso. Ano kaya ang magiging damdamin ng isang magulang kung ganyan ang ipakikita sa kanya ng kanyang mga anak? At ano naman kaya ang loloobin ng ating Ama na nasa langit kung hindi tayo nagtitiwala sa Kanyang pag-ibig, na siyang sa Kanya'y nagudyok na ibigay ang Kanyang bugtong na Anak upang tayo'y mangagkaroon ng buhay? Ganito ang isinulat ng apostol: "Siya, na hindi ipinagkait ang Kanyang sariling Anak, kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang-bayad ang lahat ng mga bagay?" Roma 8:32. At gayon ma'y kayrami, ang sa pamamagitan ng kanilang mga kilos, kung hindi man sa kanilang salita, ang nangagsasabi: Hindi ito iniuukol ng Panginoon para sa akin. Marahil ay iniibig Niya ang mga iba nguni't hindi Niya ako iniibig." {PK 164.2}

Mapanganib ang mag-alinlangan

Ang lahat ng ito ay nakasasama sa inyong kaluluwa: sapagka't bawa't salita ng pag-aalinlangan na inyong binibigkas ay nag-aanyaya ng mga tukso ni Satanas; ito ang nagpapalakas ng pagkahilig ninyo sa pag-aalinlangan, at sa inyo'y hapis na lumalayo ang mga anghel na tagapangasiwa. Pag tinutukso kayo ni Satanas, huwag kayong magsabi ng anumang salita ng pag-aalinlangan o kadiliman. Kung kukusain ninyong buksan ang pintuan upang pasukan ng kanyang mga tukso, ang inyong pag-iisip ay mapupuno ng hindi pagtitiwala at ng mapanghimagsik na pag-aalinlangan. Kung sasabihin ninyo sa iba ang inyong damdamin, ang bawa't pagaalinlangan na inyong ipinahahayag ay hindi lamang nagkakaroon ng pagtauli sa inyo, kundi isa rin namang binhing tutubo at mamumunga sa kabuhayan ng mga iba, at mangyayaring hindi masugpo ang nagawa ng inyong mga pangungusap. Maaaring makabalikwas ka yo sa pagtukso at silo ni Satanas, nguni't ang mga ibang natangay ng inyong

kilos, ay mangyayaring hindi inakaiwas sa inyong iminungkahi sa kanila. Napakahalaga nga na salitain natin yaon lamang mga bagay na magbibigay ng lakas at buhay na ukol sa espiritu! {PK 165.1}

Nangakikinig ang mga anghel upang mapakinggan kung anong uri ng ulat ang inyong ilinalaganap sa sanlibutan tungkol sa inyong Panginoon sa langit. Ang inyo sanang mga salitaan ay maging tungkol sa kanya na nabubuhay upang mamagitan patungkol sa inyo sa harapan ng Ama. Kung nakikikamay kayo sa isang kaibigan, suma inyong mga labi at puso sana ang pagpupuri sa Diyos. Ito ang magbabaling sa kanyang pagiisip kay Jesus. {PK 166.1}

Dalhin sa diyos ang pagsubok

Lahat ay may mga pagsubok; mga dalamhating mahirap bathin, mga tuksong mahirap paglabanan. Huwag ninyong sabihin sa inyong mga kapuwa-tao ang inyong mga bagabag, kundi dalhin ninyo ang lahat ng bagay sa Diyos sa dalangin. Gawin ninyong isang tuntunin ang huwag bumigkas ng isa mang salita ng pagaalinlangan o panglulupaypay. Sa pamamagitan ng mga salitang nagbibigay ng pag-asa at banal na katuwaan ay malaki ang inyong magagawa upang mapagliwanag ang kabuhayan ng mga iba at mapasigla ang kanilang mga pagsisikap. {PK 166.2}

Maraming matapang na kaluluwa ang nadadagsaang lubha ng mga tukso, halos ay malugmok na lamang sa pakikilaban sa sarili at sa mga hukbo ng diyablo. Huwag ninyong papanglupaypayin ang ganyang tao sa mahigpit niyang pakikilaban. Palakasin ninyo ang kanyang loob sa pamamagitan ng matapang at masiglang mga pangungusap, na siyang sa kanya'y maguudyok na magpatuloy sa landas niyang linalakaran. Sa gayo'y maaaring sumikat sa inyo ang liwanag ni Kristo. "Ang sinuman sa atin ay hindi nabubuhay sa kanyang sarili." Roma 14:7. Sa pamamagitan ng ating mga walang-malay na impluensiya ay mangyayaring ang mga iba ay mapasigla at mapalakas, at maaari din namang sila'y mapapanglupaypay at mailayo kay Kristo at sa katotohanan. {PK 166.3}

Marami ang may maling pagkakilala sa kabuhayan at likas ni Kristo. Inaakala nilang Siya'y walang sigla at tuwa, na Siya'y mahigpit, mabagsik, at walang kasayahan. Sa maraming pangyayari ay nababahiran ng madilim na mga paniniwalang ito ang buong karanasan sa relihiyon. {PK 167.1}

Ang halimbazva ni jesus

Malimit sabihin na si Jesus ay tumangis datapuwa't kailan ma'y hindi nakitang ngumiti. Tunay nga na ang Tagapagligtas ay isang tao ng mga kalungkutan at bihasa sa kapanglawan, sapagka't binuksan Niya ang Kanyang puso sa lahat ng kadalamhatian ng mga tao. Nguni't bagaman ang Kanyang kabuhayan ay kabuhayan ng pagtanggi sa sarili at pinadilim ng hirap at pagaalaala, ay hindi rin nasira ang Kanyang loob. Ang Kanyang mukha ay hindi kinakitaan ng anumang anyong malungkot at masaklap, kundi ng palaging tahimik na kapayapaan. Ang

Kanyang puso ay isang bukal ng buhay, at saan man Siya pumaroon ay dala-dala Niya ang katahimikan at kapayapaan, katuwaan at kagalakan. {PK 167.2}

Ang ating Tagapagligtas ay napakapormal at lubos ang pagkamataimtim, nguni't hindi Siya malungkot o masungit man. Ang kabuhayan ng mga tumutulad sa Kanya ay magiging puno ng mataimtim na hangarin; mangagkakaroon sila ng malalim na pagkakakilala sa kapanagutan ng bawa't isa. Ang kagaslawan ay mapipigil; mawawala ang magulong katuwaan at magaspang na pagbibiruan; nguni't ang relihiyon ni Jesus ay nagbibigay ng kapayaang katulad ng isang ilog. Hindi nito pinapatay ang ilaw ng katuwaan; hindi nito pinipigil ang kasayahan, o pinagdidilim man ang masaya at nakangiting mukha. Si Kristo ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod; at pagka sa ating puso ay naghahari ang Kanyang pag-ibig, ay susundin natin ang Kanyang halimbawa. {PK 168.1}

Ang diwa ni jesus

Kung palagi na lamang nating aalalahanin ang mga pangit at di matuwid na gawain ng ibang mga tao, ay ating masusumpungang hindi natin maiibig sila na gaya ng pag-ibig sa atin ni Kristo; nguni't kung ang ating mga isipan ay namamahay sa kahangga-hangang pag-ibig at habag ni Kristo sa atin, ay ganyan ding diwa o loobin ang dadaloy na buhat sa ating patungo sa mga iba. Dapat tayong mag-ibigan at magpitagan sa isa t isa, baga man hindi natin mapipigilang di makita ang mga pagkukulang at kapintasan. Dapat paunlarin ang kapakumbabaan at di-pagtitiwala sa sarili, at mahinahong kalooban sa mga pagkukulang ng mga iba. Ito ang papatay sa diwang makasarili at magpapaganda ng ating kalooban upang tayo'y maging mapagbigay. {PK 168.2}

Sinasabi ng mang-aawit: "Tumiwala ka sa Panginoon, at gumawa ka ng mabuti; tumahan ka sa lupain, at gawin mong kumain sa kanyang pagkatapat." Awit 37:3. "Tumiwala ka sa Panginoon." Bawa't araw ay may sariling suliranin, may mga alalahanin at kabagabagan; at pagka tayo ay nagkakatagpo ay kay dali nating pag-usapan ang ating mga kahirapan at mga pagsubok. Kayrami ng gusot ng ibang tao na bumabagabag sa atin, mga pangambang pinamamahay sa kalooban, at malaking pag-aalaala na sinasalita na anupa't aakalain na tuloy ng isang tao na wala na tayong mahabagin at maibiging Tagapagligtas, na handang makinig sa lahat nating karaingan, at tumulong sa atin sa bawa't sandali ng pangangailangan. {PK 169.1}

Huwag makialam sa kaguluhan

Ang ilan ay palaging nangangamba, at nakikialam sa kaguluhan. Araw-araw ay naliligid sila ng mga tanda ng pag-ibig ng Diyos; araw-araw ay tinatamasa nila ang kasaganaan na Kanyang ipinagkaloob; subali't kinaliligtaan nila ang pangkasalukuyang mga pagpapalang ito. Ang kanilang mga isip ay laging namamahay sa mga bagay na hindi kawili-wili, na pinangangambahan nilang darating; o maaari namang may ilang mahihirap na bagay, na baga ma't maliit, ay siyang bumubulag sa kanilang mga paningin upang huwag nilang makita ang maraming bagay na dapat pasalamatan. Ang mga kahirapang nasasagupa nila, sa halip na

maglapit sa kanila sa Diyos, na tanging pinagmumulan ng kanilang tulong, ay siya pa ngang naglalayo sa kanila sa Kanya, sapagka't ang mga ito ang gumigising ng kaligaligan at pagdaing. {PK 169.2}

Mabuti ba ang tayo'y huwag manganiwala? Baki't tayo walang utang na loob at walang tiwala? Si Jesus ang ating kaibigan; nais ng sangkalangitan na tayo'y bumuti. Huwag nga tayong pumayag na ang mga kagulumihan at mga pag-aalaala ng kabuhayan sa arawaraw ay gumulo sa ating pag-iisip at magpadilim ng ating noo. Kung pumayag tayo ay hindi tayo mawawalan ng ikagagalit at ikayayamot. Hindi dapat tayong magpakagumon sa anumang diwang nakagagalit at nakapapagod lamang, subali't hindi naman nakatutulong upang mabata natin ang mga pagsubok. {PK 170.1}

Humingi ng kaalaman

Maaaring nagugulo ang inyong pag-iisip sa pinagkakakitaan ninyo ng ikabubuhay; mangyayaring untiunting maluoy ang inyong mga pag-asa, at nanganganib na kayo'y malugi; datapuwa't huwag kayong manglupaypay; ibigay ninyo sa Diyos ang inyong pag-aalaala, at manatili kayong payapa at masaya. Idalangin ninyong magkaroon kayo ng katalinuhan, upang inyong mapangasiwaan ang inyong mga kapakanan na may kaalaman, at sa ganito'y maiiwasan ang pangungulugi at kapahamakan. Gawin ninyo ang lahat ninyong magagawa upang mabuti ang maging bunga. Nangako si Jesus na tutulong, nguni't hindi hiwalay sa ating sariling pagsisikap. Kung nagawa na ninyo ang lahat ninyong magagawa, pagkatapos na magtiwala sa ating Tagatulong ay tanggapin ninyong may kagalakan ang ibubunga. {PK 170.2}

Hindi kalooban ng Diyos na ang Kanyang bayan ay manglupaypay dahil sa pagkabalisa. Nguni't hindi tayo dinadaya ng ating Panginoon. Hindi Niya sinasabi sa atin: "Huwag kayong mangamba; walang panganib sa inyong daan." Naaalaman Niyang may mga pagsubok at mga panganib, at pawang sa ati'y malinaw Niyang ipinakikilala. Hindi Niya binabalak na alisin ang Kanyang bayan mula sa isang sanlibutang na lulugami sa pagkakasala at kasamaan, datapuwa't itinuturo Niya sa kanila ang isang kanlungang hindi maiguguho kailan man. Ganito ang Kanyang idinalangin patungkol sa Kanyang mga alagad: "Hindi ko idinalangin na alisin Mo sila sa sanlibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama." "Sa sanlibuta" aniya, "ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob: Aking dinaig ang sanlibutan." Juan 17:15; 16:33. {PK 170.3}

Mahalagang mga aral

Sa sermon Niya sa bundok, ay itinuro ni Kristo sa Kanyang mga alagad ang mahalagang aral tungkol sa kailangang pagtitiwala sa Diyos. Ang mga aral na ito ay itinalagang magpasigla sa mga anak ng Diyos sa buong panahon, at umabot sa ating kapanahunan na puno ng mga pangaral at kaaliwan. Itinuro ng Tagapagligtas sa mga sumusunod sa Kanya ang ibon sa himpapawid samantalang umaawit ng mga pagpuri, na hindi binabagabag ng anumang pag-aalaala, sapagka't "hindi sila nangaghahasik o nagsisigapas." Gayon may ipinagkakaloob ng

dakilang Ama ang kanilang mga kailangan. Itinatanong ng Tagapagligtas: “Hindi baga lalong higit ang halaga ninyo kay sa kanila?” Mateo 6: 26. Binububuksan ng dakilang Tagapagkaloob ang Kanyang kamay at pinagkakalooban ang lahat Niyang kinapal. Ang mga ibon sa himpapawid ay hindi Niya kinaliligtaan. Hindi Niya sila sinusubuan ng pagkain, subali’t inihahanda Niya ang kanilang mga kailangan. Kailangan nilang tipunin ang mga butil na Kanyang isinabog para sa kanila. Dapat nilang ihanda ang kanilang gagawing pugad. Dapat nilang pakanin ang kanilang mga inakay. Nagsisiyaon sila sa paggawa na nangag-aawitan, sapagka’t “sila’y pinakakain ng inyong Ama sa kalangitan.” At “hindi baga higit ang halaga ninyo kay sa Kanila?” Kayong mga may pag-iisip, at sumasamba ukol sa espiritu, hindi baga higit ang halaga ninyo kay sa mga ibon sa himpapawid? Kung magtitiwala lamang tayo ay hindi baga ibibigay ang ating mga kailangan ng Gumawa sa atin, na Tagapag-ingat ng ating buhay, at Isang nag-anyo sa atin ng ayon sa Kanyang sariling larawan. {PK 171.1}

Mga aral mula sa mga bulaklak

Itinuro ni Kristo sa Kanyang mga alagad ang mga bulaklak sa parang, na nagdadamihan at nag-iinaman sa simpling kagandahang sa kanila’y ibinihis ng Ama, bilang isang pahayag ng Kanyang pag-ibig sa tao. Ang wika Niya: “Wariin ninyo ang mga liryo sa parang kung paanong nagsisilaki.” Ang kagandahan at kaayusan ng mga tunay na bulaklak na ito ay humigit pa sa karilagan ni Salomon. Ang pinakamainam na kasuutan na likha ng katalinuhan ng sining ay hindi maitutulad sa katutubong hubog at masanghayang ganda ng mga bulaklak na ginawa ng Diyos. Itinanong ni Jesus: “Kung pinararamtan ng Diyos ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at sa kinabukasa’y iginagatong sa kalan, hindi baga lalong lalo na kayong pararamtan niya, oh kayong mga taong kakaunti ang pananampalataya?” Mateo 6:28,30. Kung ang Diyos, na banal na pintor, ay nagbibigay sa maiinam at iba’t ibang kulay na karaniwang mga bulaklak, na isang araw lamang ay nalalanta na, gaano kaya kalaki ang pag-iingat Niya roon sa mga linikha Niya ng ayon sa Kanyang sariling wangis? Ang aral na ito ni Kristo ay isang saway sa nangangambang kalooban, sa kagulumihanan at pag-aalinlangan ng pusong walang pananampalataya. {PK 172.1}

Ang nais ng panginoon

Nais ng Panginoon na ang lahat Niyang anak na lalaki at babae ay maging masaya, payapa at masunurin. Sinasabi ni Jesus: “Ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanlibutan ang ibinigay Ko sa inyo: huwag magulumihanan ang inyong puso ni matakot man.” “Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo, upang ang Aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos.” Juan 14:27; 15:11. {PK 173.1}

Ang kasayahang nakukuha sa mga sakim na layunin, na labas sa landas ng tungkulin, ay tiwali, lumilipas at di panatag; ito ay nawawala at ang kaluluwa ay nangungulila at nalulungkot; subali’t may kaligayahan at kasiyahan sa paglilingkod sa Diyos; ang Kristiyano ay hindi pinababayaang mag-isang lumakad sa hindi tukoy na mga landas; hindi siya pinababayaan sa mga walang kabuluhang pagsisisi at pagkabigo. Kung hindi natin

tinatanggap ang mga kaligayahan sa buhay na ito, ay maaari pa ring makaasa tayong may katuwaan sa kabilang buhay. {PK 173.2}

Datapuwa't dito pa man ay maaaring magkaroon ang mga Kristiyano ng kaligayahan sa pakikipag-usap kay Kristo; maaaring tanggapin nila ang liwanag ng Kanyang pag-ibig, ang hindi lumilipas na kaaliwan ng Kanyang pakikiharap. Bawa't hakbang sa kabuhayan ay makapaglalapit sa ating lalo kay Jesus, makapagdudulot sa atin ng lalong taimtim na karanasan sa Kanyang pag-ibig, at mailalapit tayo ng isang hakbang sa pinagpalang tahanan ng kapayapaan. Kaya nga, huwag nating alisin ang ating pagtitiwala, kundi magkaroon tayo ng matibay na pag-asa, lalong matibay kay sa nakaraan. "Hanggang dito'y tinulungan tayo ng Panginoon," at tutulungan Niya tayo hanggang sa wakas. 1 Samuel 7:12. Masdan natin ang mga haliging bantayog, mga tagapagpagunita ng mga ginawa ng Diyos upang tayo'y aliwin at iligtas sa kamay ng manglilipol. Ingatan nating sariwa sa ating alaala ang lahat ng masintahing kaawaan na ipinakita sa atin ng Diyos—ang mga luhang pinahid Niya, ang mga sakit na Kanyang inalis, ang mga pangambang Kanyang hinawi, ang mga kasalatang Kanyang nilunasan, at ang mga pagpapalang Kanyang ipinagkaloob—sa ganito'y napalakas ang ating sarili upang magpatuloy sa nalalabi pang bahagi ng ating paglalakbay. {PK 174.1}

Tutulong sa atin ang diyos

Di natin maiiwasan ang pagtingin sa mga bagong bagabag sa dumarating na paglalabanan, datapuwa't makatitingin tayo sa nakaraan at gayon din sa darating at makapagsasabi: "Hanggang dito'y tinulungan tayo ng Panginoon." "Kung paano ang iyong mga kaarawan ay magkagayon nawa ang iyong lakas." Deuteronomio 33:25. Ang pagsubok ay hindi hihigit sa lakas na ibibigay sa atin upang ito'y mabata. Kung gayo'y gawin natin ang ating gawain saan man natin masumpungan ito, at sumampalataya tayong anuman ang dumating, ay bibigyan tayo ng lakas na kasukat ng pagsubok. {PK 174.2}

At balang araw ay bubuksan ang mga pintuan ng kalangitan upang tanggapin ang mga anak ng Diyos, at mula sa mga labi ng Hari ng kaluwalhatian ay mamumutawi ang pagpapala na aabot sa kanilang mga pakinig, gaya ng pinakamasarap na himig: "Magsiparito kayo, mga pinagpala ng Aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanlibutan." Mateo 25:34. {PK 175.1}

Sa lupang darating

Sa gayo'y magalak na tatanggapin ang mga tinubos sa tahanang inihahanda ngayon ni Jesus. Doon ang mangakakasama nila ay hindi ang mga hamak na tagalupa, mga sinungaling, mapakiapid, marurumi, at hindi sumasampalataya sa Diyos; kundi ang mangakakasama nila ay yaong mga dumaig kay Satanas, at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ay nangagkaroon ng sakdal na likas. Bawa't hilig sa pagkakasala, bawa't kapintasan na nagpapahirap sa kanila sa lupang ito, ay inalis na ng dugo ni Kristo, at ang kadahilanan at kaliwanagan ng Kanyang kaluwalhatian na lumalalo sa liwanag ng araw, ay ibinigay sa kanila. At ang kagandahang moral, ang kasakdalan ng Kanyang likas, ay nagliliwanag sa kanila, na sa kahalagaha'y lalong

higit sa karilagan kay sa kanilang kaluwalhatian. Sila'y mga walang kapintasan sa harapan ng dakila at maputing luklukan, na nakikibahagi sila sa karangalan at karapatan ng mga anghel. {PK 175.2}

Sa harap ng maluwalhating mana na matatamo ay "ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kanyang buhay?" Mateo 16:26. Maaaring siya'y dukha, nguni't siya ay may hawak na isang kayamanan at karangalang hindi kailan man maibibigay ng sanlibutan. Ang kaluluwang natubos at nalinis sa mga kasalanan, at ang mararangal niyang kapangyarihan na itinalaga na sa paglilingkod sa Diyos, ay walang kapantay ang kahalagahan; at may kagalakan sa langit sa harapan ng Diyos at ng mga banal na anghel, dahil sa isang kaluluwang natubos, isang kagalakang binibigkas sa pamamagitan ng mga awit ng banal na tagumpay.

Naghihintay para sa Katapusan



`